ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MARSO 2012

# Liahona



**Pangulong Monson: Naglilibot na Gumagawa ng Mabuti, p. 14**

**Mahalaga ang Inyong Malasakit sa Visiting Teaching, p. 28**

**Ang Unang Tagumpay Ko sa Pagbabahagi ng Ebanghelyo, p. 58**

**Paglagpas ng Pagkakataong Makipagkaibigan, p. 60**



SA KAGANDAHANG-LOOB NG TRUSTEES OF THE WALLACE COLLECTION, LONDON/ART RESOURCE, NEW YORK; HINDI MAAARING KOPYAHIN

*Isaias,* ni Ernest Meissonier

*Itinuro ni Elder Randall K. Bennett ng Pitumpu na dapat tayong makinig na mabuti kapag binabanggit o pinatotohanan ng mga apostol at propeta ang mga sinabi ng iba pang mga apostol at propeta (tingnan sa pahina 42 ng isyung ito). Maraming makabago at sinaunang propeta ang nagpatotoo sa katotohanan ng mga salita ni Isaias, kabilang na sina Nephi (tingnan sa 1 Nephi 15:20), Jacob (tingnan sa 2 Nephi 6:4), at Abinadi (tingnan sa Mosias 14). Gayunman, ang mga salita ni Isaias ay may mas dakila pang tagapagtanggol. Tungkol sa propetang si Isaias, sinabi mismo ng Tagapagligtas sa mabubuting Nephita, "Dakila ang mga salita ni Isaias." Pinayuhan Niya silang "saliksikin ang mga bagay na ito" at saka binigyang-diin na, "Isang kautusan ang ibinibigay ko sa inyo na masigasig ninyong saliksikin ang mga bagay na ito" (3 Nephi 23:1).*




# Liahona, Marso 2012

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Bakit Natin Kailangan ng mga Propeta?**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


14 **Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa sa Mundo Ngayon? Mga Karanasan sa Buhay ni Pangulong Thomas S. Monson**
Ni Heidi S. Swinton
*Isang sulyap sa buhay at paglilingkod ng propeta.*

20 **Ang Kultura ng Ebanghelyo**
Ni Elder Dallin H. Oaks
*Tinuturuan tayo ng Simbahan na iwaksi ang anumang mga tradisyon natin o ng ating pamilya na salungat sa kultura ng ebanghelyo.*

28 **Visiting Teaching: Pag-unawa sa Kapangyarihan ng Paglilingkod**
Ng Relief Society General Presidency
*Matatahak natin ang mas mataas na landas at maipapakita ang ating pagkadisipulo kapag naglingkod tayo sa pamamagitan ng visiting teaching.*

33 ***Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian:* Gumagawa ng Kaibhan**

34 **Isang Panawagan para sa mga Indexer sa Buong Mundo**
Ni Heather F. Christensen


**SA PABALAT**
Harap: Larawang kuha ni Tom Smart, sa kagandahang-loob ng *Deseret News*.
Likod: Larawan sa kagandahang-loob ng LDS Church Archives.

## MGA BAHAGI


8 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre**

10 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Paghahanda para sa Pangkalahatang Kumperensya**
Ni Mark A. Barrionuevo

12 **Ang Ating Paniniwala: Sinasang-ayunan Natin ang Ating mga Pinuno**

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

74 **Mga Balita sa Simbahan**

79 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**


80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pagpapatuloy at Pagsulong**
Ni Michelle Guerra

## MGA YOUNG ADULT




42 **Nagsalita Sila sa Atin: Sundin ang Propeta**
Ni Elder Randall K. Bennett


*Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Tanungin si Benson.*



## MGA KABATAAN


46 **Tuwirang Sagot**

48 **Poster: Pangalagaan ang Inyong Templo**

49 **Taludtod sa Taludtod: Amos 3:7**

50 **Magandang Halimbawa ni Alex**
Ni Michael R. Morris
*Ang magandang halimbawa ni Alex Escobar sa kanyang pamilya ay nakagawa ng walang-hanggang kaibhan.*

52 **Paano Tayo Makikinabang nang Husto sa Pagdalo sa Templo?**
Ni Elder Richard G. Scott
*Mga simpleng mungkahi para maging mas mapitagan ang inyong pagsamba sa templo.*

54 **Mag-isa ngunit Hindi Nag-iisa**
Ni Joshua J. Perkey
*Paano nagkaroon ng lakas si Juan Cabrera ng Ecuador na labanan ang tukso.*

56 **Ang Araw-araw Kong Patotoo**
Ni Stephanie Gudmundsson
*Kung magkakaroon lang ako ng nakaaantig na espirituwal na karanasan—malalaman ko na mayroon akong patotoo.*

57 **Ang Bahaging para sa Atin**

58 **Tunay na Galak**
Ni Melissa Lewis
*Ang pagbabahagi ng ebanghelyo kay Angie ay nakatulong sa kanya—at sa akin.*


## MGA BATA




60 **Ang Pinakamahusay na Manlalaro ng Football**
Ni Angie Bergstrom Miller
*Kung magiging kaibigan ko si Nan, iisipin ng mga kaibigan ko na kakatwa ako.*

62 **Ang Ating Pahina**

63 **Piliin ang Liwanag**
Ni Elder Gerrit W. Gong
*Paano tayo tinutulungan ng ebanghelyo na matagpuan ang liwanag.*

64 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Itinuturo sa Akin ng mga Buhay na Propeta na Piliin ang Tama**

66 **Magpasiya Ngayon Mismo**
Ni Pangulong Thomas S. Monson
*Paano mababago ng inyong pasiya sa araw-araw ang inyong kinabukasan?*

68 **Natutong Maging Matapat si Abu**
Ni Ann P. Smith
*Gustung-gustong kainin ni Abu ang mga biskwit, ngunit hindi kanya iyon.*

69 **Pahinang Kukulayan**

70 **Para sa Maliliit na Bata**

81 **Mga Larawang May Kaugnayan sa Aklat ni Mormon**

**MARSO 2012 TOMO 15 BLG. 3**
**LIAHONA 10483 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Kieth R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Paul VanDenBerghe, Phillip M. Volmar, Marissa A. Widdison, Kendra Crandall Williamson, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Thomas S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
March 2012 Vol. 15 No. 3. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online Liahona.lds.org










## PARA SA MATATANDA

Nakinig si Brother Barrionuevo sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya habang naglalakad papunta sa paaralan (tingnan sa pahina 10). Maaari din ninyong i-download ang audio version ng mga mensahe sa **conference.lds.org.**

## PARA SA MGA KABATAAN

Magagamit ninyo ang kahusayan ninyo sa computer para tumulong sa family history. Tingnan sa "Isang Panawagan para sa mga Indexer sa Buong Mundo" sa pahina 34 at bisitahin ang **indexing.familysearch.org.**

## PARA SA MGA BATA

Sa isang buwan na ang pangkalahatang kumperensya! (Tingnan sa pahina 64.) Paghandaan iyon sa pamamagitan ng pagbisita sa **conferencegames.lds.org.**

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *57*
***Banal na kasulatan, mga,*** *4, 57*
***Banal na katangian,*** *7, 20*
***Espiritu Santo,*** *20, 42, 62, 70, 72*
***Family history,*** *34*
***Gawaing misyonero,*** *40, 41, 50, 57, 58*
***Gawain sa templo,*** *38,52, 57*
***Halimbawa,*** *50*
***Ikapu,*** *20*
***Kababaihan,*** *7*
***Kabaitan,*** *60*
***Kalayaan,*** *66*
***Kasal, pag-aasawa,*** *20*
***Katapatan,*** *68*
***Katawang pisikal,*** *48*
***Pag-asa sa sarili,*** *42*
***Pagkadisipulo,*** *7*
***Paglilingkod,*** *14, 39*
***Pagpapala, mga,*** *8*
***Pagsang-ayon,*** *12*
***Pagsisisi,*** *9, 46, 80*
***Pagsunod,*** *20, 42, 66*
***Pamantayan, Wmga,*** *54*
***Pamilya,*** *20, 50*
***Pangkalahatang kumperensya,*** *4, 8, 10, 12, 64, 69*
***Patotoo,*** *56, 58*
***Propeta, mga,*** *4, 14, 42, 49, 64, 73*
***Relief Society,*** *28*
***Sakramento,*** *47*
***Sakripisyo,*** *80*
***Tradisyon, mga,*** *20*
***Visiting teaching,*** *28*

# BAKIT NATIN KAILANGAN NG MGA Propeta?

**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan



Dahil mahal ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak, hindi Niya sila pinatahak sa mortal na buhay na ito nang walang direksyon at patnubay. Ang mga turo ng ating Ama sa Langit ay hindi ordinaryo, di-madaling unawain, at di-karaniwang klase na makukuha ninyo sa aklat na manipis ang pabalat sa bookstore sa inyong lugar. Ang mga ito ay karunungan ng isang selestiyal na Nilalang na makapangyarihan at nakaaalam sa lahat at nagmamahal sa Kanyang mga anak. Nababalot sa Kanyang mga salita ang pinakamalaking sikreto—ang susi sa kaligayahan sa buhay na ito at sa mundong darating.







Inihayag ng Ama sa Langit ang karunungang ito sa Kanyang mga anak sa lupa sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod na propeta (tingnan sa Amos 3:7). Mula pa noong panahon ni Adan, nangusap na ang Diyos sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng hinirang na mga propeta na inatasang ihayag ang Kanyang kalooban at payo sa iba. Ang mga propeta ay mga inspiradong guro at natatanging saksi ni Jesucristo sa tuwina (tingnan sa D at T 107:23). Hindi lamang nagsasalita ang mga propeta sa mga tao sa kanilang panahon, kundi maging sa mga tao sa lahat ng panahon. Umaalingawngaw ang kanilang mga tinig sa pagdaan ng mga siglo bilang habilin ng kalooban ng Diyos sa Kanyang mga anak.

Ang ngayon ay hindi naiiba sa mga nakaraang panahon. Mahal ng Panginoon ang mga tao sa ating panahon katulad noon. Ang isa sa maluluwalhating mensahe ng Panunumbalik ng Simbahan ni Jesucristo ay na ang Diyos ay patuloy na nangungusap sa Kanyang mga anak! Hindi Siya nagtatago sa kalangitan kundi nangungusap ngayon katulad ng ginawa Niya noong unang panahon.

Karamihan sa inihahayag ng Panginoon sa Kanyang mga propeta ay nilayon na hindi tayo malungkot bilang mga tao at bilang mga lipunan. Kapag nangusap ang Diyos, ginagawa Niya ito upang turuan, bigyang-inspirasyon, patinuin, at balaan ang Kanyang mga anak. Kapag hindi pinansin ng mga tao at lipunan ang tagubilin ng kanilang Ama sa Langit, malamang na magkaroon sila ng pagsubok, paghihinagpis, at paghihirap.

Mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang anak. Kaya nga Siya nagsusumamo sa atin sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Katulad ng nais natin ang pinakamainam para sa ating mga mahal sa buhay, nais din ng Ama sa Langit ang pinakamainam para sa atin. Kaya nga napakahalaga at kung minsan ay napakahigpit ng Kanyang mga tagubilin. Kaya nga hindi Niya tayo tinatalikuran ngayon kundi patuloy Niyang inihahayag ang Kanyang kalooban sa atin sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Ang kapalaran natin at ng ating mundo ay nakasalalay sa ating pakikinig at pagsunod sa inihayag na salita ng Diyos sa Kanyang mga anak.

Ang walang-katumbas na mga tagubilin ng Diyos sa sangkatauhan ay matatagpuan sa Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Bukod pa rito, nangungusap sa atin ang Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, tulad ng gagawin Niyang muli sa darating na pangkalahatang kumperensya.

Sa lahat ng nag-iisip kung nangyayari nga ang gayon —na maaaring magtanong, "Posible bang mangusap sa atin ang Diyos ngayon?"—buong puso ko kayong



inaanyayahan na "pumarito ka[yo] at tingnan [ninyo]" (Juan 1:46). Basahin ang salita ng Diyos na matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Pakinggan ang pangkalahatang kumperensya na may taingang handang makinig sa tinig ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta sa mga huling araw. Halina, makinig, at alamin nang buong-puso! Sapagkat kung maghahanap kayo "nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, . . . ipaaalam [ng Diyos] ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Moroni 10:4). Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito, alam ko na si Jesucristo ay buhay at pinamamahalaan ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng isang buhay na propeta, maging si Pangulong Thomas S. Monson.

Mga kapatid, talagang nangungusap ang Diyos sa atin ngayon. At nais Niya na lahat ng Kanyang anak ay makinig at sumunod sa Kanyang tinig. Kung gagawin natin ito, labis tayong pagpapalain at tutulungan ng Panginoon, kapwa sa buhay na ito at sa mga daigdig na darating. ■

*NILIBAK ANG PANGANGARAL NI NOE*, NI HARRY ANDERSON © IRI; *HUMARAP SI ABINADI KAY HARING NOE*, NI ARNOLD FRIBERG © 1951 IRI; *NANGANGARAL SI JUAN BAUTISTA*, NI DEL PARSON © 1984 IRI

## NAGSASALITA NGAYON ANG MGA PROPETA AT APOSTOL

Walang humpay ang banal na gawain ng mga propeta at apostol. Sa pagitan ng mga pangkalahatang kumperensya, patuloy ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol sa pagtuturo at paglilingkod sa mundo. Idinodokumento ng Nagsasalita Ngayon ang mga Propeta at Apostol, isang bahagi ng LDS.org, ang patuloy na paglilingkod ng mga pinunong ito ng Simbahan sa mga video, retrato, at artikulo (makukuha sa ilang wika).

Matuto sa kanila tungkol sa kanilang paglilingkod. Pakinggan at basahin ang kanilang mga patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Tingnan at basahin ang kanilang mga mensahe ng pagmamahal at pag-asa sa mga miyembro saanman sila magpatotoo, sa headquarters man ng Simbahan sa Salt Lake City o sa pagtupad nila sa tungkulin sa iba't ibang panig ng mundo.

Bisitahin ang **lds.org/study/prophets-speak-today** para malaman ang iba pa tungkol sa mga propeta at apostol na nagsasalita ngayon.

## MGA KABATAAN

### Pinamumunuan ng Isang Buhay na Propeta

Ni Christy Ripa


Noong 16 na taong gulang ako, nagkaroon ako ng oportunidad na personal na dumalo sa pangkalahatang kumperensya sa unang pagkakataon. Nakatira ang pamilya ko sa kanlurang Oregon, USA, at nagbiyahe kami papuntang Utah para dumalo sa kumperensya at ihatid ang kuya ko sa missionary training center.


Nagpunta ako sa kumperensya na may hangaring maturuan ng Espiritu Santo. Dahil dito, tumanggap ako ng paramdam ng Espiritu na malamang na hindi ko natanggap kung hindi ko inihanda ang aking sarili.

Sa isa sa mga sesyon, lahat ay tumayo at kumanta ng himno ng kongregasyon na, "Gabayan Kami, O Jehova." Habang kumakanta kami, may malinaw na impresyon sa akin na ilibot ko ang aking paningin sa Conference Center. Ginawa ko iyon at nagulat ako sa lakas ng pagkakaisa ng libu-libong taong naroon habang umaawit kami ng papuri sa Diyos.

Pagkatapos ay nadama ko na para akong si Nephi nang makita niya sa pangitain ang punungkahoy ng buhay, dahil sinabi sa akin ng Espiritu, "Tingnan [mo]" (tingnan sa 1 Nephi 11–8). Tiningnan ko si Pangulong Thomas S. Monson at nadama ko na may pagkakaisa sa Simbahan dahil tayo ay pinamumunuan ng isang buhay na propeta. Sa pamamagitan ng patotoo ng Banal na Espiritu, alam ko na si Pangulong Monson ay totoong propeta sa ating panahon, at alam ko na pinamumunuan ni Jesucristo ang Simbahang ito sa pamamagitan niya.

## MGA BATA


***Noe***
Kumanan


***Moises***
Bumaba


***Mormon***
Kumaliwa


***Moroni***
Kumaliwa


***Juan Bautista***
Kumanan


***Pedro***
Kumanan



***Joseph Smith***
Tumaas


***Pangulong Thomas S. Monson***
Tumaas

### Sumasaya Ako sa Pagsunod sa Propeta

Binigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga propeta na gagabay at magtuturo sa atin para maging masaya tayo.

Hanapin ang inyong daan sa maze sa pagsunod sa mga tagubiling ibinigay ng bawat propeta. Itugma ang bawat larawan sa maze sa ibang nasa listahan sa itaas na nagsasabi sa inyo kung saan pupunta.




MULA KALIWA: DETALYE MULA SA *NILIBAK ANG PANGANGARAL NI NOE*, NI HARRY ANDERSON © IRI; *SI MOISES ANG TAGAPAGBIGAY NG BATAS*, NI TED HENNINGER © IRI; DETALYE MULA SA *PINAIKLI NI MORMON ANG MGA TALAAN SA LAMINA AT IBINABAON NI MORONI ANG MGA LAMINA*, NI TOM LOVELL © IRI; DETALYE MULA SA *IHANDA ANG DAAN*, NI HARRY ANDERSON © PACIFIC PRESS PUBLISHING ASSOCIATION, HINDI MAAARING KOPYAHIN; DETALYE MULA SA *SIYA AY NAGBANGON*, NI DAN BURR; DETALYE MULA SA *PROPETA NG PANGINOON*, NI DAVID LINDSLEY, HINDI MAAARING KOPYAHIN

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang kababaihan sa inyong lugar at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

# Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian

Tayo ay mga anak na babae ng ating Ama sa Langit. Kilala Niya tayo, mahal Niya tayo, at may plano Siya para sa atin. Bahagi ng planong iyan ang pagparito sa lupa para matutong pumili ng mabuti sa masama. Kapag pinili nating sundin ang mga utos ng Diyos, iginagalang natin Siya at kinikilala natin ang ating pagkatao bilang mga anak ng Diyos. Tinutulutan tayo ng Relief Society na maalala ang banal na pamanang ito.

Ang Relief Society at ang kasaysayan nito ay nagpapalakas at sumusuporta sa atin. Sabi ni Julie B. Beck, Relief Society general president: "Bilang mga anak ng Diyos, kayo ay naghahanda para sa mga walang hanggang paghirang, at bawat isa sa inyo ay may pagkakakilanlan, likas na katangian, at responsibilidad. Ang tagumpay ng mga pamilya, ng komunidad, ng Simbahang ito, at ng mahalagang plano ng kaligtasan ay nakasalalay sa inyong katapatan. . . . Nilayon [ng ating Ama sa Langit na] tumulong ang Relief Society na mapatatag ang Kanyang mga tao at ihanda sila para sa mga pagpapala ng templo. Itinatag Niya ang [Relief Society] upang iayon ang Kanyang mga anak na babae sa Kanyang gawain at hingin ang kanilang tulong sa pagtatayo ng Kanyang kaharian at pagpapatatag ng mga tahanan sa Sion."[1]

Binigyan tayo ng ating Ama sa Langit ng partikular na gawaing tumulong sa pagtatayo ng Kanyang kaharian. Pinagkalooban din Niya tayo ng mga espirituwal na kaloob na kailangan natin upang maisakatuparan ang partikular na gawaing ito. Sa pamamagitan ng Relief Society, may mga pagkakataon tayong gamitin ang ating mga kaloob upang patatagin ang mga pamilya, tulungan ang mga nangangailangan, at matuto kung paano mamuhay bilang mga disipulo ni Jesucristo.

Sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang



Panguluhan, tungkol sa pagkadisipulo: "Sa matiyagang pagtahak sa landas ng pagkadisipulo, ipinapakita natin sa ating sarili ang lakas ng ating pananampalataya at ang ating kahandaang tanggapin ang kalooban ng Diyos sa halip na ang sa atin."[2]

Alalahanin natin na tayo ay mga anak ng Diyos at sikapin nating mamuhay bilang Kanyang mga disipulo. Kapag ginawa natin ito, makakatulong tayong maitayo ang kaharian ng Diyos dito sa lupa at magiging karapat-dapat tayong bumalik sa Kanyang kinaroroonan.

### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Zacarias 2:10; Doktrina at mga Tipan 25:1, 10, 16; 138:38–39, 56; "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" (*Liahona,* Nob. 2010, 129)

### *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Paano ko matutulungan ang mga miyembrong babae na maabot ang kanilang potensyal bilang mga anak ng Diyos?

**2.** Paano ko maipamumuhay ang payo at mga babalang ibinigay sa kababaihan sa Doktrina at mga Tipan 25?

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### *Mula sa Ating Kasaysayan*

Noong Abril 28, 1842, sinabi ni Propetang Joseph Smith sa kababaihan ng Relief Society: "Nasa sitwasyon kayo ngayon na makakakilos kayo ayon sa pagdamay na iyon sa kapwa na itinanim ng Diyos sa [inyo]. . . . Kung magiging marapat kayo sa inyong mga pribilehiyo, hindi mapipigilan ang mga anghel na makihalubilo sa inyo."[3]

Sa pagkilala sa bisa ng Relief Society sa paglilingkod sa iba at pagtulong sa mga tao na mag-ibayo ang pananampalataya, ipinangako ni Zina D. H. Young, ikatlong Relief Society general president, sa kababaihan noong 1893, "Kung susuriin ninyo ang kaibuturan ng inyong puso matatagpuan ninyo, sa tulong ng Espiritu ng Panginoon, ang mahalagang perlas, ang patotoo sa gawaing ito."[4]

**MGA TALA**

1. Julie B. Beck, "'Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian': Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society," *Liahona,* Nob. 2010, 112, 114.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Ang Landas Tungo sa Pagkadisipulo," *Liahona,* Mayo 2009, 76.
3. Joseph Smith, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith,* 529, 532.
4. Zina D. H. Young, "How I Gained My Testimony of the Truth," *Young Woman's Journal,* Abr. 1893, 319.

Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH © IRI

# Notebook ng **Kumperensya ng Oktubre**

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

Habang pinag-aaralan ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2011, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) para malaman at maiangkop ninyo ang mga huling turo ng mga buhay na propeta at apostol.




**MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA**

## Ang Gintuang Tiket

"May isang babaeng walang ibang ninais kundi ang makasal sa templo sa isang mabuting maytaglay ng priesthood at maging isang ina at kabiyak. Pinangarap niya ito sa buong buhay niya, at ah, siya ay magiging mabuting ina at mapagmahal na asawa. Ang kanyang tahanan ay mapupuno ng pag-ibig at kabutihan. Walang masamang salita ang masasambit dito. Walang pagkaing masusunog. At ang kanyang mga anak, sa halip na makibarkada sa kanilang mga kaibigan, ay mas gugustuhing makasama ang kanilang Inay at Itay tuwing gabi at katapusan ng linggo.

"Ito ang kanyang gintuang tiket. Ito ang isang bagay kung saan sa pakiramdam niya ay nakasalalay ang kanyang buong buhay. Ito ang isang bagay sa buong mundo na pinanabikan niyang dumating.

"Ngunit hindi ito nangyari kailanman. At, sa paglipas ng mga taon, lalo pa siyang lumayo sa karamihan, sumama ang loob, at nagalit pa. Hindi niya maunawaan kung bakit ayaw ipagkaloob sa kanya ng Diyos ang kanyang mabuting naisin.

"Naging guro siya sa elementarya, at ang makasama ang mga bata sa buong maghapon ay nagpaalala lang sa kanya na hindi lumitaw kailanman ang kanyang gintuang tiket. Sa pagdaan ng mga taon lalong sumama ang kanyang loob at lumayo siya sa karamihan. Ayaw siyang makasama ng mga tao at iniwasan siya hangga't maaari. Pinagbuntunan pa niya ng galit ang mga bata sa paaralan. . . .

"Ang malungkot sa kuwentong ito ay na ang babaeng ito, sa kabiguang makamtan ang kanyang gintuang tiket, ay hindi napansin ang mga pagpapalang *mayroon* siya. Wala nga siyang anak sa kanyang tahanan, ngunit nakapaligid ang mga ito sa kanya sa klase. Hindi siya pinagpalang magkapamilya, ngunit binigyan siya ng isang pagkakataon ng Panginoon na iilang tao lang ang mayroon—pagkakataong impluwensyahan sa kabutihan ang buhay ng daan-daang bata at pamilya bilang guro.

"Ang aral dito ay kung gugugulin natin ang ating panahon sa paghihintay sa magagandang rosas, lalagpasan tayo ng kagandahan ng maliliit na forget-me-not na nasa ating paligid."


**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Huwag Mo Akong Kalimutan," *Liahona,* Nob. 2011, 121–22.**

### Mga tanong na pag-iisipan:

- Ano ang maaaring maging inyong "gintuang tiket," at paano ito hinahadlangan ang inyong kakayahang makita ang mga pagpapalang mayroon na kayo?
- Anong "maliliit na forget-me-not" ang maaaring hindi ninyo napapansin sa inyong buhay?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa isang journal o talakayin ang mga ito sa iba.

Mga karagdagang sanggunian sa paksang ito: Pag-aralan ayon sa Paksa sa LDS.org, "Gratitude"; Dieter F. Uchtdorf, "Kaligayahan, ang Inyong Pamana," *Liahona,* Nob. 2008, 117–20.



Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY; LARAWAN NG FORGET-ME-NOTS NA KINUNAN NI BRET DALTON; IBA PANG MGA LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY

## Pinakamamahal

"Bawat isa sa atin ay mas mahal ng Panginoon kaysa kaya nating unawain o wariin. Kung gayon ay maging mas mabait tayo sa isa't isa at sa ating sarili."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Paghihintay sa Panginoon: Mangyari Nawa ang Iyong Kalooban," *Liahona,* Nob. 2011, 73.**

## Pangako ng Isang Propeta

"Sa sandaling mapag-aralan ninyo ang mga doktrina at tuntunin ng pagkakawanggawa ng Simbahan, hangaring gawin ang natutuhan ninyo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga taong nasa ilalim ng inyong pangangasiwa. Ibig sabihin, sa maraming pagkakataon, kayo mismo ang kailangang umalam kung paano gagamitin ang mga ito. . . .

". . . Kailangang gawin ninyo sa inyong lugar ang ginagawa ng mga disipulo ni Cristo sa bawat dispensasyon: payuhan ang isa't isa, gamitin ang lahat ng makukuhang tulong, hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo, hingin ang pagsang-ayon ng Panginoon, at ihanda ang sarili at kumilos o magtrabaho.

"Ipinapangako ko sa inyo na kung tutularan ninyo ang paraang ito, kayo ay makatatanggap ng gabay o patnubay sa *kung sino ang tutulungan, ano ang itutulong, kailan,* at *saan* tutulong sa paraan ng Panginoon."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Pagtulong sa Paraan ng Panginoon," *Liahona,* Nob. 2011, 55.**

## *Inaanyayahan Kayo*

"Inaanyayahan ko

*Sino:* "ang mga kabataan ng Simbahan

*Ano:* "na matutuhan at maranasan ang Diwa ni Elias.

*Paano:* "Hinihikayat ko kayong mag-aral, na saliksikin ang inyong mga ninuno, at ihanda ang inyong sarili na magpabinyag sa bahay ng Panginoon para sa *inyong* mga namatay na kaanak."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob," *Liahona,* Nob. 2011, 26.**

**SULOK NG PAG-AARAL**

# Mga Paghahambing: Pagsisisi

Ang mga tagapagsalita sa kumperensya kadalasan ay nagtuturo ng ilan sa mga alituntuning ito. Narito ang sinabi ng apat na tagapagsalita tungkol sa pagsisisi. Sikaping maghanap ng iba pang mga paghahambing habang pinag-aaralan ninyo ang mga mensahe sa kumperensya.

- "Kung nagkamali ang sinuman sa inyo sa inyong buhay, gusto kong maunawaan ninyo nang walang pag-aalinlangan na may paraan pabalik. Ito ang tinatawag na pagsisisi."[1]—Pangulong Thomas S. Monson
- "Maaaring minsan ay naiisip ninyo na hindi kayo karapat-dapat iligtas dahil nagkasala kayo, malaki man o maliit, at inaakala ninyong naligaw na kayo ng landas. Hindi iyan totoo *kailanman*! Tanging sa pagsisisi mapagagaling ang dinaramdam natin."[2]—Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol
- "Sinuman kayo at anuman ang nagawa ninyo, mapapatawad kayo. . . . Ito ang himala ng kapatawaran; ang himala ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo."[3]—Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol
- "Sa pamamagitan ng pagsisisi lamang natin nakakamtan ang biyaya ng pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang kaligtasan. Ang pagsisisi ay isang banal na kaloob, at dapat ay may ngiti sa ating mukha kapag pinag-uusapan natin ito."[4]—Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol

### Mga Tala

1. Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa," *Liahona,* Nob. 2011, 62.
2. Boyd K. Packer, "Payo sa Kabataan," *Liahona,* Nob. 2011, 18.
3. Jeffrey R. Holland, "Tayong Lahat ay Kabilang," *Liahona,* Nob. 2011, 45.
4. D. Todd Christofferson, "Ang Banal na Kaloob na Pagsisisi," *Liahona,* Nob. 2011, 38.

# PAGHAHANDA PARA SA **PANGKALAHATANG KUMPERENSYA**

*Nalaman ng aming pamilya na ang pag-aaral ng pangkalahatang kumperensya ay makapag-aanyaya sa Espiritu sa ating buhay sa araw-araw.*

**Ni Mark A. Barrionuevo**

Nalaman namin ng aking pamilya na ang pinakamainam na paraan ng paghahanda para sa susunod na pangkalahatang kumperensya ay sa pamamagitan ng lubos nating pagsunod sa payong ibinigay sa nakaraang kumperensya. Kapag may oras ang aking asawa, binabasa niya ang isyu ng kumperensya sa *Liahona*. Pagkatapos ay sinisikap niyang ipamuhay ang mga turong natututuhan niya. Halimbawa, sinabi niya sa akin na ang mensahe ni Elder David A. Bednar tungkol sa pagdarasal nang mas makahulugan ay nakatulong sa kanya na mas taimtim na hangaring ibigin ang kapwa sa pagpapalaki sa dalawa naming anak na lalaking mahirap sawayin.[1]

Sinisikap ko ring repasuhin ang huling kumperensya. Habang naglalakad papunta sa paaralan tuwing umaga, nakikinig ako sa isang mensahe at saka ako nagninilay-nilay at nagdarasal, na tinutulutan ang mga turo ng mga propeta na manatili sa aking puso't isipan. Kinakausap ko ang Ama sa Langit tungkol sa gagawin ko sa maghapon at sa mga responsibilidad ko bilang asawa, ama, Banal sa mga Huling Araw, estudyante, at mamamayan.

Isang umaga nadama ko na nauukol ang mensahe ni Elder L. Tom Perry na "Gawin Niya Ito nang Simple" sa sitwasyon ko.[2] Iniangkop ni Elder Perry ang mga tuntuning itinuro ni Henry David Thoreau sa *Walden* sa pagpapasimple ng ating buhay sa pamamagitan ng pagpapaibayo ng espirituwalidad at pagtatamo ng kapanatagan mula sa mga problema ng mundo. Dahil sa mga pangangailangan ko sa pag-aaral, mahalaga at bihira ang pamamasyal sa aming pamilya. Gayunman, isang tag-init bago ang mensahe ni Elder Perry, binisita namin ang Walden Pond, at nagnilay-nilay kami sandali sa loob ng muling itinayong bahay ni Thoreau. Ginugol namin ang hapong iyon sa pagtatampisaw sa Walden Pond at pagtatayo ng mga kastilyong buhangin sa dalampasigan. Nang makauwi na kami, pinasalamatan ng aming pamilya ang Ama sa Langit para sa Kanyang mga nilikha na nagpasaya sa aming lahat.

Pagkaraan ng ilang buwan habang naglalakad ako sa mga bangketang puno ng niyebe, naalala ko ang masayang araw na iyon noong tag-init. Dahil sa karanasang iyon at sa mensahe ni Elder Perry, mas malinaw kong naunawaan kung gaano kahalaga ang pag-uukol ng panahon sa aking pamilya sa pamumuhay na sadyang nakasentro sa ebanghelyo.

Bukod pa sa pakikinig sa mga mensahe nang mag-isa, tuwing Linggo ng umaga ay nakikinig ang aming pamilya sa isang mensahe sa kumperensya sa aming computer habang naghahanda kaming magsimba. Minsan nakita pa naming mag-asawa ang apat-na-taong-gulang naming anak na pinatatahimik ang nakababata niyang kapatid para marinig niya si Pangulong Thomas S. Monson.

Ang mga turo ng ating Tagapagligtas sa pamamagitan ng bibig ng mga makabagong propeta ay isang pagpapala sa aming pamilya. Ang paghahangad na isama ang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa ating buhay sa araw-araw ay nakapagbukas ng daan para maging palagiang gabay namin ang Espiritu Santo.

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER




Tunay ngang inuulit namin ang mga titik ng himno: "Salamat, O Diyos, sa aming propeta."[3]

Sa madalas na pag-aaral ng payo na ibinigay sa pangkalahatang kumperensya, mas nag-ibayo ang pag-unawa naming mag-asawa sa nakaraang mga turo ng Panginoon hanggang sa sumapit ang susunod na pangkalahatang kumperensya. Sumisigla ang aming espiritu at mas lubos kaming nagiging handang tanggapin ang Kanyang kasalukuyang mga turo sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod na propeta. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa David A. Bednar, "Laging Manalangin," *Liahona,* Nob. 2008, 41–44.
2. Tingnan L. Tom Perry, "Gawin Niya Ito nang Simple," *Liahona,* Nob. 2008, 7–10.
3. "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta," *Mga Himno,* blg. 15.

## PAGTUTUON SA KUMPERENSYA

Bukod pa sa pag-aaral ng nakaraang mga mensahe sa kumperensya, isipin ang mga ideyang ito na makakatulong sa inyo na matuto mula sa kasalukuyang kumperensya:

- Manalangin at mag-ayuno upang makatanggap ng mga sagot sa inyong mga panalangin sa pamamagitan ng mga mensahe ng mga tagapagsalita.
- Magpunta sa kumperensya nang may partikular na mga tanong sa isipan.
- Tapusin ang lahat ng gawain, pamimili, at iba pang dapat gawin bago magkumperensya para makatuon kayo sa pakikinig.
- Magpahinga nang husto sa mga gabi bago ang kumperensya para maging handang tumanggap ng inspirasyon ang inyong isipan.
- Itala ang mga impresyon, panghihikayat, at kaalamang natanggap ninyo.

## KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PAKSANG ITO

Ang sumusunod na mga artikulo ay makikita sa LDS.org:

1. Paul V. Johnson, "Ang mga Pagpapala ng Pangkalahatang Kumperensya," *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2005, 50–52.
2. "Preparing Our Children for General Conference," *Ensign,* Marso 2009, 23–27.

# SINASANG-AYUNAN NATIN ANG ATING mga Pinuno

Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw na si Jesucristo ang pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa pamamagitan ng inspirasyon, tinatawag Niya ang mga propeta at apostol na mamuno sa Kanyang Simbahan. Binigyan ng Panginoon ng awtoridad ang mga pinunong ito na tumawag ng iba na maglilingkod sa Simbahan, tulad ng mga miyembro ng Pitumpu. Tumatawag ang mga Apostol at Pitumpu ng mga stake president, na tumatawag naman ng mga bishop, na tumatawag ng mga miyembrong maglilingkod sa iba't ibang tungkulin sa kanilang ward. Sa gayon ginagabayan ng awtoridad ng priesthood at ng paghahayag ang pagtawag mula sa mamumuno sa buong Simbahan hanggang sa mga lokal na kongregasyon.

May pagkakataon tayong sang-ayunan—suportahan, tulungan, ipagdasal—ang bawat isa sa mga taong ito sa kanilang mga tungkulin. Ipinahihiwatig natin ang ating kahandaang gawin ito sa pamamagitan ng pagtataas ng ating kanang kamay kapag binasa sa atin ang kanilang mga pangalan sa pangkalahatang kumperensya, stake conference, ward conference, o sacrament meeting. Ang pagtataas ng ating kamay ay isang tanda sa atin, sa kanila, at sa Panginoon na susuportahan natin sila.

Ang pagtataas ng ating kamay para sang-ayunan ang isang tao ay hindi kagaya ng pagboto sa taong iyon sa katungkulan. Tinawag na siya ng Panginoon na maglingkod sa tungkuling iyon sa pamamagitan ng isang taong may awtoridad ng priesthood na magbigay ng gayong tungkulin. Ang pagsang-ayon natin ay pagbibigay ng tiwala sa taong iyon, dahil kinikilala natin na siya ay tinawag ng Diyos sa pamamagitan ng mga lider ng priesthood na sinasang-ayunan natin.

Maaari nating suportahan ang mga General Authority at ang ating mga lokal na pinuno at opisyal sa ilang paraan:

- Sa pamamagitan ng ating pananampalataya at mga panalangin para sa kanila.
- Sa pagsunod sa kanilang payo.
- Sa pagtulong kapag hinilingan nila tayo.
- Sa pagtanggap ng mga tungkuling ibinibigay nila sa atin.

Ang pagsuporta sa ating mga pinuno ay katibayan ng ating kabutihan, pananampalataya, at pakikipagkapatiran. ■

IBABA: LARAWANG KUHA NI JOHN LUKE; KANAN: LARAWANG KUHA NI LESLIE NILSSON; MGA PAGLALARAWAN NINA CRAIG DIMOND AT WELDEN C. ANDERSEN



*1. Sinusuportahan natin ang mga General Authority ng Simbahan.*



*2. Maipapakita natin, sa pagtataas ng ating kamay, na susuportahan natin ang ating mga lokal na pinuno at iba pang tinawag na maglingkod sa atin.*



*3. Sinusuportahan natin ang ating mga pinuno sa pamamagitan ng pagsunod sa kanilang payo.*







*4. Sinusuportahan natin ang ating mga pinuno sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga tungkulin, dahil ang mga tungkulin ay ibinibigay sa atin "ng mga yaong may karapatan" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5).*

---

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), kabanata 24; at *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (2011), kabanata 6.



*5. Sinusuportahan natin ang ating mga pinuno sa pamamagitan ng pagdarasal para sa kanila (tingnan sa D at T 107:22).*

"Tutuparin ninyong lahat ang pangako sa Panginoon at sa bawat isa sa pamamagitan ng pagtataas ninyo ng kamay, at sasang-ayunan at itataguyod [ninyong lahat] ang mga pinunong ito sa lahat ng iba't ibang samahan, mula sa una hanggang sa huli, na . . . gagawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya upang makatulong sa kanila, upang makinabang sila, pagpalain, at mahikayat sila sa mabuting gawa kung saan sila abala."


**Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 264.**



KALIWA: LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG LDS CHURCH ARCHIVES; KANAN: *MGA LARAWANG KUHA NINA TOM SMART, STUART JOHNSON, AT GERRY AVANT, SA KAGANDAHANG-LOOB NG DESERET NEWS*; LARAWAN SA PANGKALAHATANG KUMPERENSYA NA KUHA NI CRAIG DIMOND

# Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa sa Mundo Ngayon?

## MGA KARANASAN SA BUHAY NI PANGULONG THOMAS S. MONSON









***Kaliwa: Si Pangulong Monson—na noon ay Elder Monson—sa hagdan ng Church Administration Building noong 1967. Ibabaw, mula itaas: Sa kanyang tanggapan noong 2011; kasama si Elder M. Russell Ballard sa groundbreaking ng Joseph F. Smith Building sa Brigham Young University noong 2002; sa muling paglalaan ng Laie Hawaii Temple noong 2010; kasama ang asawa niyang si Frances, pagkatapos ng pangkalahatang kumperensya noong Abril 2008.***

**Ni Heidi S. Swinton**

Naglilingkod kami ng asawa ko, na noon ay pangulo ng England London South Mission, nang tumunog ang telepono noong Hunyo 18, 2008. Si Pangulong Thomas S. Monson iyon. Nagsalita siya sa karaniwan niyang magiliw na paraan, na isa sa mga katangian ng kanyang paglilingkod: "Kumusta na ang misyon? Kumusta na ang pamilya mo? Kumusta na ang masayang England?" At pagkatapos ay tumigil siya at nagsabing, "Nagkausap na kami ni Frances, ipinagdasal ko na ito, at gusto kong isulat mo ang talambuhay ko."

Hindi na kailangang sabihin pa na karangalan ko iyon at agad akong nag-alala. Pagkatapos ay iminungkahi niya na kung masimulan ko iyon kinabukasan ng umaga, mangangalahati na ako pag-uwi namin. May isang taon pa kami sa tatlong-taon naming tungkulin.

Itinuro ni Pangulong Monson, "Sinuman ang tawagin ng Panginoon, ginagawa Niyang karapat-dapat."[1] Pinasasalamatan ko ang pangakong iyon.

Paano ninyo isusulat ang buhay ng isang propeta? Magsisimula kayo sa pagluhod at hindi sa keyboard.

Maaga kong nalaman na hindi ito isang karaniwang talambuhay na nagbabalangkas ng mga petsa, oras, lugar, at paglalakbay. Salaysay iyon tungkol sa isang taong inihanda bago pa nilikha ang mundo at tinawag ng Diyos "upang patnubayan tayo sa mga huling araw na ito."[2] *Nakapagpapakumbaba* ang pinakamagandang paglalarawan dito. *Nakakatakot, mahirap,* at *nakakapagod* ang kasunod nito.

Sabi ng Panginoon, "Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38). Sinimulan ko iyon sa pakikinig sa pagsasalita ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang propeta mula nang matawag si Thomas S. Monson sa banal na pagka-apostol noong 1963. Gumugol ako ng ilang buwan sa pagbabasa ng daan-daang mensahe ni Pangulong Monson sa iba't ibang lugar. Binasa ko ang mga talambuhay ng lahat ng Pangulo ng Simbahan at ng maraming kilalang pinuno ng relihiyon. Pinag-aralan ko ang sinaunang Simbahan sa Scotland, Sweden, at England, kung saan nagmula ang mga ninuno ni Pangulong Monson; ang panahon ng Depression na lubhang nakaimpluwensya sa kanyang kabataan; at ang Ikalawang Digmaang





***Itaas: Isang larawan ni Pangulong Monson noong 1960s. Ibabaw: Kasama ang mga miyembro at misyonero sa Germany. Ibaba, mula kaliwa: Bilang bishop ng Sixth–Seventh Ward kasama ang kanyang mga tagapayo; kausap ang Boy Scouts; bumibisita sa Tongan Mission noong 1965.***

Pandaigdig at mga bunga nito sa nahating Germany. (Gumugol ng 20 taon si Pangulong Monson sa pamamahala sa lugar na ito ng Simbahan.) Binasa ko ang kanyang sariling talambuhay na inihanda noong 1985 para lamang sa kanyang pamilya at kalaunan ay ang pang-araw-araw niyang journal na isinulat sa loob ng 47 taon. Ininterbyu ko ang mga pinuno ng Simbahan na nakatrabaho niya sa maraming bahagi ng mundo at mga miyembrong lubos na naantig ng kanyang paglilingkod. Pinatulong ko ang isang mahal na kaibigan at history scholar na si Tricia H. Stoker sa pagsasaliksik. Nakapaglingkod na siya sa mga komite sa pagsusulat ng ilang manwal na *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* at naunawaan niya kung paano magsaliksik tungkol sa buhay ng isang propeta.

Ininterbyu ko si Pangulong Monson sa buwanang mga video conference mula sa England at nang personal, pag-uwi ko sa Utah, habang nagtatrabaho siya sa kanyang tanggapan sa loob ng 14 na buwan. Sa bawat pagkakataon nadama ko ang kanyang pagmamahal, na para bang nakaupo kami sa mesa sa kusina. Ikinuwento niya ang kanyang kabataan at pamilya, ang pagtawag sa kanya ni Pangulong David O. McKay (1873–1970), at ang impluwensya ng mga tagapagturong gaya nina Pangulong J. Reuben Clark Jr. (1871–1961); Pangulong Harold B. Lee (1899–1973); at Elder Mark E. Petersen (1900–84), na ilan lang sa kanila.

Natuto siyang mamuhay na katulad ni Cristo sa loob ng tahanan, kung saan pag-ibig sa kapwa—ang dalisay na pag-ibig ni Cristo—habag, at hangaring pasiglahin at pagpalain ang buhay ng iba ang pamantayan at kung saan, hindi man siya binasahan ng mga banal na kasulatan ng kanyang mga magulang, ay ipinamuhay naman nila ito.

Ang pagtutuon niya sa paglilingkod sa kapwa ay nagsimula noon pa mang lumalaki siya sa kanlurang panig ng Salt Lake City, “sa tabi ng riles ng tren,” tulad ng gusto niyang sabihin, sa simula ng panahon ng Depression. Kapos ang kanyang mga kapitbahay at kaibigan sa mga materyal na bagay, ngunit magkakasama sila, at sapat na iyon. Maraming malapit sa kanya, pati na ang ilan sa kanyang mga paboritong tiyuhin, na hindi miyembro ng Simbahan. Hindi naging hadlang ang relihiyon; nagawa niyang mahalin ang lahat ng tao. Tinanggap ng kanyang mga magulang ang lahat ng tao. Hindi kailanman kinalimutan ni Pangulong Monson ang pundasyong iyon.





Isa siyang pambihirang taong may pagpipitagan sa lahat ng nakikilala niya at interesado siya sa kanilang buhay, problema, at mga pagsubok. Pinakikitunguhan niya ang isang bumibisitang opisyal mula sa ibang bansa na tulad ng pakikitungo niya sa taong naglilinis ng kanyang mesa sa gabi. Malinaw na ang isa sa mga panukat ng kanyang kadakilaan ay na kaya niyang makitungo kaninuman at alam niya na may matututuhan siya sa bawat taong nakikilala niya.

*Sa madaling salita, ginagawa ni Pangulong Monson ang iniisip lamang gawin ng karamihan.*

Kung ang isang organisasyon, sabi nga ni Pangulong Monson, ay nagpapakita ng layon ng pinuno nito,[3] sa gayon ang naising isa-isang pasiglahin, hikayatin, ibilang, isali, at sagipin ang iba ang utos sa atin. Mababanaag sa paraang ito ng pamumuhay ang halimbawa ng Tagapagligtas, na "naglilibot na gumagawa ng mabuti, . . . sapagka't sumasa kaniya ang Dios" (Mga Gawa 10:38).

Noon pa man ay nananawagan na sa atin si Pangulong Monson na maging higit na katulad ng Tagapagligtas. Nang interbyuhin ko si Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, pinagtibay niya ang naunawaan ko. Si Pangulong Monson, wika niya, "ay higit na katulad ni Cristo kaysa ating lahat."[4]

Sa loob ng mahigit kalahating siglo, nakapagbigay si Pangulong Monson ng kanyang mga damit sa mga dukha. Nakaupo na siya sa tabi ng kama ng may karamdaman at matanda. Nakapagbigay na siya ng napakaraming pagpapala sa mga tao sa mga ospital at sa kanilang mga tahanan. Nakapagbago na siya ng plano para lang mabisita ang isang kaibigan at nakapagmadali nang umalis ng mga pulong



MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI PANGULONG MONSON

para magsalita sa burol ng ibang kaibigan. (Kung tatanungin ninyo siya kung ilan ang kaibigan niya, sasabihin niyang, "Hindi kukulangin sa 14 na milyon.") Pupuntahan niya ang isang taong naka-wheelchair na nahihirapang lumapit sa kanya, magha-"high-five" sa isang grupo ng mga tinedyer, at pagagalawin ang kanyang mga tainga sa mga deacon na nakaupo sa harapan. Nagpapakita siya ng malaking pagpipitagan sa buhay ng mga yaong inilalarawan niya na "hindi napapansin at kinikilala," na iilan ang nakakakilala maliban sa kanilang Ama sa Langit.

Sa madaling salita, *ginagawa* ni Pangulong Monson ang *iniisip* lamang gawin ng karamihan.

Ang kanyang mga mensahe ay puno ng mga tunay na salaysay (kailanman ay hindi niya ito tinatawag na "mga kuwento") na nagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Ipinaliwanag Niya: "Ang mga kilos na nagpapakita na mahal talaga natin ang Diyos at ang ating kapwa tulad ng ating sarili ay bihirang pagtuunan ng pansin at hangaan ng mundo. Kadalasan ay makikita ang ating pagmamahal sa araw-araw nating pakikihalubilo sa isa't isa."[5]

Sa buong paglilingkod niya sa iba't ibang panig ng mundo, marahil ang ilan sa pinaka-nakaantig na mga karanasan ay ang mga taon na pinamahalaan niya ang Simbahan sa mga bansang komunista. Nang matapos naming mag-asawa ang aming misyon noong 2009, nagtungo kami sa Germany upang tahakin ang landas na tinahak ni Pangulong Monson, kausapin ang mga miyembrong lubos niyang minahal, at damhin ang impluwensya ng mga taon ng kanyang paglilingkod. Ang natagpuan namin ay matatapat na maytaglay ng priesthood na naiyak nang banggitin nila ang kanyang palagiang pagbisita, pagmamahal kay Jesucristo, at paghihikayat at malasakit. Tumayo kami sa abandonado at sira-sira nang pabrika sa Görlitz kung saan tumayo sa pulpito si Pangulong Monson noong 1968 at ipinangako sa pagod nang mga Banal sa mga Huling Araw sa East Germany ang lahat ng pagpapalang laan ng Panginoon sa Kanyang mga anak—kung sila ay tapat. Sa araw na iyon masigla silang umawit: "Kung maraming pagsubok, Huwag mapapagod! . . . Hindi tayo pababayaan ni Jesus, Huwag mapagod."[6] Dumating siya sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan upang sagipin ang mga Banal. Pagkaraan ng dalawang dekada, habang nakatayo pa rin ang pader ng Berlin, ang mga Banal sa mga Huling Araw ng East Germany ay nagkaroon ng mga stake, meetinghouse, patriarch, misyonero, at isang templo. At pagkatapos ay bumagsak ang pader, at muling nakasama ng mga Banal ang kanilang mga pamilya at naging isang bansa.

Madalas sabihin ni Pangulong Monson, "Walang

nagkataon lamang" kapag binibigyang-diin niya na ang mga karanasan niya sa buhay ay nakapagturo sa kanya na laging hangarin ang tulong ng Panginoon.[7]

Isa sa mga dakilang pinuno ng East Germany si Henry Burkhardt, na nakatulong at nakasama ni Pangulong Monson nang dalawang dekada sa pinangyarihan ng lahat ng mahalagang pangyayari sa bansang iyon. Si Brother Burkhardt ay isang lalaking naglingkod nang napakatapat at sa gitna ng napakalaking panganib sa lahat ng taon na iyon sa bansang komunista bilang kinatawan ng Simbahan sa pamahalaan. Naglingkod siya, bukod sa iba pang mga katungkulan, bilang isang pinuno ng Simbahan at bilang pangulo ng Freiberg Temple.

Tinanong ko siya kung ano ang bukod-tanging sandali sa kanyang isipan tungkol sa paglilingkod ni Pangulong Monson. Inasahan ko na babanggitin niya ang pulong sa Görlitz, ang paglalaan ng bansa noong 1975, ang organisasyon ng unang stake, ang paglalaan ng Freiberg Temple, o ang pakikipagpulong kay Herr Honecker, ang pinakamataas na Komunistang opisyal sa East Germany, nang humingi ng pahintulot si Pangulong Monson na makapasok ang mga misyonero sa bansa at makaalis ng bansa ang iba pang mga misyonero para maglingkod sa ibang lupain. Sa mga death squad na nakabantay sa pader, parang katawa-tawa ang tanong, ngunit sumagot si Herr Honecker, "Matagal na namin kayong pinagmamasdan, at may tiwala kami sa inyo. Pinahihintulutan namin kayo." Alin sa mga pangyayaring ito ang pipiliin ni Brother Burkhardt?

Nagsimulang dumaloy ang mga luha sa kanyang pisngi nang tumugon siya: "Disyembre 2, 1979, iyon." Wala akong matandaang mahalagang kaganapan sa petsang iyon. "Ikuwento mo nga sa akin," sabi ko.

"Sa araw na iyon dumating si Pangulong Monson sa East Germany para basbasan ang asawa kong si Inge." Katapusan ng linggo iyon na walang gagawin si Pangulong Monson, at lumipad siya patungong Germany mula sa Estados Unidos para doon lang. Siyam na linggo nang nasa ospital si Sister Burkhardt na may mga kumplikasyon mula sa operasyon, at lumalala pa ang kanyang kalagayan. Itinala ni Pangulong Monson sa kanyang journal, "Nagsama-sama kami sa pananampalataya at mga panalangin sa pagbibigay sa kanya ng basbas."[8] Libu-libong milya ang nilakbay niya sa tanging libreng oras niya sa loob ng ilang buwan—para sumagip.

*Lagi tayong pinaaalalahanan ni Pangulong Monson na tulungan ang isa't isa.*

"Itanong natin sa ating sarili," sabi niya, "'May nagawa ba akong mabuti sa mundo ngayon? Nakatulong ba ako sa iba?' Napakagandang pormula para lumigaya! Napakagandang [payo] para mapanatag, mapayapa ang kalooban. . . . May mga pusong pasasayahin. May mabubuting salitang sasambitin. May mga regalong ibibigay. May mga gawaing isasakatuparan. May mga kaluluwang ililigtas."[9]

Ganyang maglingkod si Pangulong Monson. Lagi siyang tumutulong sa napapagod, nalulungkot, pinanghihinaan ng loob. Sabi nga ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kinailangang palakihin ng Panginoon si Thomas Monson dahil sa laki ng puso niya."[10]

Nang ilaan ng propeta ang Curitiba Brazil Temple noong Hunyo 1, 2008, pinaakyat niya ang isang batang lalaki para tulungan siya sa seremonya ng paglalagak ng batong-panulok. Iminungkahi ng photographer sa isang tao na alisin ang sumbrero ng bata para makunan ng retrato. Walang buhok ang bata at halatang ginagamot sa sakit na kanser. Mapagmahal itong inakbayan ni Pangulong Monson at tinulungan itong maglapat ng semento sa pader. Binanggit ng isa sa mga kasama ng Pangulo na oras na upang bumalik sa loob ng templo para matapos ang paglalaan sa takdang oras. Umiling si Pangulong Monson. "Hindi," wika niya, "gusto kong magpaakyat ng isa pa." Nang tingnan niya ang mga tao, napako ang tingin niya sa isang babae sa likuran, at nang magtagpo ang kanilang mga mata, pinalapit niya ito. Inakbayan niya ito at magiliw na sinamahan sa pader upang tapusin ang pagtatakip sa batong-panulok.

Kinabukasan pagkatapos ng paglalaan, itinanong ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol,



***Kanan: Sina Pangulo at Sister Monson sa paglalaan ng Nauvoo Illinois Temple noong 2002; nagsasalita si Pangulong Monson sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2008, nang sang-ayunan siya bilang Pangulo ng Simbahan; sa seremonya ng paglalagak ng batong-panulok para sa Oquirrh Mountain Utah Temple noong 2009; kasama ang isang matagal nang kaibigan sa Ontario, Canada, noong Hunyo 2011.***

na dumalo rin sa paglalaan, si Pangulong Monson kung paano niya nalaman na ang babae ang ina ng bata.

"Hindi ko alam," sagot niya, "ngunit alam ng Panginoon."

Ilang buwan lang ang lumipas at pumanaw na ang bata. Sabi ni Elder Nelson: "Mawawari ba ninyo ang kahalagahan [ng karanasan sa paglalaan] sa ina ng pamilyang iyon. Iyon ang paraan ng pagsasabi ng Panginoon na, 'Kilala kita, nag-aalala ako sa iyo, at nais kitang tulungan.' Iyan ang klase ng lalaki na nakikita natin sa propetang ito ng Diyos."[11]

Nang mapalitan ng pagte-text at pag-e-mail ang harapang pag-uusap, lagi tayong pinaaalalahanan ni Pangulong Monson na tulungan ang isa't isa. Ibinahagi niya ang mensaheng ito sa pamamagitan ng mga salita ng isang miyembrong lumiham sa kanya: "Ang mga dalangin ng mga tao ay halos laging sinasagot sa pamamagitan ng pagkilos ng iba."[12] Madalas niyang ituro ang payo ng Panginoon: "Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo" (D at T 84:88). Nagpapasalamat si Pangulong Monson na madalas ay *tayo* ang mga anghel na iyon para sa isa't isa. Pinagawa ni Alma ng tipan ang mga Banal sa mga Tubig ng Mormon na "magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan" (Mosias 18:8); nananawagan sa atin si Pangulong Monson na ipamuhay ang tipang iyon.

Naranasan ko ang pagtulong niya. May pagkakataong nakikita niya na nabibigatan ako sa responsibilidad na isulat ang kanyang talambuhay. Inimbitahan niya ako sa kanyang tanggapan at sa napakagiliw at napakabait na tinig ay sinabing, "Paano ako makakatulong?"


Hindi ko matanggihan ang kanyang alok, at ibinuhos ko ang nadarama kong kakulangan, ang nakakatakot na gawain, at ang dami ng materyal na kakalapin, bubuuin, at pagsasama-samahin. Desperado akong magawa iyon nang tama—para sa kanya. Ang pag-uusap namin ang isa sa pinakamahahalaga kong karanasan sa buhay. Para akong nasa Tangke ng Betesda at iniangat ng Tagapagligtas ang takip at inabot ako para iahon. Nauunawaan ni Pangulong Monson ang nakapagliligtas na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala at itinuturing na pribilehiyo ang maisugo ng Panginoon para sagipin ang iba.

"Tumulong na sagipin ang matanda, ang balo, ang may sakit, ang may kapansanan, ang di-gaanong aktibo," sabi niya, at nanguna siya sa paggawa nito. "Iabot sa kanila ang kamay na tumutulong at ang pusong may habag."[13]


Ang paggalang at interes niya sa iba ay nagpapakita ng kanyang patotoo sa Tagapagligtas na si Jesucristo: "Sa pag-aaral sa Kanya, sa paniniwala sa Kanya, sa pagsunod sa Kanya, maaari tayong maging katulad Niya. Maaaring [magbago ang ekspresyon ng mukha]; lumambot ang puso; [bumilis] ang mga hakbang; [gumanda] ang pananaw. Ang buhay ay magiging gaya ng dapat mangyari."[14] ■

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Duty Calls," *Ensign,* Mayo 1996, 44.
2. "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta," *Mga Himno,* blg. 15.
3. Tingnan sa Kellene Ricks, "BYU Leader Begins 'Lord's Errand,'" *Church News,* Nob. 4, 1989, 3.
4. Boyd K. Packer, sa Heidi S. Swinton, *To the Rescue* (2010), 1.
5. Thomas S. Monson, "To Love as Jesus Loves," *Instructor,* Set. 1965, 349.
6. "If the Way Be Full of Trial, Weary Not," *Deseret Sunday School Songs* (1909), blg. 158; tingnan din sa Thomas S. Monson, "Pagtitiis—Isang Banal na Katangian," *Liahona,* Set. 2002, 7; *Ensign,* Nob. 1995, 61.
7. Thomas S. Monson, sa *To the Rescue,* 60.
8. Thomas S. Monson, sa *To the Rescue,* 1.
9. Thomas S. Monson, "Panahon Na," *Liahona,* Ene. 2002, 69; *Ensign,* Nob. 2001, 60.
10. Richard G. Scott, sa *To the Rescue,* 162.
11. Tingnan sa *To the Rescue,* 521.
12. Sa Thomas S. Monson, "Be Thou an Example," *Ensign,* Nob. 1996, 45.
13. Thomas S. Monson, Salt Lake City South Stake Conference Broadcast, Okt. 18, 2009, hindi nakalathala.
14. Thomas S. Monson, "Ang Paraan ng Guro," *Liahona,* Ene. 2003, 4.







MULA KALIWA: MGA LARAWANG KUHA NINA CRAIG DIMOND, LESLIE NILSSON, MATTHEW REIER, AT GERRY AVANT

# Ang Kultura ng Ebanghelyo

*Ang artikulong ito ay hinango sa isang mensaheng ibinigay sa regional district conference broadcast sa Africa noong Nobyembre 21, 2010.*

Sa bantog na pelikulang *The African Queen,* dalawang refugee mula sa karahasan sa East Africa noong Unang Digmaang Pandaigdig ang nagsisikap makarating sa ligtas na lugar na Lake Victoria. Matapos maligtasan ang maraming muntikang kapahamakan, nabalaho ang kanilang barkong *The African Queen* sa latian. Hindi masabi kung saan ang direksyon ng agos at naliligiran ng matataas na talahib, hindi malaman ng dalawang refugee kung saan pupunta at pinanghinaan sila ng loob. Nang maubos na ang kanilang lakas at pananampalataya, susuko na sana sila at mamamatay.

Pagkatapos, sa isang madamdaming sandali, tumaas ang kamerang nagpapakita sa panganib na kanilang sinusuong, at sa bagong pananaw na ito ay nakita natin ang talagang kinaroroonan nila. Hindi nila nakikita, ngunit ilang metro na lang ang layo, ay naroon ang matagal na nilang hinahanap na mga tubig ng Lake Victoria na daan patungo sa kaligtasan.


Ipinaliliwanag ng ebanghelyo ni Jesucristo ang ating paglalakbay sa mortalidad at ipinakikita sa atin ang ating patutunguhan sa kawalang-hanggan. Tulad ng mga refugee sa *The African Queen,* tinatakasan natin ang kasamaan at kapahamakan. May mga balakid sa paligid natin. Nagsisikap tayong makamtan ang ating mga mithiin. Kung minsan wala tayong makitang palatandaan ng pag-unlad.



PAGLALARAWAN NI RICHARD M. ROMNEY

*Ang kultura ng ebanghelyong ito ay mula sa plano ng kaligtasan, mga utos ng Diyos, at mga turo ng mga buhay na propeta. Para matulungan ang mga miyembro nito sa lahat ng panig ng mundo, itinuturo sa atin ng Simbahan na iwaksi ang anumang tradisyon o gawain natin o ng ating pamilya na salungat sa kultura ng ebanghelyong ito.*

**Ni Elder Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol







*Ang kaloob na Espiritu Santo ay kaloob ng Diyos na ibinigay upang tulungan tayo sa ating mahirap na paglalakbay sa mortalidad kapag namuhay tayo nang may pananampalataya.*

Maaari tayong mapagod at panghinaan ng loob. Maaaring hindi natin matanaw ang ating patutunguhan. Ngunit hindi tayo dapat sumuko. Kung matatanaw lang natin ang kabila ng kasalukuyan nating sitwasyon at malalaman ang talagang kinaroroonan natin sa paglalakbay patungo sa buhay na walang hanggan, malalaman natin na malaki na ang iniunlad natin.

### Pag-asa sa Espiritu Santo

Mabuti na lang at nabigyan tayo ng ating Tagapagligtas ng patnubay at gabay na tutulong sa atin sa kabila ng mga balakid na nakapagpapahina sa atin. Ang tinutukoy ko ay ang kaloob na Espiritu Santo. Ngunit kailangan tayong maging handang gamitin at asahan ang banal na kaloob na ito, at dapat tayong maging karapat-dapat upang manatili ito sa atin.

Ganito ang itinuro ni Pangulong Wilford Woodruff (1807–98), na naglingkod bilang Pangulo ng Simbahan noong ilang panahon na dumaranas ang Simbahan ng matinding pagsubok, tungkol sa kahalagahan ng Espiritu Santo: "Ang bawat lalaki o babae na pumasok sa simbahan ng Diyos at nabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan [at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo] ay may karapatan sa paghahayag, karapatan sa Espiritu ng Diyos, na tutulong sa kanilang mga gawain."[1]

Ipinaliwanag ni Pangulong Woodruff na "ipinahahayag ng Espiritung ito, araw-araw, sa bawat taong nananampalataya, ang mga bagay para sa kanyang kapakanan."[2] Ito ang kaloob na ibinigay ng Diyos upang tulungan tayo sa mahirap nating paglalakbay sa mortalidad kapag namuhay tayo nang may pananampalataya.

Kung gusto nating mapasaatin ang mahalagang patnubay na ito, dapat nating sundin ang mga utos. Itinuro ni Pangulong Woodruff: "Ang Espiritu Santo ay hindi mananahan sa maruming tabernakulo. Kung nais ninyong matamasa ang buong kapangyarihan at mga kaloob ng inyong relihiyon, dapat kayong maging dalisay. Kung nakokonsyensya kayo sa mga kahinaan, kalokohan, at mga kasalanan ninyo, kailangang pagsisihan ninyo ang mga ito; dapat ninyo itong lubos na iwaksi."[3]

Iniutos ng Panginoon na dumalo tayo sa sacrament meeting linggu-linggo upang makibahagi sa sakramento (tingnan sa D at T 59:9–12). Kapag ginawa natin iyon, na nagsisisi sa ating mga kasalanan at nagpapanibago ng ating mga pangakong paglilingkuran ang Panginoon at lagi Siyang aalalahanin at susundin ang Kanyang mga kautusan, may mahalagang pangako sa atin na "mapapasa[atin] ang kanyang Espiritu upang makasama [natin]" (D at T 20:77). Sa ganitong paraan natin malalagpasan ang mga balakid at kalungkutan sa buhay na ito na gagabay sa atin pabalik sa ating tahanan sa langit.

Ipinahayag ni Pangulong Thomas S. Monson: "Napaliligiran tayo ng imoralidad, pornograpiya, karahasan, mga droga, at iba pang talamak na kasamaang umaalipin sa makabagong lipunan. Atin ang hamon, maging ang responsibilidad, [na] hindi lamang manatiling 'walang dungis . . . sa sanglibutan' (Santiago 1:27) kundi gabayan din ang ating mga anak at ang iba pa nating pananagutan na maligtasan ang karagatan ng kasalanan sa ating paligid, upang makabalik tayo balang-araw sa piling ng ating Ama sa Langit."[4]

Tunay ngang kailangan natin ang patnubay ng Espiritu, at dapat tayong maging masigasig sa paggawa ng mga bagay na kailangan upang mapasaatin ang Espiritung iyon. Lalo na, kailangan nating sundin ang mga kautusan, manalangin, pag-aralan ang mga banal na kasulatan, at magsisi linggu-linggo kapag nakibahagi tayo sa sakramento.

### Isang Natatanging Pamumuhay

Para matulungan tayong sundin ang mga utos ng Diyos, nasa mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tinatawag nating kultura ng ebanghelyo. Ito ay isang natatanging pamumuhay, isang grupo ng mga pinahahalagahan at inaasahan at gawain na karaniwan sa lahat ng miyembro. Ang kultura ng ebanghelyong ito ay mula sa plano ng kaligtasan, mga utos ng Diyos, at mga turo ng mga buhay na propeta. Ginagabayan tayo nito sa pagpapalaki ng ating pamilya at sa ating sariling pamumuhay. Ang mga alituntuning nakasaad sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak ay isang magandang pagpapahayag ng kulturang ito ng ebanghelyo.[5]

Para matulungan ang mga miyembro nito

KALIWA: PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER; KANAN: PAGLALARAWAN NI RICHARD M. ROMNEY

sa lahat ng panig ng mundo, itinuturo sa atin ng Simbahan na iwaksi ang anumang tradisyon o gawain natin o ng ating pamilya na salungat sa mga turo ng Simbahan ni Jesucristo at sa kultura ng ebanghelyong ito. Sinusunod natin dito ang babala ni Apostol Pablo, na nagsabing hindi natin dapat hayaang "may bumihag [sa atin] sa pamamagitan ng kaniyang pilosopia . . . ayon sa sali't saling sabi ng mga tao, ayon sa mga pasimulang aral ng sanglibutan, at di ayon kay Cristo" (Mga Taga Colosas 2:8).

Pagdating sa pagwawaksi ng mga tradisyon at kultura, pinupuri namin ang ating mga kabataan sa mabilis nilang pag-akma at pag-unlad, at nakikiusap kami sa nakatatanda nating mga miyembro na iwaksi ang mga tradisyon at kultura o gawain ng angkan na naglalayo sa kanila sa landas ng paglago at pag-unlad. Hinihiling namin sa lahat na paghusayin ang kanilang sarili sa kultura ng ebanghelyo, sa mga gawain at tradisyon na nakabatay sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Maraming tradisyon sa Africa na tumutugma sa kultura ng ebanghelyo at tumutulong sa ating mga miyembro na sundin ang mga utos ng Diyos. Ang matibay na kultura ng pamilya sa Africa ay nakahihigit sa maraming bansa sa Kanluran, kung saan nawawala na ang mga pinahahalagahan ng pamilya. Sana'y makatulong sa atin ang mga halimbawa ng pagmamahal at katapatan ng mga miyembro ng pamilya sa Africa na maituro sa iba ang mahahalagang tradisyong ito sa kultura ng ebanghelyo. Ang kababaang-loob ay isa pang magandang katangian sa Africa. Ipinakikiusap namin sa mga kabataan saanman na maging mababa ang loob na tulad ng




*Pinupuri namin ang ating mga kabataan sa mabilis nilang pag-akma at pag-unlad, at nakikiusap kami sa nakatatanda nating mga miyembro na iwaksi ang mga tradisyon at kultura o gawain ng angkan na naglalayo sa kanila sa landas ng paglago at pag-unlad.*

karamihan sa mga kabataang nakikita natin sa Africa.

Sa kabilang banda, hindi maganda ang ilang tradisyon ng kultura sa Africa kapag inihambing sa kultura at mga pinahahalagahan ng ebanghelyo. Ang ilan dito ay patungkol sa relasyon ng pamilya—ang ginagawa kapag nanganak, nag-asawa, at namatay. Halimbawa, may maling ideya ang ilang asawang lalaki sa Africa na nagpapahinga ang lalaki habang nagtatrabaho sa bahay ang babae o mga alipin lang ng lalaki ang kanyang asawa't mga anak. Hindi ito nakalulugod sa Panginoon dahil hadlang ito sa uri ng relasyon ng pamilya na dapat manaig sa kawalang-hanggan at pinipigilan nito ang uri ng pag-unlad na dapat mangyari dito sa lupa kung nais nating maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng kawalang-hanggan. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at makikita ninyo na sina Adan at Eva, ang una nating mga magulang, ang huwaran nating lahat, ay magkasamang nanalangin at nagtrabaho (tingnan sa Moises 5:1, 4, 10–12, 16, 27). Iyan dapat ang maging huwaran ng buhay natin sa pamilya—iginagalang ang isa't isa at magkasamang nagtatrabaho nang may pagmamahal.

Ang isa pang hindi magandang tradisyon ng kultura ay ang *lobola,* o pambayad sa mapapangasawang babae, na malaking hadlang sa mga kabataang lalaki at babaeng sumusunod sa mga utos ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Kapag kailangang bilhin ng isang binatang returned missionary ang kanyang mapapangasawa mula sa ama nito sa napakalaking halaga na maraming taon niyang pag-iipunan, hindi niya kayang mag-asawa o hindi siya makapag-aasawa hangga't wala pa siyang 40 anyos. Salungat ito sa plano ng ebanghelyo para sa kadalisayan

*Kapag sinunod natin ang mga utos ng Panginoon at ang payo ng Kanyang mga pinuno tungkol sa kasal, mahihiling natin sa Kanya na basbasan tayo sa lahat ng iba pang bagay.*



ng puri bago ikasal, para sa pag-aasawa, at para sa pagpapalaki ng anak. Dapat ituro ng mga lider ng priesthood sa mga magulang na itigil na ang gawaing ito, at dapat sundin ng mga kabataan ang huwaran ng Panginoon tungkol sa pagpapakasal sa banal na templo nang hindi na naghihintay na mabayaran ang mapapangasawa.

Ang ilang iba pang gawain o tradisyon ng kultura na maaaring salungat sa kultura ng ebanghelyo ay ang mga kasal at libing. Ipinakikiusap ko na huwag kayong gumawa ng mga plano sa kasal at libing na magpapalubog sa inyo sa utang. Umiwas sa malayuang paglalakbay at magarbong paghahanda. Ang sobra-sobrang utang ay magpapahina o hahadlang sa kakayahan ninyong magbayad ng ikapu, dumalo sa templo, at ipadala sa misyon ang inyong mga anak. Gumawa ng mga planong magpapalakas—hindi magpapahina—sa pagkaaktibo ninyo sa Simbahan sa hinaharap.

## Ang Kahalagahan ng Kasal

Nabubuhay tayo sa isang masamang mundo. Sinasabi ko ito dahil una kong naiisip ang sadyang pagkitil ng buhay, na napakadalas mangyari sa labanan ng mga angkan at bansa sa Africa at saanman. Iniutos din ng Diyos na huwag tayong magnakaw o manloko para makuha ang pag-aari ng ibang tao. Ang isa pang malaking kasamaan ay ang pagsuway sa utos na "Huwag kang mangangalunya" (Exodo 20:14) at lahat ng utos na may kaugnay rito kung saan inihayag ng Diyos na ang dakilang kapangyarihang lumikha—na ibinigay para sa Kanyang mga layunin—ay dapat lamang gamitin pagkatapos ng kasal. Kasalanan ang magkaroon ng seksuwal na pakikipagrelasyon sa hindi ninyo asawa.

Nabubuhay tayo sa panahon na ang kasal ay itinuturing na isang opsiyon, hindi isang pangangailangan. Halimbawa, isinisilang sa mga inang walang asawa ang 40 porsiyento ng lahat ng anak na isinilang ngayon sa Estados Unidos. Maraming tao ang nagsasama nang hindi kasal. Ang mga batang isinilang mula sa gayong mga relasyon ay walang seguridad ng mga magulang na tapat sa isa't isa sa pamamagitan ng kasal na inorden ng Diyos para sa una nating mga magulang sa Halamanan ng Eden.[6]

Mahalaga ang kasal, ngunit sa Africa at sa iba pang mga bansa, dapat nating itanong, anong uri ng kasal? May mga pormal na kasal na awtorisado ng batas, at may iba't ibang kaugalian o kasal ng angkan na maisasagawa at maititigil nang walang pormalidad. Ang pamantayan ng Panginoon—na ginawang pormal sa mga kinakailangan natin para sa pagbubuklod ng kasal sa templo—ay isang kasal na permanente tulad ng magagawa ng mga batas ng tao.

Muli kong pinagtitibay ang payo ng mga pinuno ng Simbahan na hindi dapat malayo sa isa't isa ang mga mag-asawa, tulad ng pagtatrabaho sa ibang bansa o sa malayong lugar. Sa napakaraming kaso, nagbubunga ng mabigat na pagkakasala ang gayong pagkakalayo. Ang pagkakalayo ay humahantong sa paglabag sa mga walang-hanggang tipan, na nagdudulot ng paghihinagpis at pagkawala ng mga pagpapala. Sa makabagong paghahayag iniutos ng Panginoon, "Inyong mahalin ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba" (D at T 42:22). Kapag sinunod natin ang mga utos ng Panginoon at ang payo ng Kanyang mga pinuno tungkol sa kasal, mahihiling natin sa Kanya na basbasan tayo sa lahat ng iba pang bagay.

## Ang mga Pagpapala ng Ikapu

Ang ikapu ay isang utos na may pangako. Ang mga salita ni Malakias, na pinagtibay ng Tagapagligtas, ay nangangako sa mga naghahatid ng kanilang ikapu sa imbakan na "bubuksan [ng Panginoon] ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog . . . sa [kanila] ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." Ang ipinangakong pagpapala ay temporal at espirituwal. Para sa mga nagbabayad ng ikapu, nangako ang Panginoon na Kanyang "sasawayin ang mananakmal" at "tatawagin kayo ng lahat ng bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain" (Malakias 3:10–12; tingnan din sa 3 Nephi 24:10–12).

Naniniwala ako na angkop ang mga pangakong ito sa mga bansang tinitirhan natin. Nang ipagkait ng mga tao ng Diyos ang kanilang ikapu at mga handog, isinumpa ng Diyos ang "buong bansa" (Malakias 3:9). Gayon din, naniniwala ako na kapag maraming mamamayan



*Naniniwala ako na kapag maraming mamamayan sa isang bansa na tapat magbayad ng ikapu, nag-aanyaya sila ng mga pagpapala ng langit para sa buong bansa nila.*

KALIWA: PAGLALARAWAN NI JUAN PABLO ARAGON ARMAS; KANAN: PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH



*Ngayong matatag na ang Simbahan sa mga stake center nito, pinapayuhan namin ang mga miyembro na manatili sa kanilang sariling bansa, upang patatagin ang Simbahan doon. Hinihikayat namin ito sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga templo sa buong mundo.*

sa isang bansa na tapat magbayad ng ikapu, nag-aanyaya sila ng mga pagpapala ng langit para sa buong bansa nila. Itinuturo sa Biblia na "ang kaunting lebadura ay nagpapakumbo sa buong limpak" (Galacia 5:9; tingnan din sa Mateo 13:33) at na "ang katuwiran ay nagbubunyi ng bansa" (Mga Kawikaan 14:34). Ang kailangang-kailangang pagpapalang ito ay mahihiling sa pamamagitan ng katapatan sa pagbabayad ng ikapu.

Ang pagbabayad ng ikapu ay naghahatid din ng kakaibang espirituwal gayundin ng temporal na mga pagpapala sa taong nagbabayad ng ikapu. Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig binuhay ng balo kong ina ang tatlong maliliit pa niyang mga anak sa kakatiting na suweldo ng isang guro sa paaralan. Nang mapansin kong lumalaki kaming salat sa ilang magagandang bagay dahil kapos kami sa pera, itinanong ko kay Inay kung bakit malaki ang ibinabayad niyang ikapu mula sa kanyang suweldo. Hindi ko nalimutan ang paliwanag niya: "Dallin, maaaring may ilang taong nakakaraos nang hindi nagbabayad ng ikapu, pero hindi natin ito kaya dahil mahirap tayo. Pinili ng Panginoon na kunin na ang iyong ama at iwanan ako para palakihin kayong magkakapatid. Hindi ko magagawa iyan kung wala ang mga pagpapala ng Panginoon, at natatamo ko ang mga biyayang iyon sa tapat na pagbabayad ng ikapu. Kapag nagbabayad ako ng ikapu, nasa akin ang pangakong biyaya ng Panginoon, at kailangang mapasaatin ang mga biyayang iyon kung gusto nating makaraos."

Dahil buong buhay akong tumatanggap ng mga pagpapalang ito, pinatototohanan ko ang kabutihan ng ating Diyos at ang masagana Niyang pagpapala sa mga anak Niyang nagbabayad ng ikapu.

### Pagtatatag ng Simbahan

Kung hangad nating itatag ang Simbahan sa Africa at ibang mga bansa, dapat ay may ikatlo at ikaapat na henerasyon tayo ng matatapat na pamilyang Banal sa mga Huling Araw sa ating pamunuan at mga miyembro. Ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw na lumilipat ng ibang bansa ay nagpapahina sa Simbahan sa kanilang bayang tinubuan. Hindi naman *ipinagbabawal* ng Simbahan ang paglipat ng mga miyembro nito sa iba-ibang lugar para umasenso, ngunit maraming taon na ang lumipas mula nang *hikayatin* ng Simbahan ang pandarayuhang iyon.

Noong araw, hinihikayat ang mga Banal sa mga Huling Araw na magtipon sa Sion sa Amerika upang itatag ang Simbahan at magtayo ng mga templo roon. Ngayong matatag na ang Simbahan sa mga stake center nito, pinapayuhan namin ang mga miyembro na manatili sa kanilang sariling bansa, upang patatagin ang Simbahan doon. Hinihikayat namin ito sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga templo sa buong mundo.

Hindi madaling sundin ang paraan ng Panginoon. Paulit-ulit tayong binalaan ng Panginoon, nang tuwiran at sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, na kamumuhian tayo ng mundo sa naiibang paraan natin ng paggawa ng mga bagay-bagay—sa paraan ng Panginoon (tingnan sa Juan 15:19).

Ang magandang balita ay nakatitiyak tayo na kapag ginawa natin ang gawain ng Panginoon sa paraan ng Panginoon, tayo ay Kanyang pagpapalain na makakatulong sa atin. "Ako ay magpapauna sa inyong harapan," wika Niya. "Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo" (D at T 84:88).

### Pagmamahalan

Lubos tayong nagpapasalamat sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Sinasabi nito sa atin kung sino tayo. Kapag naunawaan natin ang ating kaugnayan sa Diyos, nauunawaan din natin ang ating kaugnayan sa isa't isa. Kasama na rito ang kaugnayan natin sa ating asawa at mga anak—mga walang-hanggang kaugnayan kung susundin natin ang mga utos at gagawin at tutupdin natin ang mga sagradong tipan sa templo.

Lahat ng lalaki at babae sa mundong ito ay mga anak ng Diyos, magkakapatid sa espiritu, anuman ang kanilang kulay o bansa. Kaya nga iniutos sa atin ng Bugtong na Anak ng Diyos na magmahalan tayo. Kaylaking kaibhan sa mundo kung lalaganap ang pagmamahalan at di-sakim na pagtutulungan sa lahat ng angkan, bansa, relihiyon, at lahi. Hindi mabubura ng gayong pagmamahal ang lahat ng pagkakaiba

KALIWA: PAGLALARAWAN NI ROBERT MILNE; KANAN: PAGLALARAWAN NI HOWARD COLLETT

ng opinyon at gawain, ngunit hihikayatin at gagabayan nito ang bawat isa sa atin na magtuon sa mga pagsisikap nating makipagtulungan sa ating kapwa sa halip na kamuhian o apihin sila.

Pinagtitibay ko ang dakilang katotohanan na mahal ng ating Ama sa Langit ang lahat ng anak Niya. Ito ay isang matindi at nakaaantig na ideya na mauunawaan ng mga bata sa pamamagitan ng pagmamahal at sakripisyo ng kanilang mga magulang sa lupa. Pag-ibig ang pinakamakapangyarihang puwersa sa mundo. Dalangin ko na bawat magulang nawa ay naglalaan ng mapagmahal na halimbawa na maghihikayat sa susunod na henerasyon na maunawaan ang pag-ibig ng Diyos sa kanila at ang dakilang hangarin ng ating Ama sa Langit na magawa ng lahat ng anak Niya sa lupa ang kailangan para maging karapat-dapat sa pinakapiling mga pagpapala ng kawalang-hanggan.

Nasa atin ang Kanyang ebanghelyo, at kailangan nating sundin ang mga utos upang matamasa ang Kanyang pinakapiling mga pagpapala. Pinatototohanan ko ito at hinihiling ko ang mga pagpapala ng ating Ama sa Langit sa bawat isa sa inyo. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2005), 54.
2. *Mga Turo: Wilford Woodruff,* 55.
3. *Mga Turo: Wilford Woodruff,* 58–59.
4. Thomas S. Monson, "Mga Tahanang Banal, mga Walang Hanggang Pamilya," *Liahona,* Hunyo 2006, 67–68; *Ensign,* Hunyo 2006, 99–100.
5. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
6. Tingnan sa *Liahona,* Nob. 2010, 129.



*Kaylaking kaibhan sa mundo kung lalaganap ang pagmamahalan at di-sakim na pagtutulungan sa lahat ng angkan, bansa, relihiyon, at lahi.*



# Visiting Teaching

## PAG-UNAWA SA KAPANGYARIHAN NG PAGLILINGKOD

*Nais ng ating Ama sa Langit na sundin natin ang mas mataas na landas at ipakita ang ating pagkadisipulo sa pamamagitan ng taos-pusong pangangalaga sa Kanyang mga anak.*

Noong nabubuhay si Cristo sa lupa, naglingkod Siya sa Kanyang kapwa. Kapag hangad nating maging mga disipulo Niya, dapat natin Siyang gawing halimbawa. Itinuro Niya, "Yaong nakita ninyong ginawa ko ay gayon din ang nararapat ninyong gawin" (3 Nephi 27:21). Ang Bagong Tipan ay puno ng mga halimbawa ng paglilingkod ni Cristo. Inihayag Niya sa babae sa Samaria na Siya ang Mesiyas. Pinagaling Niya ang biyenang babae ni Pedro. Binuhay Niya ang dalagitang anak ni Jairo para sa mga magulang nito at si Lazaro para sa mga kapatid na babae nitong nagdadalamhati. Kahit sa napakatinding

Ng Relief Society
General Presidency



paghihirap sa krus, "nagpakita ang Tagapagligtas ng malasakit sa Kanyang ina, na noon ay malamang na balo na at kailangang pangalagaan."[1] Sa krus, ipinagbilin Niya kay Juan na pangalagaan ang Kanyang ina.

Sabi ni Julie B. Beck, Relief Society general president: "Sa pamamagitan ng Relief Society [at visiting teaching] natututo tayong maging mga disipulo ni Cristo. Pinag-aaralan natin ang gusto Niyang matutuhan natin, ginagawa ang gusto Niyang gawin natin, at nagiging kung ano ang gusto Niyang marating natin."[2]

### Pag-unawa sa Kapangyarihan ng Paglilingkod

Ang paglilingkod at pagpapaginhawa sa kapwa ay lagi nang nasa puso ng Relief Society. "Sa paglipas ng mga taon, ang kababaihan at mga pinuno ng Relief Society ay unti-unting natuto at napagbuti ang kanilang kakayahang pangalagaan ang iba," sabi ni Sister Beck. "May mga pagkakataon na mas nagtuon ang kababaihan sa pagbisita, pagtuturo ng mga aralin, at pag-iiwan ng maiikling sulat sa pintuan ng mga miyembro. Ang mga gawing ito ay nakatulong sa kababaihan na matuto ng mga huwaran sa pangangalaga. Tulad ng mga tao noong panahon ni Moises na nakatuon sa pagsunod sa mahahabang listahan ng mga patakaran, ang kababaihan ng Relief Society kung minsan ay sapilitan ding sumusunod sa maraming nakasulat at di-nakasulat na mga patakaran sa hangarin nilang maunawaan kung paano palakasin ang isa't isa.

"Sa dami ng kailangang tulong at pagsagip sa buhay ng kababaihan at ng kanilang mga pamilya ngayon, nais ng ating Ama sa Langit na sundin natin ang mas mataas na landas at ipakita ang ating pagkadisipulo sa pamamagitan ng taos-pusong pangangalaga sa Kanyang mga anak. Taglay ang mahalagang layuning ito sa isipan, ang mga pinuno ay tinuturuan ngayong humingi ng mga ulat tungkol sa espirituwal at temporal na kalagayan ng kababaihan at ng kanilang mga pamilya at tungkol sa nagawang paglilingkod. Ngayon ang mga visiting teacher ay may responsibilidad na 'taos-pusong kilalanin at mahalin ang bawat babae, tulungan siyang palakasin ang kanyang pananampalataya, at maglingkod.'"[3]

Itinuturo sa atin ng kasaysayan ng ating Relief Society, *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* at ng *Handbook 2: Administering the Church* kung paano natin masusunod ang mas mataas na landas at maipapakita ang ating pagkadisipulo:

- Magdasal araw-araw para sa mga binibisita ninyo at sa kanilang pamilya.
- Humingi ng inspirasyon na malaman ang mga pangangailangan ng mga miyembrong babae.
- Palaging bisitahin ang kababaihan para aliwin at palakasin sila.
- Palaging makipag-ugnayan sa mga miyembrong babae sa pamamagitan ng pagbisita, pagtawag sa telepono, pagsulat ng liham, pagpapadala ng e-mail, mga text message, at mumunting pagpapakita ng kabaitan.
- Batiin ang kababaihan sa simbahan.
- Tulungan ang mga miyembrong babae kapag sila ay may karamdaman o iba pang biglaang pangangailangan.
- Ituro ang ebanghelyo sa kababaihan mula sa mga banal na kasulatan at sa Mensahe sa Visiting Teaching.
- Himukin ang kababaihan sa pamamagitan ng pagpapakita ng mabuting halimbawa.
- Iulat sa isang pinuno ng Relief Society ang espirituwal at temporal na kapakanan ng mga miyembrong babae.[4]


### Pagtutuon sa Paglilingkod

Tayo ang mga kamay ng Panginoon. Umaasa Siya sa bawat isa sa atin. Kapag higit nating itinuring na isa sa pinakamahahalagang responsibilidad natin ang ating tungkulin sa visiting teaching, higit tayong maglilingkod sa ating mga binibisita.

1. Maglalaan tayo ng mga karanasang nag-aanyaya sa Espiritu at tutulungan natin ang mga miyembrong babae na mag-ibayo ang pananampalataya at personal na kabutihan.
2. Lubos nating pangangalagaan ang ating mga binibisita at tutulungan natin silang patatagin ang kanilang tahanan at pamilya.
3. Kikilos tayo kapag nangailangan ang mga miyembrong babae.

Ang kasunod ay halimbawa nina Maria at Gretchen—mga visiting teacher na nauunawaan ang kapangyarihan ng paglilingkod. Dito ay makikita natin na may pagkakataon na ngayon ang mga visiting teacher na bumisita nang magkahiwalay o magkasama. Mabibilang nila ang kanilang "pangangalaga" bumisita man sila at magbigay ng mensahe nang magkasama o hindi. Makakakilos sila nang angkop nang hindi na sinasabihan. Maaari silang maghangad, tumanggap, at kumilos ayon sa personal na paghahayag upang malaman kung paano tutugunan ang

MGA PAGLALARAWAN NI JERRY GARNS



**PAGGAWA NG IMPOSIBLE**

"Kapag sinikap nating gampanan nang may di-natitinag na pananampalataya ang mga tungkuling iniatas sa atin, kapag hangad natin ang inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos sa pagtupad sa ating mga tungkulin, magagawa natin ang imposible."

**Pangulong Thomas S. Monson, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 107.**

espirituwal at temporal na mga pangangailangan ng bawat babaeng binibisita nila.



Ipinagbubuntis ni Rachel ang kanyang unang anak at halos kinailangan na manatili siyang nakahiga sa buong panahong ito. Humiling ng inspirasyon ang kanyang mga visiting teacher sa panalangin na malaman kung paano siya pinakamainam na matutulungan. Si Maria, na nakatira sa malapit, ay natutulungan si Rachel sa gawaing bahay bago pumasok sa trabaho. Isang araw nilinis niya ang bahagi ng banyo; kinabukasan nilinis naman niya ang natirang bahagi nito. Noong isa namang araw nag-vacuum siya sa sala, at kinabukasan ay ipinagluto naman niya ng tanghalian si Rachel. Kaya patuloy siyang naglingkod gaya ng paglalaba, pagpupunas ng alikabok, o anumang kailangan ni Rachel.

Madalas tawagan ni Gretchen si Rachel sa telepono para pasayahin ito. Kung minsan ay nag-uusap sila at nagtatawanan. Sa ibang pagkakataon naman ay kinakausap nina Gretchen at Maria si Rachel sa kanyang kuwarto at nagpapatotoo, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, o nagbabahagi ng Mensahe sa Visiting Teaching. At nang makapanganak si Rachel, patuloy nila siyang tinulungan.

Sa buong panahong ito, nakipagtulungan din sina Maria at Gretchen sa Relief Society presidency para maiparating ang iba pang pangangailangan ni Rachel at ng kanyang pamilya. Kinakausap ng Relief Society presidency ang bishop at ward council para makatulong din ang mga home teacher at iba pa.

Naging mas masaya ang paglilingkod nang magkaroon ng pagmamahal ang kababaihang ito sa isa't isa at nang magbahagi sila ng mga espirituwal na karanasan. Bilang mga visiting teacher masusunod natin ang mga huwaran at alituntuning ito ng paglilingkod at matatanggap natin ang gayon ding mga pagpapala.

## Paglilingkod na Tulad ni Cristo

"Bilang matatapat na disipulo ng Tagapagligtas, pinahuhusay pa natin ang ating kakayahang gawin ang mga bagay na gagawin Niya kung Siya ay narito," sabi ni Sister Beck. "Alam natin na para sa Kanya ang ating pangangalaga ang mahalaga, kaya nga natin sinisikap na magtuon sa pangangalaga sa ating mga kapatid na babae sa halip na kumpletuhin ang listahan ng mga bagay na gagawin. Ang tunay na ministeryo ay mas nasusukat sa tindi ng ating pag-ibig sa kapwa kaysa sa paggawa ng perpektong estadistika."[5]

Bilang mga visiting teacher malalaman natin na tayo ay tagumpay sa ating paglilingkod kapag masasabi ng kababaihan: "Pinalalakas ng mga visiting teacher ko ang aking espirituwalidad. Alam kong malaki ang pagmamalasakit ng mga visiting teacher ko sa akin at sa aking pamilya, at kung may mga problema ako, alam kong tutulungan nila ako." Sa pagsunod sa mas mataas na landas bilang mga visiting teacher, nakikibahagi tayo sa mahimalang gawain ng Panginoon at isinasakatuparan natin ang mga layunin ng Relief Society na pag-ibayuhin ang pananampalataya at personal na kabutihan, patatagin ang mga pamilya at tahanan, at tulungan ang mga nangangailangan. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 3.
2. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 8.
3. Julie B. Beck, "Ang Inaasahan Kong Maunawaan ng Aking mga Apong Babae (at Lalaki) tungkol sa Relief Society," *Liahona,* Nob. 2011, 113.
4. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 143.
5. *Liahona,* Nob. 2011, 113.

# PAANO NAPALAKAS ANG VISITING TEACHING?

Ang sumusunod ay isang buod ng mga pagbabago sa visiting teaching program. Hinihikayat namin ang mga pinuno at visiting teacher ng Relief Society na basahin ang kabanata 9 ng *Handbook 2: Administering the Church* upang marepaso ang partikular na mga detalye sa mga pagbabagong ito. Hinihikayat din namin kayong basahin ang kabanata 7 ng *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* para magkaroon ng pananaw, ideya, at pag-unawa sa kapangyarihan ng paglilingkod at sa mahalagang papel nito sa visiting teaching. (Ang dalawang aklat na ito ay matatagpuan online sa LDS.org.)

| PAG-AATAS SA MGA VISITING TEACHER | |
|---|---|
| 1. Ang Relief Society presidency, hindi lamang ang pangulo, ang responsable sa mga visiting teacher. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.2.2. |
| 2. Kapag ang miyembrong babae ay binigyan ng visiting teaching assignment ng isang pinuno ng Relief Society, tinutulungan ng pinuno ang babaeng iyon na maunawaan na ang visiting teaching ay isang mahalagang espirituwal na responsibilidad na gagampanan. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5; 9.5.1. |
| 3. Patuloy na sinasanay ng Relief Society presidency ang mga visiting teacher kung paano maging mas epektibo sa paglilingkod sa mga binibisita nila. Ang pagsasanay ay maaaring ibigay sa Relief Society sa unang Linggo ng buwan o sa iba pang pulong ng Relief Society. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5. |

| PAGSASANGGUNIAN | |
|---|---|
| 1. Regular na pinupulong ng Relief Society presidency ang mga visiting teacher upang talakayin ang espirituwal at temporal na kapakanan ng mga nangangailangan at magplanong tulungan sila. Maaaring tulungan ng mga visiting teacher ang Relief Society presidency sa pagsasaayos ng pansamantala o matagalang paglilingkod sa kababaihang nangangailangan. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5; 9.5.1; 9.5.4. |
| 2. Regular na nagsasanggunian ang Relief Society presidency upang talakayin ang espirituwal at temporal na kapakanan ng mga nangangailangan. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.3.2; 9.5.4. |
| 3. Sa mga pulong ng ward o branch council, nagbabahagi ng angkop na impormasyon ang Relief Society president mula sa mga ulat sa visiting teaching para makapagsanggunian ang mga lider ng ward o branch kung paano tutulungan ang may mga espirituwal at temporal na pangangailangan. | Tingnan sa *Handbook 2,* 4.5.1; 5.1.2; 6.2.2. |
| 4. Maaaring anyayahan ng bishop o branch president ang Relief Society president sa mga pulong ng ward o branch priesthood executive committee (PEC) kung kailangan upang maisaayos ang mga home teaching at visiting teaching assignment. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.3.1. |
| 5. Regular na nagpupulong ang Relief Society presidency at lider ng young single adult upang matiyak na nakakatulong ang mga visiting teaching assignment na matugunan ang mga pangangailangan ng mga young single adult. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.7.2; 16.3.3. |

| PAG-OORGANISA AT PAGSUBAYBAY SA VISITING TEACHING | |
|---|---|
| 1. Nagsasanggunian ang bishop o branch president at ang Relief Society presidency at mapanalanging pinag-uusapan ang mga pangangailangan sa lugar upang malaman kung paano isasagawa ang visiting teaching. (Hindi dapat igrupu-grupo ang kababaihan para sa visiting teaching dahil tumutulong sila sa mga pangangailangan ng bawat tao.) Inaaprubahan ng bishop o branch president ang bawat assignment. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5.2. |
| 2. Kung maaari, inaatasan ng presidency nang dala-dalawa ang kababaihan. Ang *Handbook 2* ay naglalaan ng iba pang mga opsiyon sa pagtugon sa mga lokal na pangangailangan. Sumasangguni ang presidency sa bishop o branch president tungkol sa paggamit ng sumusunod na mga opsiyon:<br>a. Mga home teacher o mga visiting teacher lamang ang pansamantalang atasan sa ilang pamilya. O maaaring pagsalit-salitin ng mga lider ang mga home teacher at visiting teacher sa mga buwanang pagbisita.<br>b. Magpatulong sa mga full-time sister missionary sa visiting teaching sa ilang bagay, kapag inaprubahan ng mission president. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5.2; 9.5.3. |
| 3. Ang visiting teaching ay hindi lamang isang buwanang pagbisita; ito ay paglilingkod. Para masubaybayan at mapalakas ang kababaihan sa kanilang mga pangangailangan, patuloy na nakikipag-ugnayan sa kanila ang mga visiting teacher sa pamamagitan ng pagbisita, pagtawag sa telepono, pag-e-mail, pagsulat ng liham, o iba pang mga paraan.<br>Binibigyan ng mga pinuno ng espesyal na prayoridad ang pagtiyak na napapangalagaan ang sumusunod na kababaihan: kababaihang papasok sa Relief Society mula sa Young Women, mga dalaga, bagong miyembro, bagong binyag, bagong kasal, di-gaanong aktibo, at yaong may mga espesyal na pangangailangan. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5.1; 9.5.2. |

| PAG-UULAT NG VISITING TEACHING | |
|---|---|
| 1. Ipinapaulat sa mga visiting teacher ang mga espesyal na pangangailangan at paglilingkod na ibinigay—sa madaling salita, ang kanilang paglilingkod. Pahalagahan ang nagawang pangangalaga sa halip na bilangin lang ang mga nabisita. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5.4. |
| 2. Ang Relief Society president ay nagbibigay sa bishop o branch president ng buwanang ulat sa visiting teaching. Kasama sa ulat na ito ang mga espesyal na pangangailangan at paglilingkod na ibinigay ng mga visiting teacher at isang listahan ng kababaihang hindi nakontak. | Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5.4. |

# Mga Anak na Babae *sa Aking Kaharian*



## Gumagawa ng Kaibhan

Sa paunang salita ng *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society,* hinikayat ng Unang Panguluhan ang mga mambabasa na "pag-aralan ang aklat na ito at hayaang mabigyang-inspirasyon ng walang-hanggang mga katotohanan at nakaaantig na mga halimbawa nito ang inyong buhay."[1] Ang sumusunod ay mga patotoo mula sa ilang lalaki at babaeng nagawan ng kaibhan ng aklat na ito na puno ng inspirasyon:

"Tunay na may diwa sa aklat na ito. Talagang nadama kong binabago nito ang puso ko." —Shelley Bertagnolli

"Ang pagbabasa ng *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian* ay nagbigay-inspirasyon sa akin na maging mas mapagmahal na asawa at ama at tuparin ang aking mga tipan nang may higit na katapatan." —Aaron West

"Nang mabasa ko ang tungkol sa kababaihan ng Relief Society sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* naging totoo sila sa akin at nadama ko ang kanilang pananampalataya. Alam nila na kapag naglingkod tayo sa kapwa nang may dalisay na pag-ibig ni Cristo, nagiging katulad tayo ng nais ng Panginoon. Iyan ang layunin ng Relief Society, at angkop ito sa lahat—may asawa man o wala, bata o matanda. Angkop ito sa akin."—Katrina Cannon

"Tumira ako sa Chile, Argentina, Brazil, at Estados Unidos, ngunit saanman ako magtungo, alam ko na bahagi ako ng isang napakagandang samahan ng kababaihan—isang pamana ng matatag at tapat na kababaihan."—Marta Bravo


"Ang paggawa ng *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian* bilang graphic designer ay isang natatangi at pambihirang karanasan. Sa unang pulong namin, pinatotohanan sa amin ni Sister Julie B. Beck, Relief Society general president, na ang aklat ay lalabas sa ilalim ng paghahayag at tagubilin ng mga buhay na propeta. Simula sa unang araw na iyon, paghahayag ang gumabay sa lahat. Tuwing babasa ang isa sa amin mula sa mga pahina ng aklat, naaantig kami ng Espiritu at naging mas mabuti kami. Nangyari iyon sa akin, at nakita ko itong mangyari sa mga editor, designer, illustrator, production artist, at empleyado sa limbagan."—Tadd Peterson

"Nalaman ko na bahagi ako ng isang mas mabuting bagay. Kapag humuhugot ako ng lakas sa Relief Society, maaari din akong maging mas mabuti." —Jeanette Andrews

"Ang kasaysayang ito ay isang mabisang sangguniang makakatulong sa kalalakihan at kababaihan sa buong mundo na maunawaan ang kahalagahan ng kababaihan bilang mga anak ng Diyos at ang mahalagang papel nila sa Kanyang kaharian." —Susan Lofgren

"Minsan ay naisip ko na kailangan kong maging katulad nilang lahat. Alam ko na ngayon na bawat babae ay iba ang mga sitwasyon, kalakasan, at kahinaan, ngunit bawat babae ay mahalaga."—Nicole Erickson

"Malaki ang epekto sa akin ng *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian* bilang bishop. Pinatototohanan ko ang malaking kapangyarihang dumarating kapag nagtutulungan ang Relief Society at priesthood." —Mark Staples. ■




**TALA**

1. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian": Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), ix.

LARAWAN NG BULAKLAK NA KUHA NI JOHN LUKE; PAGLALARAWAN NI TOM GARNER





# ISANG PANAWAGAN PARA SA
# MGA INDEXER SA BUONG MUNDO

*Simula nang ilunsad ang FamilySearch indexing noong 2006, mahigit 800 milyong talaan na ang nai-digitize. Ngunit hindi pa tapos ang gawain, at lumalaki ang pangangailangan sa mga indexer sa buong mundo.*

**Ni Heather F. Christensen**
Mga Magasin ng Simbahan

Nang umuwi si Hilary Lemon ng Utah, USA, mula sa kanyang misyon, may ilang buwan pa bago siya muling pumasok sa paaralan. Sa paghahanap kung paano magagamit nang makabuluhan ang kanyang oras, nagsimula siyang tumulong sa online FamilySearch indexing. Sinimulan niyang mag-index sa Ingles ngunit hindi naglaon ay nalaman niya na may mga pagkakataon siyang mag-index sa ibang mga wika—kabilang na ang Portuges, ang wikang natutuhan niya sa misyon.



FamilySearch

“Simula nang magmisyon ako sa Portugal, naging interesado na ako sa indexing ng mga proyektong nakalista para sa Brazil at Portugal. Lumaki ang interes ko nang makita ko ang isang proyekto mula sa Setúbal, Portugal, isa sa mga lugar na pinaglingkuran ko,” sabi ni Hilary.

Si Hilary ay isang boluntaryong tumutulong na matugunan ang lumalaking pangangailangan ng FamilySearch na i-index ang mga talaan sa mga wikang hindi Ingles. Tulad ng iba pang 127,000 aktibong boluntaryo, ine-extract ni Hilary ang mga pangalan at kaganapan sa buhay ng mga yaong pumanaw na para matagpuan ng mga miyembro ang impormasyong hinahanap nila at makumpleto ang mga ordenansa sa templo para sa kanilang mga ninuno.

### Ano ang Indexing?

Ang FamilySearch indexing ay proseso ng pagbabasa ng mga digitized version ng mga talaan—tulad ng census; mga sertipiko ng kapanganakan, kasal, at kamatayan; mga testamento; at mga rekord ng simbahan—at pagta-type ng impormasyong nilalaman nito sa isang online searchable database. Sa pamamagitan nito, pinadadali ng mga boluntaryo sa indexing na matagpuan ng mga miyembro at iba pang nagsasaliksik sa family history ang impormasyon tungkol sa kanilang mga ninuno sa Internet.

Pinasimple at pinadali ng indexing ang gawain sa family history. “Dati-rati kung hinahanap ninyo ang mga kamag-anak ninyo, kailangan ninyong ikut-ikutin ang microfilm. Kapag natagpuan ninyo ang isang kapamilyang inyong hinahanap, maaari ninyong mahanap pa ang iba pang pangalang nakaugnay sa kanya. Kaya paulit-ulit ninyong iikutin ang microfilm,” sabi ni József Szabadkai, isang indexer sa Hungary.

Ngayon ay patuloy na nagtitipon ng mga talaan ng kasaysayan ang FamilySearch mula sa mga pamahalaan at record custodian sa buong mundo. Ngunit sa halip na basta kunan ng retrato ang mga talaan at gumawa ng mga film na matitingnan ng mga nagsasaliksik, ini-scan ng mga empleyado sa FamilySearch ang mga ito sa indexing program. Inilalagay ng mga boluntaryo ang mga imaheng ito sa kanilang computer at itinatype ang impormasyon ayon sa pagkabasa nila. Sa ganitong paraan, nadi-digitize ang impormasyon at matatagpuan ito sa pamamagitan ng search function sa FamilySearch .org habang maginhawang nakaupo ang mga nagsasaliksik sa sarili nilang tahanan.

### Gaano na Karami ang Na-index?

Simula nang ilunsad ang FamilySearch indexing noong 2006, marami nang nagawa ang mga boluntaryong indexer—mga 800 milyong talaan na ang naipasok nila. Ngunit



### MADALING GAMITIN ANG FAMILYSEARCH

Kasama ang iba pang mga kabataan sa Chorley England Stake, inanyayahan ng kanyang stake presidency si Makenzie, edad 15, na mag-index ng 200 pangalan. “Ang dalawang daan ay naging 2,000!” paggunita ni Makenzie. “Talagang mabilis at madaling mag-index. May mga mensahe sa computer na tutulong sa inyo na maunawaan ang mga pangalan at lugar. Naibahagi ko na ang aking kaalaman sa indexing sa aking pamilya at mga kaibigan sa pagpapakita sa kanila kung paano lumikha ng sarili nilang account at kung gaano kasimple at kasaya ito.”



TANAWIN NI BRADLEY CLARK; MGA LARAWAN NG LAPIDA NA KUHA NI DAVID STOKER;
KALIWA: PAGLALARAWAN NI CODY BELL; KANAN: PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY © 2005 IRI



**PAG-UUKOL NG ORAS PARA SA FAMILY HISTORY**

Maraming taong tila hindi makapag-ukol ng oras sa paggawa ng family history. Si Jonni Sue Schilaty ng Utah, USA, ay nakahanap ng paraan para maisingit ang indexing sa kanyang iskedyul. “Gustung-gusto ko ang indexing!” sabi ni Sister Schilaty. “Kapag nagbibiyahe kaming mag-asawa, nagda-download ako ng mga batch sa laptop ko, pagkatapos ay ginagawa ko ito offline habang nasa kotse. Pagdating namin, nag-o-online ako, inaa-upload ko ang mga tapos na batch, at nagda-download pa ako para gawin pauwi. Sinasamantala ko ang bawat minuto para mag-index at natanto ko na nakikinabang ako sa mga pagbibiyaheng ito sakay ng kotse.”

hindi pa tapos ang gawain. Ang Granite Mountain Records Vault sa Salt Lake City, kung saan nakatago at protektado ang naka-film na mga talaan, ay naglalaman ng mga 15 bilyong talaan—at marami pang talaan ang patuloy na idinaragdag. Ang mga talaang ito ay may impormasyon tungkol sa bilyun-bilyong tao mula sa mahigit 100 bansa at mahigit 170 wika ang kabilang dito.

Si Robert Magnuski, isang Church-service missionary at aktibong indexer mula sa Poland, ay naranasan mismo ang malaking pangangailangan sa mas maraming boluntaryong hindi Ingles ang wika. “Dahil sa pagkahati ng bansa mula 1772 hanggang 1918, nasa apat na wika ang mga talaan sa Poland: Russian, German, Latin, at Polish,” paliwanag niya. Dahil karamihan sa mga indexer sa Poland ay nagsasalita ng Polish, nagsimula sila sa pag-iindex ng mga talaang Polish. Kailangang gawin din ang mga talaan sa wikang Russian, German, at Latin. Sa tulong ng mga boluntaryo sa buong mundo na may karanasan sa iba't ibang wika, matatagpuan ng mga gumagawa ng family history sa buong mundo ang kanilang mga ninuno—saanmang wika nakatala ang kanilang mahalagang impormasyon.

Para ma-access ang mga talaang ito, may indexing program na online sa 11 wika: Dutch, English, French, German, Italian, Japanese, Polish, Portuguese, Russian, Spanish, at Swedish. Ang mga taong nagsasalita ng anuman sa mga wikang ito—katutubong wika man ito o natutuhan sa pagmimisyon, pag-aaral, o iba pang pagsasanay—ay hinihikayat na magrehistro at magsimulang mag-index ng mga talaan.



### Paano Ako Magsisimula?

Mabilis at madaling magsimula bilang boluntaryong indexer. Sundin ang mga tagubilin sa **indexing.familysearch.org** para i-download ang program sa inyong computer. Pagkatapos, mag-set up ng account, at pagkatapos ay pumili ng grupo, o “batch,” ng mga talaang mai-index. Ang mga talaan ay naka-grupo sa maliliit na batch ng 20 hanggang 50 pangalan para makagugol ng oras ang mga boluntaryo sa pag-iindex ng mga pangalan hanggang gusto nila. Bawat batch ay umaabot ng mga 30 minuto para makumpleto, ngunit maaari kayong huminto sa kalagitnaan nito at balikan ito kalaunan dahil ise-save ng program ang nagawa na ninyo. Kung hindi ninyo matapos ang batch sa loob ng isang linggo, sadyang mapupunta na ito sa iba para kumpletuhin.

Ang mga batch mula sa mga bansa sa buong mundo ay inilalaan para sa indexing kapag nakuha na ng FamilySearch ang mga talaan sa mga bansang iyon. Si Brother Szabadkai ay taga-Hungary, ngunit sinimulan niyang mag-index ng mga talaan sa Ingles at Afrikaans hanggang sa magkaroon ng mga talaan mula sa sarili niyang bansa. “Isa iyon sa pinakamaliligayang sandali nang ibalita ang unang Hungarian batch sa simula ng 2011,” sabi ni Brother Szabadkai. “Maraming miyembrong Hungarian—bata at matanda—ang nagrehistro at naging ‘sabik’ na mga indexer simula noon.” Ang kasabikan ni Brother Szabadkai ay nagmula sa pag-asa na marami sa kanyang sariling ninuno ang matatagpuan kapag nailagay ang mga talaang ito.

KALIWA: PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN



“Kapag napalaki natin ang napakagandang database na ito, mas marami tayong matatagpuang kamag-anak, na tipid sa oras at tutulong sa ating mga ninuno na mas mabilis na matanggap ang nakapagliligtas na mga ordenansa.”

### Paano Kung Wala Akong Computer?

Sa iba’t ibang bahagi ng mundo, ang pagkakaroon ng computer at Internet access ay isang hamon para sa ilang sabik mag-index. Ganito ang sitwasyong nakaharap ng mga pinuno sa Mexico City Zarahemla Stake nang ipasiya nilang ilahok ang mga kabataan sa indexing. Dahil hindi lahat ng kabataan ay may computer sa kanilang tahanan, ipinasiya ng mga pinuno ng stake na ireserba ang computer lab ng isang lokal na paaralan para magamit nila kapag wala nang klase.

Sa gayon ay na-index ng mga kabataan ang mga talaan ng Mexican census mula 1930. “Nang repasuhin ng mga kabataan ang mga dokumento,” sabi ni Bishop Darío Zapata Vivas, “naisip nila ang mga taong nagbahay-bahay para kolektahin ang lahat ng impormasyong ito nang hindi nalalaman na balang araw ay makakatulong ang kanilang mga pagsisikap sa gawain ng Panginoon na ‘isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao’ ” (Moises 1:39).

Sa pagsusumigasig ng mga pinuno ng stake na makakuha ng kailangang teknolohiya, nakapag-index ang mga kabataan at iba pang mga miyembro ng stake ng mahigit 300,000 talaan sa loob ng isang buwan.

Tulad ng ipinakita ng mga kabataan ng Zarahemla stake, kung wala kayong sariling computer, makakalahok pa rin kayo. Ang indexing program ay maaaring gumana sa anumang computer na may Internet access, pati na sa tahanan ng iba pang mga miyembro, sa mga family history center, sa mga meetinghouse, at maging sa mga paaralan o aklatan kapag pinahintulutan.

### Ang mga Pagpapala ng Indexing

Ang mga dokumentong Portuges na na-index ni Sister Hilary Lemon ay mga talaan ng binyag na mahigit dalawang siglo na ang nakararaan. Kupas na ang mga pahina at mahirap nang basahin ang maarteng sulat-kamay, ngunit nagtiyaga siya sa proyekto nang isipin niya na ang mga pangalan sa mga pahina ay mga taong naghihintay na maisagawa ang gawain para sa kanila sa templo.

“Nang mag-index ako, hindi lang minsan ko nadama ang masaya at malakas na impresyon na balang-araw ay mabubuksan ng isang Portuges na Banal sa mga Huling Araw ang talaang iyon sa binyag na na-index ko at matatagpuan niya ang kanyang ninuno,” sabi ni Hilary. “Ngayong may plano nang magtayo ng templo sa Lisbon, Portugal, alam ko na darating ang araw na matatagpuan ng mga miyembro doon ang kanilang mga ninuno dahil sa gawaing isinagawa sa pamamagitan ng FamilySearch indexing.”

Sa tulong ng mga boluntaryong tulad ni Sister Lemon, mas maraming talaang maiingatan at magbibigay-daan para makabahagi ang mga pumanaw na sa lubos na mga pagpapala ng ebanghelyo. ■

*Para sa iba pang impormasyon, bisitahin lang ang **indexing.familysearch.org** o kontakin ang inyong ward o branch family history specialist.*

### MAARING MAG-INDEX KAHIT SINO

Ang indexing ay dinisenyo para sa mga tao sa lahat ng yugto ng buhay—kasama na ang mga estudyante, mga inang nasa bahay lang, mga negosyante, o mga retirado. Sina David at Bernice Blyde ay pitong beses naglingkod ng full-time mission at nakatira sa New Zealand, kung saan sila patuloy na naglilingkod. “Laging may magagawa sa Simbahan para manatiling abala at aktibo,” sabi ni Sister Blyde. “Naibigay ng indexing ang pangangailangang iyan sa amin.” Simula noong 2009 nakapag-index na si Sister Blyde ng mahigit 180,000 pangalan. “Nakatutuwang maging abala sa napakagandang sangguniang ito,” wika niya. “Ang gawaing ito ay mahalaga sa paghahanap sa ating mga ninuno at pagbibigay sa kanila ng pagkakataong umunlad.”



# NAKAKAPAGSALITA BA KAYO NG RUSSIAN?

Kahit abalang-abala kami, ipinasiya namin ng asawa kong si Daniil na dapat kaming pumunta nang minsan pa sa Preston England Temple bago matapos ang 2009. Dalawang bus ang sasakyan at halos anim na oras bago makarating sa templo mula sa maliit na bayan sa Scotland kung saan kami nakatira.

Noong umaga na plano naming lumisan ay maulap at maulan, ngunit masaya kami dahil pupunta kami sa templo. Habang naghihintay ng isa pang oras sa pangalawang bus sa istasyon, nagsimulang umulan at lumamig.

Gayunman, sumigla ang aming puso sa pag-asang hindi magtatagal at nasa templo na kami. Pagdating namin sa Preston, nadama namin ang matinding damdaming magpunta kaagad sa templo. Gutom at basang-basa kami, ngunit nakinig kami sa Espiritu Santo.

Pagpasok namin sa templo, hiningi ng isang mabait na temple worker ang aming temple recommend. Nag-alis siya ng salamin at muling tiningnan ang mga pangalan sa aming recommend.

“Taga-Russia ba kayo?” mangha niyang tanong.

“Opo,” sagot namin, na medyo nagulat sa kanyang reaksyon.

“Kung gayo’y nakapagsasalita kayo ng Russian?” tanong niya.



***Pagdating namin sa Preston, England, nadama namin ang matinding damdaming magpunta kaagad sa templo.***

“Siyempre naman po,” sabi namin.

Pagkatapos ay dinampot niya ang telepono at may tinawagan.

Hindi naglaon at nilapitan kami ng temple president. Sa kanyang salamin sa mata, nakita naming lumuluha siya. “Mga anghel kayong sugo ng Diyos!” wika niya na nakangiti, na pinasusunod kami sa kanya. Sinundan namin siya at hindi naglaon ay nakita namin ang isang litong binatang misyonero na napapaligiran ng mga temple worker.

Taga-Armenia pala ang misyonerong ito at nagsasalita ng Russian. Natawag siyang maglingkod sa England London Mission pero hindi pa marunong mag-Ingles. Walang isa mang taong nagsasalita ng Russian sa missionary training center na katabi ng templo. Sa araw na iyon tatanggap sana siya ng kanyang endowment, pero hindi sila magkaunawaan ng mga temple worker—hanggang sa pumasok ang basang-basang mag-asawang Russian.

Agad sinabihan si Daniil na samahan ang binatang misyonero. Tuwang-tuwa ang misyonero at kalaunan ay sinabi na nakadama siya ng kasiyahan pagdating namin.

Nagpapasalamat ako na sa kabila ng aming abalang iskedyul at ng maulang panahon, nagpasiya kaming mag-asawa na dumalo sa templo noong araw na iyon para matulungan ang isang anak ng Diyos na nagsasalita ng Russian sa Great Britain. Nagpapasalamat ako sa mga pagpapala ng templo, na nagbibigay ng espesyal na liwanag at layunin sa aming buhay. Alam ko na kung didinggin natin ang mga paramdam ng Espiritu Santo, aakayin Niya tayo pabalik sa ating tahanan sa langit—tulad noong akayin Niya kaming mag-asawa sa bahay ng Panginoon sa araw na iyon. ■

Anna Nikiticheva, Scotland

# HINDI KO SILA PINANSIN

Habang binabasa ko kamakailan ang Aklat ni Mormon, nagawi ako sa sumusunod na payo: “Bakit ninyo . . . pinahihintulutan ang nagugutom, at ang nangangailangan, at ang hubad, at ang maykaramdaman at ang naghihirap na dumaraan sa harapan ninyo nang hindi sila pinapansin?” (Mormon 8:39).

Sa halip na madama ang kapayapaan at kapanatagang karaniwan kong nararanasan sa mga banal na kasulatan, nadaig ako ng matinding kalungkutan. Noon ko pa alam na hindi talaga ako mapagmasid na tao. Itinuon ko ang aking sarili sa aking buhay, mga tungkulin, at pamilya kaya hindi ko talaga napansin ang mga hirap na dinaranas ng ibang tao.

Alam ko na hindi ko ginagawa noon ang lahat ng magagawa ko para “magpasan ng pasanin ng isa’t isa, nang ang mga yaon ay gumaan; . . . makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw” (Mosias 18:8–9). Nais kong magbago; nais kong maging mas mabuti. Hindi ko lang talaga alam kung paano. Ipinagdasal kong tulungan ako ng Panginoon.

Dumating ang sagot sa akin sa di-inaasahan at hindi ko gustong paraan nang magkaroon ako ng pabalik-balik na karamdaman. Unti-unti nitong inalis ang lahat ng pinagkakaabalahan ko noon. Nang lumala ang karamdaman ko, kinailangan kong itigil ang mga aktibidad ko sa labas ng bahay, mga tungkulin ko, at ang pagsisimba. Hindi ako makalabas ng bahay, malungkot ako, at pakiramdam ko ay walang pumapansin sa akin.

Sana ay pagalingin ako ng Panginoon balang araw. Kapag ginawa Niya iyon, ipinapangako ko sa sarili ko na hindi na ako muling magbubulag-bulagan kailanman. Pagdating ko sa simbahan, titingnan ko kung sino ang mag-isang nakaupo at sino ang wala sa araw na iyon. Mag-uukol ako ng oras bawat linggo na madaig ang aking pagkamahiyain at bibisitahin ang isang taong maysakit o may problema o nangangailangan ng isang kaibigan. Mamahalin ko ang aking mga kapatid araw-araw—hindi lang tuwing Linggo o sa mga aktibidad ng Simbahan.

Aalalahanin ko at, sana, maging karapat-dapat akong marinig na nalulugod ang Panginoon: “Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa” (Mateo 25:40). ■

Shelli Proffitt Howells, California, USA



*Ipinagdasal kong tulungan ako ng Panginoon na maging mas mabuting tao. Dumating ang sagot sa akin sa di-inaasahan at hindi ko gustong paraan.*

MGA PAGLALARAWAN NI G. BJORN THORKELSON

# AYAW KONG MAGLINGKOD

Noong 11 taong gulang ako, sa isang regional conference sa Johannesburg, South Africa, kinamayan ako ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95) at sinabing, "Magmimisyon ka at magiging mahusay na misyonero balang araw."


Itatangi ng halos lahat ng binata ang mga salitang iyon magpakailanman. Hindi ako. Sa sumunod na 10 taon wala akong hangaring magmisyon. Mas ginusto kong magtagumpay sa isports at sa buhay. Inisip ko na masasayang ang lahat ng iyon sa dalawang taong pagmimisyon. Sa mga interbyu sa akin ng branch at stake president, nagdadahilan ako kung bakit ayaw kong maglingkod.

Sa edad na 21, na wala pa ring hangaring magmisyon, binisita ko ang pamilya ko sa Estados Unidos, sa Iowa. Isang taon na silang nakalipat doon. Habang nasa Iowa nagkaroon ako ng pagkakataong magpunta sa Winter Quarters Nebraska Temple kasama ang singles branch sa lugar na iyon. Hindi pa ako na-endow, kaya naisip ko na magpapabinyag ako para sa mga patay.

Pagdating sa templo, natuklasan ko na walang nakaiskedyul na sesyon sa binyag sa hapon. Naisip ko, "Wow, ano ang gagawin ko sa susunod na dalawa't kalahating oras?"

Ipinasiya kong magpunta sa Mormon Trail visitors' center sa tapat. Matapos manood ng isang 15-minutong video tungkol sa mga pioneer, binati ako ng dalawang misyonerang maglilibot sa akin. Matapos malaman ang ilang bagay tungkol sa akin, itinanong ni Sister Cusick kung bakit hindi pa ako nakapagmisyon. Naglabasan ang mga karaniwang dahilan ko. Pagkatapos ay nagpatotoo sa akin si Sister Cusick hindi lamang tungkol sa mga pioneer kundi pati na sa gawaing misyonero.

Pagkatapos ng paglilibot umupo ako sa silid-hintayan ng templo, na nag-iisip. Bigla, ang mga katwiran ko sa hindi pagmimisyon ay naging pagkatuliro ng isipan. Malakas na pinatotohanan ng Espiritu na dapat akong



***Matapos kong ipaliwanag kung bakit hindi pa ako nakapagmisyon, nagpatotoo sa akin si Sister Cusick hindi lamang tungkol sa mga pioneer kundi pati na sa gawaing misyonero.***

magmisyon. Mula nang kausapin ko ang mga misyonera, nagbago ang lahat sa aking kalooban. Pinatotohanan ng Espiritu sa puso ko ang kailangan kong gawin.

Makalipas ang ilang buwan, nalaman ko na sinabi ng marahan at banayad na tinig kay Sister Cusick na kinakailangan kong maglakbay. Hindi niya alam kung bakit, ngunit may mga plano ang Panginoon para sa akin.

Naglingkod ako sa California Ventura Mission—ang pinakamagandang misyon sa mundo—at nagkaroon ako ng ilang mababait na kaibigan na sana'y magtagal hanggang sa mga kawalang-hanggan. Hindi ako naniwala kay Pangulong Hunter sa loob ng 10 taon, ngunit alam niya talaga ang sinasabi niya.

Lubusang nagbago ang buhay ko, lahat ng ito ay dahil sa isang misyonerang kumilos ayon sa mga paramdam ng Espiritu Santo. ■

Neville Smeda, California, USA

# ANG PANGINOON ANG AKING AWITIN

Mula nang tumira ako sa munting bayan ng Arizona na halos lahat ng mamamayan ay Banal sa mga Huling Araw, nilapitan ako ng mga misyonero at miyembro ng Simbahan tungkol sa Simbahan. Madalas nila kaming imbitahan ng aking mga anak na magsimba, magbasa ng mga banal na kasulatan, o pareho. Wala akong interes na tanggapin ang kanilang mga imbitasyon pero magalang ko silang pinasalamatan sa interes nila sa aking pamilya.

Nang makilala ko ang babaeng pakakasalan ko kalaunan, sinabi niya sa akin na isa siyang Banal sa mga Huling Araw. Hinangaan ko ang kanyang espirituwalidad at sumang-ayon akong sumama sa kanyang magsimba matapos kaming ikasal. Tinupad ko ang sinabi ko, at nagsimula akong dumalo nang regular at natuwa pa ako sa naramdaman ko at sa pakikipagkaibigan. Pero kahit ako nag-aral ng mga banal na kasulatan, nagsimba, at nanalanging mag-isa at kasama ang aking pamilya, nag-alinlangan pa rin ako kung may Diyos nga. Gaano ko man pilitin, damdam ko ay parang hindi mawala sa akin ang kawalan ng paniniwala. Dahil hindi ko nadama na napalapit ako sa Diyos nang higit kaysa noong magsimula ako, tinanggihan ko ang lahat ng imbitasyong magpabinyag.

Matapos magsimba nang anim na taon, ang aking ama, na kasama sa U.S. Army, ay biglang namatay. Gusto namin ng aking pamilya na magpaihip ng trumpeta sa libing, at yamang propesyonal na musikero ako, hiniling nilang ako ang tumugtog. Daan-daang ulit na akong tumugtog sa mga seremonya sa libing, ngunit dahil serbisyo sa tatay ko, alam ko na magiging iba iyon para sa akin. Nalaman ko rin nang ilibing ang nanay ko na maaapektuhan ng matinding kalungkutan ko ang kakayahan kong tumugtog. Determinado akong hindi maapektuhan ng damdamin ko ang musika na katulad noong libing ng aking ina.

Ilang minuto bago nagsimula ang seremonya, kinakabahang sinubukan kong magpraktis. Iilang nota pa lang ang nasubukan ko nang mabatid ko na inuulit ko ang dati kong kabiguan. Namuo ang mga luha at napaiyak ako. Hindi ako makahinga sa aking paghikbi. Paano ako makakatugtog?


Hindi ko inintindi ang mga papuri sa akin, pero gusto ko talagang parangalan ang tatay ko. Nang magsimula akong tumugtog, nalaman ko na hindi ako gaanong makahinga. Hindi ako sanay humingi ng tulong, pero sa pagkakataong ito, hindi ko na alam kung ano pa ang gagawin. Mahina ang labas ng unang nota. Sa aking kalooban ay nagsumamo ako sa aking Ama sa Langit: "Pakiusap po." Nang tugtugin ko ang pangalawang nota, napuno ng hangin ang aking baga, at nakakagulat at maganda ang tunog na lumabas sa aking trumpeta. Sa buong pagtugtog ko, nahigitan ko ang kakayahan ko. Nang matapos ko ang huling nota, bigla akong hindi makahinga at kinapos ako ng hangin habang umiiyak.

Bilang isang musikero, alam ko ang aking mga kalakasan at kahinaan. Sa madaling salita, hindi ko makakayang tumugtog nang gayon kagaling sa sitwasyong iyon. Malinaw sa akin na sinagot ng Ama sa Langit ang aking pagsamo at biniyayaan ako ng lakas at kakayahang parangalan ang aking ama sa lupa. Nakatanggap ako ng espesyal na patotoo na sinasagot tayo ng Ama sa Langit sa paraang mauunawaan natin. Ang sagot Niya sa oras ng aking pangangailangan ay nakatulong sa akin na matanto na lagi Siyang sabik na makipag-ugnayan sa akin.

Pagkaraan ng ilang buwan inalis ko ang kawalan ko ng paniniwala at sumapi ako sa Simbahan. Bagaman malaking hakbang tungo sa pananampalataya ang magpabinyag, alam ko na pagpapalain ako ng Ama sa Langit. Ang karanasan ko habang tumutugtog ng trumpeta ay nagturo sa akin na sasagutin Niya ang aking mga dalangin alinsunod sa aking mga pangangailangan at pag-unawa. ■

Tom Sullivan, Arizona, USA

**Ni Elder Randall K. Bennett**
Ng Pitumpu



# Sundin ANG PROPETA

Nakilala ko ang anghel na magiging asawa ko sa institute party noong ikalawang gabi mula nang makauwi ako mula sa misyon. Bagaman ilang daang milya ang layo sa isa't isa ng kinalakhan namin ni Shelley sa Canada at hindi kami nagkakilala noon, nagkakilala kami nang husto sa sumunod na mga buwan. Nang tatlong beses akong mag-alok ng kasal at hindi niya tinanggap dahil may pangako siyang magmisyon, tinanggap din niya sa wakas ang alok ko matapos kong ipangako sa kanya na sabay kaming magmimisyon pagkatapos naming mapalaki ang aming mga anak. Tinanggap niya ang engagement ring noong Disyembre 22, 1976.

Ngunit sa mga sumunod na araw, pareho kaming hindi mapakali—hindi tungkol sa kasal kundi tungkol sa singsing. Magpapaliwanag ako.

**Isang Desisyong Sundin ang Propeta**

Sa mga linggo bago itinakda ang aming kasal, pinag-usapan naming mabuti ni Shelley kung paano namin palalakihin ang aming pamilya at ano ang magiging pagsasama namin. Isa sa mga bagay na napagtuunan namin sa pag-uusap na iyon ang determinasyon naming laging sundin ang propeta.

Dalawang buwan bago itinakda ang aming kasal, nakinig kami sa maraming mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1976 na pinagtitibay ang mga alituntunin ng pag-asa sa sarili. Ito ang paksang palaging itinuturo ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) at ng iba pa sa loob ng ilang taon. Si Shelley at ako ay kapwa lumaki na alam ang kahalagahan ng paghahalaman, pagkakaroon ng suplay ng pagkain, at pagiging handa sa lahat ng bagay. Ngunit sa pangkalahatang kumperensyang iyon, tila lalong nangibabaw ang tema ng paghahanda. Tinukoy ng ilang tagapagsalita ang baha sa Teton Dam na nangyari noong Hunyo. Kabilang sa kanila si Barbara B. Smith (1922–2010), ang Relief Society general president, na binigyang-diin ang kahalagahan ng pag-asa sa sarili—lalo na ang pagkakaroon ng isang taong suplay ng pagkain, tulad ng ipinayo noong panahong iyon.[1] Ipinaalala ni Pangulong Kimball sa mga Banal sa mga Huling Araw, sa pagtatapos ng kumperensya, ang talata sa Lucas 6:46, kung saan sinabi ng Tagapagligtas, "Bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?" Pagkatapos ay pinayuhan ni Pangulong Kimball ang mga Banal na dalhin nila ang mga mensahe ng kumperensya sa kanilang "tahanan at . . . buhay sa hinaharap."[2]

Matapos itakda ang aming kasal, nang pag-isipan namin ni Shelley ang pagsisimula ng aming pagsasama at buhay-pamilya, nanatili sa aming isipan ang mga mensaheng ito. Ang hindi namin alam sa isa't isa, kapwa namin iniisip kung paano sisimulan ang pag-iimbak sa tahanan para sa aming pamilya. Para masunod ang payo sa panahong iyon, kinailangan naming simulan ang pag-iimbak ng isang taong suplay ng pagkain. Ngunit

*Ang isang engagement ring kadalasan ay kumakatawan sa isang tapat na pangako. Ngunit para sa aming mag-asawa, ang hindi pagkakaroon ng engagement ring ay kumakatawan sa aming tapat na pangako sa Panginoon at sa Kanyang mga propeta.*

paano namin iyon gagawin? Mga estudyante kami—at mananatiling gayon sa darating na mga taon—at kakaunti ang pera namin. Iisa ang sagot ng Espiritu Santo sa aming dalawa, nang magkahiwalay: kailangan naming ibenta ang engagement ring.

Ngunit paano ko maipapagawa iyon kay Shelley? *Kabibigay* ko pa lang sa kanya ng singsing. Ano ang iisipin niya kapag ipinabenta ko iyon sa kanya para makabili kami ng kaunting oats at harina at bigas? Samantala, nag-aalala rin siya. Ano ang iisipin ko, naisip niya, kung sasabihin niya sa akin na ibenta ang singsing na binili ko para sa kanya? Masasaktan ba ako?


Ngunit napakatindi ng paramdam sa aming dalawa at mahirap itong balewalain, at habang lalo naming iniisip iyon, lalo lumilinaw sa aming isipan ang singsing na diamante. Nang banggitin ito ni Shelley ilang araw pagkaraan ng Pasko, nakahinga ako nang maluwag na pareho kami ng naisip. Sa maraming paraan, napakagandang patibay niyon sa aming dalawa tungkol sa pasiya namin kung sino ang aming pakakasalan. Ang malaman na naaayon ang aming mga prayoridad at pinahahalagahan sa isa't isa at sa propeta ng Diyos ay napakalaking kapanatagan. Labis akong nagpapasalamat sa kanyang kahandaang gumawa ng gayong sakripisyo para masunod ang propeta.

Huwag sana kayong magkamali ng pag-unawa sa akin at huwag ninyong ibenta ang inyong singsing! Hindi maling bumili o magsuot ng engagement ring. Katunayan, may magaganda at nababagay na singsing ang aming mga anak na may-asawa. Maraming paraan para masunod natin ang mga propeta at apostol at maipamuhay natin ang kanilang payo. Ngunit dahil inutusan *kami* ng Espiritu na sundin ang propeta sa pamamagitan ng pagbebenta ng aming engagement ring, sa kaso namin ang pagpili ay sa pagitan ng pagtatago ng singsing at ng pagsunod sa propeta. Nakatulong ito na makapagtatag kami ng dalawang huwaran sa aming tahanan sa simula pa lang: pagsunod sa propeta at pagsunod sa personal at espirituwal na mga paramdam na natanggap namin.

### Mga Tugon sa Aming Desisyon

Ang tindahan ng alahas na nabilhan ko ng singsing ay mga isang linggo nang sarado pagkaraan ng Pasko, ngunit sa unang pagkakataon nang muli itong magbukas, kinausap ko ang alahero. Inasahan ko talaga na tatanggi siyang ibalik sa akin nang buo ang pera ko; tutal, naisuot at gamit na ang singsing. Inihanda ko ang aking sarili sa reaksyong ito at inasahan kong maibenta nang secondhand ang singsing na malaki ang lugi. Ngunit namangha ako, dahil lumambot ang puso ng alahero. Lumabas ako na may dala-dalang pera—at nakamaang ang bibig ko sa pagkamangha kung paano binuksan ng Panginoon ang daan para maging masunurin kami.

Hindi lahat ay nagustuhan ang desisyon namin. Nang malaman ng aming mga kaibigan—kabilang na yaong mga miyembro ng Simbahan—ang ginawa namin at nakita ang maliit na singsing na katad na ginawa ko para isuot ni Shelley, sinabihan nila kaming baliw. Hindi makapaniwala ang ibang mga dalagang kaedad ni Shelley na nagawa niya iyon.



*Muli, sa halip na gumamit ng credit card o mangutang para bumili ng mga grocery, pinagpala kaming mapakain ang aming pamilya mula sa pagkaing inimbak namin.*

Kakaunti ang naghikayat o sumuporta sa amin.

Matatag si Shelley at alam niya na magiging OK siya anuman ang isipin ng mga tao; may tiwala siya na alam niyang sinunod niya ang propeta. At mas mahalaga iyon kaysa anupaman. Ngunit naglaan ang Panginoon ng magiliw na awa sa amin sa pamamagitan ng dalawang kaibigang nagpadama sa amin na hindi kami nag-iisa.

Isinama namin ng kaibigan kong si Bob si Fran sa Simbahan noong high school kami. Nagmisyon kaming tatlo kalaunan, at pag-uwi ni Fran mula sa kanyang misyon, itinakda nila ni Bob ang kanilang kasal. Nang ihatid nila ang magandang balita sa amin ni Shelley, nalaman namin na sa halip na bumili ng engagement ring, nagpasiya rin silang gamitin ang pondo para bumili ng imbak na pagkain. Nakakatuwa na pinatnubayan kaming apat ng Espiritu na gawin ang iisang bagay. Ang katapatan naming sundin ang Espiritu Santo at ang buhay na propeta ay lubos na nagpatibay sa aming pagkakaibigan, na tumagal nang mahigit 40 taon.

### Mga Pagpapala mula sa Pagsunod

Sinimulan namin ni Shelley na bumili ng mga pangunahing pagkain para sa iimbak sa aming tahanan noong Enero 1977 at patuloy kaming bumili nang paunti-unti hanggang sa makasal kami noong Abril ng taong iyon. Bago kami nakasal, nag-imbak kami ng pagkain sa tahanan ng magulang ko.

Matagal na isinuot ni Shelley ang singsing na katad bilang singsing-pangkasal habang nag-aaral ako sa kolehiyo at pagkatapos ay sa pagdedentista. Habang nag-aaral, maraming beses lumipat ng lugar ang aming pamilya. Nasanay kaming humatak ng timba-timbang trigo sa paglipat ng apartment, bahay, at lungsod. Sinimulan kaming iwasan ng aming mga kaibigan tuwing lilipat kami, ngunit kalaunan, labis kaming nagpasalamat na sinunod namin ang payo ng mga pinuno ng Simbahan.

Nang magtapos ako sa pagkadentista at nagsimula akong matrabaho, dalawa na ang anak namin ni Shelley at talagang wala kaming kapera-pera. Buong pasasalamat kaming nabuhay sa bahagi ng naimbak naming pagkain bago kami ikinasal. Ang pagsunod namin sa payo ng propeta ay muling nagpala sa aming buhay nang mahigit isang dekada matapos kaming ikasal, nang makatapos ako sa pag-aaral at maging orthodontist. Muli kaming kinapos sa pera, at sa halip na gumamit ng credit card o mangutang para bumili ng mga grocery, pinagpala kaming mapakain ang aming pamilya (apat na ang anak namin ngayon) mula sa aming suplay.

Sa mga taon simula noon, napagpala na kami sa maraming iba pang paraan sa pagsunod sa turo ng propeta. Natuto kaming huwag pagdudahan ang katotohanan ng itinuturo ng mga propeta at apostol o mag-isip kung makabuluhan ba iyon. Nalaman namin na sa pamamagitan ng pagkilos—at pagkilos kaagad—ayon sa kanilang payo, pinagpapala ang aming buhay.

### Pagkatutong Makinig sa Turo ng Propeta

Maaaring tawagin ng ilan na pikit-matang pagsunod ang ating ginagawa. Ngunit nangako mismo

ang Panginoon na hinding-hindi tayo ililigaw ng mga propeta.[3] Ang kabatirang ito ay nakakatulong sa atin na pakinggan ang kanilang tinig tulad ng pakikinig natin sa Kanyang tinig (tingnan sa D at T 1:38).

Nalaman din natin na karaniwan tayong *inaanyayahan* ng mga buhay na propeta na gawin ang mga bagay-bagay; madalas ay hindi sila gumagamit ng mga salitang gaya ng *inuutusan* o *hinihimok.* Mabait sila at magiliw, ngunit hindi dahilan iyan para hindi tayo sumunod. Nang sinunod namin ni Shelley ang mga paanyayang iyon bilang mga kautusan, lagi kaming pinagpapala.

Natuto rin kaming makahiwatig ng kanilang tagubilin sa pamamagitan ng pakikinig sa mga katagang tulad ng "Matagal ko nang pinag-iisipan . . ." o "Ang matagal ko nang iniisip ay . . ." o "Gusto kong sabihin sa inyo . . ." o "May ipapayo ako tungkol sa . . ." o "Sana ay . . ." Ito at ang mga katagang katulad nito ay mga palatandaan na malalaman natin kung ano ang nasa isipan at puso ng hinirang na mga lingkod ng Panginoon.

Ang isa pang bagay na tumutulong sa atin na marinig ang tinig ng Panginoon kapag nakinig tayo sa mga propeta at apostol ay ang pansining mabuti ang pagbanggit nila sa sinabi ng iba pang mga propeta o apostol. Itinuro ng Panginoon na pagtitibayin Niya ang Kanyang salita sa pamamagitan ng bibig ng dalawa o tatlong saksi (tingnan sa II Mga Taga Corinto 13:1; D at T 6:28).

Dahil napakaraming beses inulit ang mensahe ng pag-asa sa sarili sa pangkalahatang kumperensyang iyon bago itinakda ang aming kasal, nadama naming mag-asawa na angkop na angkop sa amin ang mensaheng iyon noon. Nabigyan kami ng inspirasyong sundin ang payong iyon sa malinaw na paraan. Gayunman, ang pagsunod sa propeta ay hindi laging tungkol sa hayagang pagpapakita ng debosyon; madalas ay makikita ang ating pagsunod sa mas maliliit at personal na paraan. Batid man ng iba ang ating pagsunod o hindi, batid ito ng Panginoon. At pagpapalain Niya tayo dahil sa ating pagsunod at magbubukas ng daan na magawa ito.

Ngayon ay mas tradisyonal na singsing-pangkasal na ang suot ni Shelley, ngunit matagal na niyang naitago ang munting singsing niyang katad bilang alaala. Para sa amin ito ay sagisag ng aming maagang desisyon na gawing bahagi ng buhay ng aming pamilya ang pagsunod tuwina sa payo ng propeta. Ngayon habang pinagmamasdan namin ang pagpapalaki ng aming mga anak sa kanilang mga anak, nagpapasalamat kami na bahagi rin ng buhay ng kanilang pamilya ang tapat na pagsunod sa propeta ng Panginoon na si Pangulong Thomas S. Monson. Para sa amin ang pagsunod na ito ay isang magandang pamana at isang mahahawakang sagisag ng pagtupad sa tipan na tulad ng isang engagement ring. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Barbara B. Smith, "She Is Not Afraid of the Snow for Her Household," *Ensign,* Nob. 1976, 121–22.
2. Spencer W. Kimball, "A Program for Man," *Ensign,* Nob. 1976, 110.
3. Tingnan sa Harold B. Lee, "The Place of the Living Prophet, Seer, and Revelator" (mensahe sa seminary and institute of religion faculty, Hulyo 8, 1964), 13; Marion G. Romney, sa Conference Report, Okt. 1960, 78; *The Discourses of Wilford Woodruff,* ed. G. Homer Durham (1946), 212–13.



*Ngayon ay mas tradisyonal na singsing-pangkasal na ang suot ni Shelley, ngunit matagal na niyang naitago ang munting singsing niyang katad (ilalim) bilang alaala. Para sa amin ito ay isang simbolo ng aming maagang desisyon na sundin ang propeta.*



MGA LARAWANG KUHA NI JOHN LUKE

# Tuwirang Sagot

## May hangganan ba ang pagsisisi?

**Kung paulit-ulit akong hihingi ng kapatawaran para sa iisang bagay, mararating ko ba ang hangganan nito?**



May dalawang bagay na dapat tandaan dito: (1) ang awa ng Diyos ay talagang walang hanggan, at (2) ang ibig sabihin ng tunay na pagsisisi ay pagtalikod sa iyong mga kasalanan.

Sa isang banda, dahil walang hanggan ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaaring magsisi ang lahat, kahit ang mga tao na maraming ulit nang nagawa ang isang pagkakamali. Tulad ng sabi ng propetang si Alma, "Masdan, [ang Panginoong Diyos] ay nagpadala ng paanyaya sa lahat ng tao, sapagkat ang mga bisig ng awa ay nakaunat sa kanila, at kanyang sinabi: Magsisi at akin kayong tatanggapin" (Alma 5:33).

Sa kabilang banda, itinuro ni Propetang Joseph Smith na, "Ang pagsisisi ay isang bagay na hindi maaaring balewalain sa araw-araw. Ang araw-araw na paglabag at pagsisisi ay hindi nakasisiya sa paningin ng Diyos" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 87).

Kung gayon ay ano ang susi sa pagsisisi? Gaya ng inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith, "Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon" (D at T 58:43). At gaya ng itinuro ni Alma, "Ang sinumang magsisisi ay makasusumpong ng awa; at siya na nakasumpong ng awa *at makapagtitiis hanggang katapusan* siya rin ay maliligtas" (Alma 32:13; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa madaling salita, kailangan mong ipagtapat at talikuran ang iyong mga kasalanan at sikaping maging tapat hanggang sa

huling sandali ng iyong buhay. Kung nahihirapan kang daigin ang isang kasalanan, huwag kang susuko sa pag-aakalang may hangganan ang taos-pusong pagsisisi. Humingi ng tulong sa iyong mga magulang at sa iyong bishop o branch president. Ang kanilang pagmamahal, suporta, at payo ay makakatulong sa iyo habang sinisikap mong alisin ang kasalanan sa iyong buhay at lalong lumapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. ■

## Maaari bang makibahagi sa sakramento ang mga hindi miyembro?

Tulad ng alam ninyo, ang tinapay at tubig ng sakramento ay para sa mga miyembro ng Simbahan upang mapanibago natin ang ating mga tipan sa binyag. Gayunman, hindi tayo dapat gumawa ng anuman sa oras ng sacrament meeting para hadlangan ang mga hindi miyembro na makibahagi sa sakramento.

Makabubuting anyayahan ang mga di-miyembrong kaibigan at kapamilya sa simbahan, at nais nating ipadama na tanggap sila at mapapanatag sa ating mga pulong. Makakatulong na ihanda sila para sa sacrament meeting sa pagpapaliwanag ng layunin ng sakramento at ng mangyayari sa oras ng pulong. Kung itanong nila kung dapat silang makibahagi sa sakramento, sabihin lamang na maaari nilang piliing gawin iyon bagama't ito ay para sa mga miyembro ng Simbahan, na nagpapanibago ng kanilang mga tipan sa binyag.

Tulad ng sabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang ordenansa ng sakrament ang nagpapabanal at nagpapahalaga nang lubos sa sakrament miting sa Simbahan" ("Ang Sakrament Miting at ang Sakrament," *Liahona,* Nob. 2008, 17). Dapat nating tulungan ang mga hindi miyembro na maunawaan ang mahalagang ordenansang ito, na tinitiyak na panatag din sila sa ating mga pulong. ■

## Ang mga hayop ba ay may espiritu? Ano ang mangyayari sa kanila pagkamatay nila?

Oo, may espiritu ang mga hayop (tingnan sa D at T 77:2–3). Siyempre, malaki ang pagkakaiba ng espiritu ng mga hayop sa ating espiritu—tayo ay mga anak ng Ama sa Langit, at sila ay hindi.

At ayon kay Propetang Joseph Smith, kahit paano ay may ilang hayop sa langit. Sabi niya:

"Nakakita si Juan ng kakaibang hitsurang mga hayop sa langit; . . . na talagang naroon, na nagpupuri sa Diyos. . . . (Tingnan sa Apoc. 5:13.) . . .

"Sa palagay ko libu-libong uri ng mga nilalang ang nakita roon ni Juan, na nailigtas mula sa libu-libong daigdig na gaya nito,—kakaibang mga hayop na wala tayong ideya: lahat ay maaaring makita sa langit. Nalaman ni Juan na niluwalhati ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagliligtas sa lahat ng ginawa ng Kanyang mga kamay, mga hayop man ito, ibon, isda o tao; at luluwalhatiin Niya ang Kanyang sarili na kasama nila" (sa *History of the Church,* 5:343).

Kaya nga, kahit hindi natin lubos na nauunawaan ang nangyayari sa mga hayop pagkamatay nila, naniniwala tayo na magtatamasa sila isang uri ng kaligtasan at imortalidad. ■



PAGLALARAWAN NI AUGUST MILLER; LARAWAN NG PUSA © GETTY IMAGES

# PANGALAGAAN ANG IYONG TEMPLO



Malulusog na pagpili ang nagpapalusog sa iyo.
(Tingnan sa D at T 89.)

PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

# Amos 3:7

*Itinuturo sa atin ng talatang ito ang mahalagang papel ng mga propeta.*



### Ang Panginoong Diyos


"Dahil mahal ng ating Ama ang kanyang mga anak, hindi niya tayo hahayaang hulaan kung ano ang pinakamahalaga sa buhay na ito kung magpapaligaya ba ang ating pagpansin o kung magpapalungkot ang ating pagwawalang-bahala. Kung minsan diretsahan niyang sasabihin sa isang tao ang gayong mga bagay, sa pamamagitan ng inspirasyon. Ngunit bukod pa rito, sasabihin niya sa atin ang mahahalagang bagay na ito sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod. . . . Ginagawa Niya ito para kahit na ang mga taong hindi nakadarama ng inspirasyon ay malaman, kung makikinig lamang sila, na sinabi na sa kanila ang katotohanan at binalaan na sila."


**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "The Family," *Liahona,* Okt. 1998, 12; *Ensign,* Peb. 1998, 10.**

### Siya ay Naghahayag

Paano nangungusap ang Panginoon sa Kanyang mga propeta? Maraming paraan, kabilang na ang:

- Inspirasyon sa pamamagitan ng Espiritu Santo (tingnan sa II Pedro 1:21).
- Mga pangitain at panaginip (tingnan sa Mga Bilang 12:6; 1 Nephi 8:2).
- Pagpapakita ng mga makalangit na nilalang (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17; D at T 110:8).


samaan sa bayan, at hindi ginawa ng Panginoon?
7 Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, [a]kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.
8 Ang leon ay umungal, sinong di matatakot? Ang Panginoong Dios




### Kanyang mga Lingkod na mga Propeta

"Paulit-ulit na ipina[p]ahayag ng mga banal na kasulatan na ibinibigay ng Panginoon ang Kanyang mga kautusan sa mga anak ng tao sa pamamagitan ng mga buhay na propeta. Walang lupon, samahan, o anupamang awtoridad ang may karapatang diktahan Siya ng doktrinang salungat sa Kanyang batas. Ang mga walang hanggang biyaya ng Diyos ay depende sa ating pagsunod at pagtalima sa salita ng Panginoon na ipinahayag sa atin sa pamamagitan ng Kanyang mga banal na propeta."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Naniniwala Kami sa Lahat ng Ipinahayag ng Diyos," *Liahona,* Nob. 2003, 88.**

### Ang Kanyang Lihim

Ang literal na kahulugan ng orihinal na salitang Hebreo na ginamit sa Biblia para sa *lihim* ay "payo," kaya't may kinalaman ito sa mga plano o layon ng Panginoon.





Ano ang ipinagagawa sa atin ng mga buhay na propeta at apostol kamakailan? Repasuhin ang pinakahuling pangkalahatang kumperensya (tingnan sa conference.lds.org) at isiping isulat sa inyong journal ang mga bagay na dama ninyong ipinagagawa sa inyo bunga ng sinabi ng mga lingkod ng Panginoon.

*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata ng banal na kasulatan, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*

Ni Michael R. Morris
Mga Magasin ng Simbahan

# Ang Napakagandang

*Para kay Alex Escobar, ang pagpapakita niya ng magandang halimbawa ay nakagawa ng kaibahan sa walang-hanggan para sa kanyang pamilya.*




Walong taon na ang nakalilipas, noong si Alex Escobar ay isang teacher sa Aaronic Priesthood, nangako siyang maglilingkod sa full-time mission. Noong panahong iyon, ni hindi pumasok sa isip niya na magiging bishop niya ang kanyang ama pagpasok niya sa misyon.

Iyon ay dahil sa sampung taon nang mahigit na hindi nagsisimba ang tatay ni Alex. Ngunit si Alex, na mag-isang nagsisimba noon, ay hindi kailanman tumigil sa paghikayat sa kanya—ni sa iba pang miyembro ng kanyang pamilya.

"Nalaman ko sa sarili ko kung gaano kahalaga ang halimbawa," sabi niya.

### Hinanap Ako ng Aking mga Lider

Paano mananatiling aktibo sa Simbahan ang isang binatilyo nang walang suporta mula sa kanyang pamilya? Sinabi ni Mario Sayas, na siyang bishop noong nasa Aaronic Priesthood pa si Alex, na dahil iyon sa patotoo ni Alex at sa kanyang matatapat na lider sa Young Men. Sumang-ayon si Alex.

"Kapag hindi ako nagsisimba, hinahanap ako ng mga lider ko," sabi niya. "Unti-unti kong nalaman ang tungkol sa ebanghelyo hanggang sa magkaroon ako ng malakas na patotoo. Ang isa pang dahilan kung bakit patuloy akong nagsisimba ay dahil alam ko na sa pamamagitan lamang ng ebanghelyo ni Jesucristo kami maaring maging maligayang pamilya magpakailanman."

Ang pagkakamit ng mithiing iyon ay nangangahulugan ng pananatiling malakas kahit nahihirapang manatiling



# Halimbawa ni ALEX

aktibo kung minsan ang ilan sa mga kaibigan niya sa simbahan sa Córdoba, Argentina.

"Napakaraming tukso na labagin ang Word of Wisdom at ang batas ng kalinisang-puri," sabi ni Alex, na tumanggap ng lakas sa payong natanggap niya mula kay Bishop Sayas. "Sabi niya, 'Ang tanging paraan upang maging marapat sa isang karapat-dapat na babae ay maging karapat-dapat ka mismo.'Malaki ang naitulong nito sa akin."

Lalo pang lumakas ang patotoo ni Alex nang sundin niya ang panaginip niya na tinawag siya sa full-time mission. Nagsimula siyang maghanda ngunit hindi na hinintay na tumuntong siya ng 19 anyos para simulang ibahagi ang ebanghelyo, at sinimulan ito sa sarili niyang pamilya.

"Palaging ipinagdarasal at hinihikayat ni Alex ang kanyang pamilya," sabi ni Bishop Sayas. "At palagi niyang hinihikayat ang kanyang mga kuya na magsimba. Ang pagsisikap na ibalik ang kanyang pamilya ay nagtagumpay dahil kay Alex."

### "Ako ang Matigas ang Ulo Noon"

Kapag naiisip ng ama ni Alex na si René ang 13 taong ginugol niya sa labas ng Simbahan, nanghihinayang siya sa mga bagay na pinalampas niya.

"Napakahirap ng mga taon na iyon," sabi niya. "Kung minsan hindi ko maiwasang isipin ang panahong nawala sa akin sa hindi pagtamasa sa napakagandang buhay na alok ng ebanghelyo."

Ang pamilya Escobar ay sumapi sa Simbahan sa Córdoba noong bata pa si Alex. Nanatili silang aktibo hanggang sa bumalik sila sa kanilang tinubuang bayan sa Bolivia pagkatapos mabinyagan si Alex. Habang nasa Bolivia, nalimutan nila "ang kahulugan ng ebanghelyo sa aming buhay," sabi ni René.

Nang bumalik sila sa Córdoba makalipas ang dalawang taon, ang ina ni Alex na si Carmen ay paminsan-minsang nagpupunta sa simbahan kasama ang apat nilang anak. Ngunit si René, na masugid na football player, ay tulog kapag Linggo dahil sa mga laro sa Sabado at sa mga gawaing kaugnay nito—mga gawaing madalas ay nangangahulugan ng paglabag sa Word of Wisdom.

"Ako ang matigas ang ulo noon," sabi niya. "May mga pagkakataong akala ko ay tuluyan na akong naligaw, na naiisip natin kapag wala sa atin ang patnubay ng Espiritu."

Ang tuluyang nagpabago kay René ay ang pagkaunawa na ang kanyang halimbawa ay nakasasakit sa kanyang mga anak. "Parang mga ulila ang mga anak ko na nagpupunta sa simbahan nang sila lamang dahil hindi aktibo ang kanilang ama," paggunita niya.

"Sinimulan kong suriin ang buhay ko at ang epekto ng aking halimbawa sa aking mga anak," sabi ni René, na nagpapasalamat na tinulutan siya ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na makapagsisi. "Natanto ko na hindi ko ginagawa ang mga responsibilidad ko bilang isang ama. Lahat ng ito ay tumulong sa akin na maalaala ang Panginoon, lumuhod, at hilingin sa Kanya na tulungan akong makabalik sa simbahan."

Habang lalong nagiging matapat si René at lumalago ang kanyang patotoo, sunud-sunod na dumating ang mga tungkulin. Ilang taon matapos muling yakapin ang ebanghelyo, nakatanggap siya ng impresyon na inihanda siya ng Panginoon para sa isang mahalagang bagong tungkulin.

"Ang bunga ay naging bishop ko si Itay," sabi ni Alex.

### Ang Kahalagahan ng Halimbawa

Habang naglilingkod si Alex sa Argentina Resistencia Mission, nangulila ang lahat sa kanya, ngunit nagpapasalamat sila na ibinabahagi niya ang kanyang halimbawa sa iba. At nagpapasalamat sila na nabuklod sila sa Buenos Aires Argentina Temple noong 2009.

"Si Alex ang laging nag-aasikaso sa amin at nakikipag-ugnayan noon sa mga miyembro ng ward," sabi ni Carmen. "Sinabi nila sa amin na palagi siyang nagdarasal na bumalik na sa simbahan ang kanyang mga magulang. Nagpapasalamat kami na hindi siya tumigil sa paghikayat sa amin."

Masaya si Bishop Escobar na si Alex ang unang misyonerong ipinadala niya sa misyon nang tawagin siyang maging bishop. "Nakakatuwa na mayroon kang anak na naglilingkod," sabi niya. "Nangungulila kaming lahat kay Alex, pero ako ang lalong nangungulila sa kanya. Siya ang sumuporta sa akin noon."

Kung mabubuting halimbawa ang mga Latter-day Saint, sabi ni Alex, mapapansin ito ng iba sa bandang huli. "Kung maligaya tayo at kuntento sa Simbahan, nanaisin ng iba na madama rin ang kaligayahang nadarama natin. Kung magtitiis tayo at susulong, maaaring magkaroon ng mga himala." ■

MGA LARAWANG KUHA NI MICHAEL R. MORRIS

**Ni Elder Richard G. Scott**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# PAANO TAYO MAKIKINABANG NANG HUSTO SA PAGDALO SA TEMPLO?

Bawat miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay pinagpapalang mabuhay sa panahon na binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang mga propeta na dagdagan pa ang mga banal na templo.

Dahil mahal ko kayo, magsasalita ako sa inyo nang tapatan, nang walang paliguy-ligoy. Nakita ko na maraming beses nagsakripisyo ang mga tao para makapunta sa isang malayong templo. Pero kapag may itinayong templo sa malapit, di magtatagal, maraming hindi nagpupunta rito nang regular. May mungkahi ako: Kapag malapit ang templo, may maliliit na bagay na maaaring humadlang sa mga plano ninyong pumunta sa templo. Magtakda ng mga mithiin, na iniisip ang inyong mga kalagayan, kung kailan kayo maaaring lumahok at lalahok sa mga ordenansa sa templo. At huwag ninyong hayaang may humadlang sa planong iyan. Sa sistemang ito walang alinlangang ang malalapit ang tirahan sa templo ay pagpapalain ding tulad ng mga yaong nagpaplano nang napakaaga at nagbibiyahe nang malayo papunta sa templo.

Hinihikayat ko kayong magtakda ng sarili ninyong mithiin kung gaano kadalas kayo makalalahok sa mga ordenansa sa ating mga templo. Ano ba ang naroon na mas mahalaga pa sa pagpunta at pakikilahok sa mga ordenansa sa templo? Anong aktibidad ang may mas malaking epekto at magbibigay ng ibayong galak at lubos na kaligayahan maliban sa pagsamba sa templo?

Magbabahagi ako ngayon ng ilang karagdagang mungkahi kung paano higit na makikinabang sa pagpunta sa templo.

- Unawain ang doktrinang nauugnay sa mga ordenansa sa templo, lalo na ang kahalagahan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.[1]
- Habang nakikibahagi sa mga ordenansa sa templo, isipin ang inyong kaugnayan kay Jesucristo at ang Kanyang kaugnayan sa ating Ama sa Langit. Ang simpleng gawaing ito ay higit na magpapaunawa sa kabanalan ng mga ordenansa sa templo.
- Laging mapanalanging ipagpasalamat ang walang kapantay na pagpapalang dulot ng mga ordenansa sa templo. Mamuhay bawat araw sa paraang mapapatunayan ninyo sa Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak kung gaano kahalaga sa inyo ang mga pagpapalang iyon.
- Mag-iskedyul ng regular na pagpunta sa templo.
- Maglaan ng sapat na oras upang hindi kayo nagmamadali sa loob ng templo.
- Hubarin ang inyong relo sa pagpasok ninyo sa bahay ng Panginoon.
- Pakinggang mabuti ang presentasyon ng bawat aspeto ng ordenansa nang may bukas na puso at isipan.
- Isipin ang mga taong ginagawan ninyo ng ordenansa. Paminsan-minsan ipagdasal na mabatid niya ang malaking kahalagahan ng mga ordenansa at maging marapat o maghandang maging marapat upang makinabang mula rito.

Kung minsan kapag nakakarinig ako ng koro sa isang serbisyo sa paglalaan ng templo, may nadarama akong napakadakila kaya sumisigla ang aking puso't isipan. Nagpipikit ako ng mga mata, at hindi lang minsan ko nakikita, sa aking isipan,



PAGLALARAWAN NI DEREK ISRAELSEN

ang isang grupo ng mga taong nagmumula sa templo at paakyat. Ipinalagay kong kinakatawan nila ang maraming espiritung naghihintay na magawan ng gawain sa banal na lugar na iyon, na nagagalak dahil sa wakas ay may isang lugar na magpapalaya sa kanila mula sa mga kadenang pumipigil sa kanilang walang hanggang pag-unlad. Para maisakatuparan ang layuning ito, kailangan ninyong isagawa ito para sa kanila. Kailangan ninyong tukuyin ang inyong mga ninuno. Pinadali na ng bagong FamilySearch program ang gawaing ito. Kailangang matukoy ang mga ninunong iyon, maglaan ng impormasyon tungkol sa kanila, at pumunta sa bahay ng Panginoon para gawin ang mga ordenansang inaasam nilang matanggap.



Kaylaking kagalakan ang makabahagi sa gawain sa templo! ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2009.*

**TALA**

1. Magandang simulan ang pag-aaral sa mga bahagi 88, 109, 131, at 132 ng Doktrina at mga Tipan.

***Anong aktibidad ang may mas malaking epekto at magbibigay ng ibayong galak at lubos na kaligayahan maliban sa pagsamba sa templo?***




# MAG-ISA NGUNIT **HINDI NAG-IISA**

**Ni Joshua J. Perkey**
Mga Magasin ng Simbahan

*Saan man kayo nakatira, may mga pagkakataon na nadarama ninyong naiiba kayo. Kapag nangyayari iyan, mahalagang manatiling nakapokus at gawin ang tama.*

Alam ni Juan Cabrera, isang 18-anyos mula sa Cuenca, Ecuador, kung ano ang pakiramdam ng maging kaiba. Isa lamang siya sa iilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa isang lungsod na mayroong mga 500,000 mamamayan, at ang hatak na bumigay sa tukso ay napakalakas. Ngunit alam ni



Juan na may isang pinagmumulan ng lakas na higit kaysa anumang tukso.

**Pagkakaroon ng Pokus**

Noong bata pa ay tinuruan na si Juan ng kanyang mga magulang na sundin ang mga pamantayang magpapala sa kanyang buhay. Nakatulong ito sa kanyang paglago at pagpapahusay ng kanyang mga talento. "Bata pa ako, naging mithiin ko na sa Primary at Young Men na matutong tumugtog ng mga instrumento," paliwanag niya. "Tumutugtog ako ng biyolin, plauta, piyano, at ngayon ng gitara. Gitara ang pinakagusto ko sa lahat."

Nagtakda rin si Juan ng mga mithiin para manatiling malusog batay sa *Pagganap ng Aking Tungkulin sa Diyos*. Sa paglipas ng mga taon nakapag-aral siya ng tae kwon do, paglangoy, at gymnastics, at kasama pa siya sa koponan ng mga mananakbo sa high school.

"Gustung-gusto kong matuto. Kaya nga lagi kong tinatanggap ang hamon na matutong tumugtog ng isang bagong instrumento o isport, para may iba pa akong matutuhan," sabi niya.

Ang mga mithiing ito ay sumuporta rin sa isang mas malaking mithiin. "Lahat ng ginawa ko, lahat ng pinagaralan ko, lahat ng pisikal na paghahanda, lahat ng mithiing itinakda ko—lahat ay dahil sa layunin kong makapagmisyon," paliwanag niya. "At ang pagmimisyon ay bahagi lamang ng isa pang mithiin: ang mabuklod sa templo at maging mabuting asawa."

**Pagkatutong Magsabi ng Hindi**

Kahit nakapokus na mabuti, alam ni Juan na hindi madaling magtuon ng pansin sa target. Ilang taon na ang nakalilipas nakahugot siya ng lakas sa nakatatandang kabinataan sa kanyang ward. Ngunit karamihan sa kanila ay lumipat na o kaya'y dumadalo na sa elders quorum, at naiwan si Juan sa iilang kaibigan sa Simbahan na susuporta sa kanya kapag mahirap ang mga bagay-bagay. Sa gayong mga pagkakataon, humahanap si Juan ng lakas mula sa kanyang mga magulang at kapatid—at mula sa kanyang Ama sa Langit.

"Kung minsan medyo nalulungkot ka dahil naiiba ang iyong mga pamantayan, ang paraan ng pamumuhay, ang pakikitungo sa ibang tao, ang paghahanap ng iba't ibang bagay sa buhay. Ngunit ang totoo ay hindi ka kailanman nag-iisa," may tiwalang pagdaragdag ni Juan. Nariyan palagi ang panalangin, at palagi tayong makalalapit sa ating Ama sa Langit. Palagi akong nagdarasal na magkaroon ng lakas na gawin ang tama, na magkaroon ng lakas ng loob na manindigan sa aking mga kaibigan kapag hindi tama ang kanilang ginagawa.

"At alam ba ninyo?" pagpapatuloy niya. "May mga pagkakataon na sinabi sa akin ng mga kaibigan ko na hanga sila sa halimbawa at lakas ng loob kong magsabi ng hindi."

**Paninindigan**

Ang ilan sa mga tuksong nakaharap ni Juan ay madaling tanggihan. Madali siyang magsabi ng hindi kapag niyaya siya ng isang kaibigan na uminom ng alak. Malinaw na paglabag iyon sa mga kautusan.

"Ngunit may mga pagkakataon na hindi mo mapapansin ang mga tukso," paliwanag ni Juan. "Gaya ng sinasabi sa mga banal na kasulatan, kung minsan ito'y nakabalatkayo [tingnan sa Mateo 7:15]. Ang mga tukso ay maaaring magmukhang hindi masama dahil mukha namang hindi ito lalabag sa isang partikular na kautusan. Sa pagkakataong iyon mo kailangang magdasal para malaman kung ano ang nangyayari para hindi ka malito. Tinutulungan ako ng Espiritu na maunawaan ito nang maraming beses kapag may mali o kapag sinisikap ng mga tao na pagawin ako ng masasamang bagay."

Habang naghahanda si Juan para sa kanyang misyon, nagkaroon siya ng mga bagong kaibigan sa Simbahan na sumusuporta sa kanya.

"Halimbawa na ako ng ibang kabataan ngayon, at pagpapala ito sa akin," sabi niya. "Tinutulungan ako nitong maunawaan na sulit ang pagsisikap na maging malakas, maging matapat." ■



***Itaas: Si Juan kasama ang kanyang pamilya. Ibabaw: isa sa apat na ilog na dumadaloy sa Cuenca.***

MGA LARAWANG KUHA NI JOSHUA J. PERKEY

Ni Stephanie Gudmundsson

# ANG ARAW-ARAW KONG PATOTOO

*Ang aking patotoo ay nagmumula sa araw-araw na pamumuhay ng ebanghelyo at hindi sa isang sandali ng himala.*



Noong lumalaki ako, palagi akong naghahanap ng mga himala para mapatunayan sa sarili ko na may patotoo ako. Marami akong naririnig na kuwento tungkol sa mga himalang nangyari nang malaman ng mga tao nang walang pag-aalinlangan na ang ebanghelyo ay totoo. Mga kuwento ng paninindigan sa harap ng tukso o panganib, ng pag-akay sa daan-daang tao sa Simbahan sa pamamagitan ng maliliit at simpleng gawa, ng mga pagkakataon na nabubuklat ang mga banal na kasulatan para masagot ang mga problema sa buhay. Ang paborito kong mga kuwento ay tungkol sa isang taong pauwi na isang gabi, na nakalampas sa isang panganib na kinabukasan na nila nalaman. Nakarinig na ako ng mga kuwento ng mahimalang mga paggaling o mga anghel na nagpoprotekta sa mga tao. Sabik na akong makaranas ng gayong mga sandali. Umasa akong makakita ng mga anghel at liwanag na magsasabi sa akin na may patotoo ako sa Simbahan.

Tinuruan ako ng mga magulang ko na magdasal, magsimba, magbasa ng mga banal na kasulatan, manamit nang disente, mamuhay nang malinis at ligtas sa mga makamundong impluwensya, at magtiwala sa Panginoon. Nagkaroon ako ng tiwala na mamuhay nang tama. Gusto ko lamang mapatunayan na mayroon akong patotoo at mapansin ito ng iba para sa akin.

Sa mga family home evening o sa Sunday School, pinapraktis namin ang sasabihin na tutulong sa amin na manindigan sa kabila ng pamimilit ng mga barkada. Sabik na akong sambitin ang mga ito. Halimbawa, inisip kong kunwari ay kasama ko ang mga kaibigan ko. May isang kukuha ng alak at ipapasa-pasa ito. Iaabot sa akin ang serbesa, at lahat ng mata ay nakatingin sa akin. Madarama ko na ang pamimilit nila. Tatayo ako at sasabihing, "Ayoko! Mormon ako, at hindi ako umiinom ng alak!" Magugulat silang lahat. Kahit ano pa ang sabihin nila ay hindi nila ako mapipilit. Di magtatagal at tapos na ang party, at may isang espesyal na taong magsasabi sa akin na humanga siya sa katatagan ko kaya't nais niyang malaman ang iba pa tungkol sa aking simbahan. Aawit ng papuri ang mga anghel, at mapupuspos ako ng liwanag.

Hinding-hindi iyon nangyari. Walang tumukso sa akin nang gayon. Para bang alam na nila ang mga pamantayan ko dahil sa paraan ng aking pamumuhay. Nakalulungkot dahil ang aking "maluwalhating sandali" ay hindi nangyari kailanman.

Ngunit alam ko na ngayon na hindi kailangang magmula sa pagpapakita ng mga anghel ang pagkakaroon ng patotoo. Ang aking patotoo ay nagmumula sa araw-araw na pamumuhay ng ebanghelyo, sa pagkadama ng pagsaksi ng Espiritu Santo, at sa pagtatamasa ng mga simpleng pagpapala mula sa pagsunod.

Alam ko kung sino ako. Alam kong mahal ako ng Diyos. Alam kong tinubos ng Tagapagligtas ang aking mga kasalanan. Ito ang aking patotoo. Ang kaalamang ito ay nagdudulot ng kapayapaan sa aking isipan.

Hindi ko masasabing may himalang nangyari nang malaman kong totoo ang Simbahan, ngunit masaya akong malaman na *talagang* mayroon akong patotoo. Kaya't, hanggang sa sandaling magpakita sa akin ang mga anghel, masisiyahan na akong mamuhay nang normal sa simpleng pagpapala ng pagkaalam na ang ebanghelyo ay totoo. ■

PAGLALARAWAN NI ANNIE HENRIE

# Ang Bahaging para sa Atin

## ISANG NAGBIBIGAY-INSPIRASYONG TALATA

Tuwing gusto kaming bigyan ni Inay ng isang nagbibigay-inspirasyong mensahe mula sa mga banal na kasulatan, binabanggit niya ang Alma 37:37. Maraming beses na niya itong naibahagi kaya't kapag sinisimulan na niya itong basahin, sumasabay kami sa kanya sa pagbigkas dahil nai-saulo na namin ito.

Madalas akong magtaka kung bakit lagi niyang ibinabahagi iyon sa amin—oo, alam na namin na kailangan kaming magdasal at magpasalamat sa aming pang-araw-araw na buhay. Ngunit ang lubos na nakaantig sa puso ko ay nang matanto ko sa huli na gusto lang ni Inay na hindi namin malimutan kailanman na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay laging nakamasid sa amin.

Tuwing nariyan ang hirap at mga pagsubok, hindi ko nalilimutang basahin ang talatang iyon. Palagi kong naaalala kung gaano tayo kamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Kailangan kong ipagpasalamat ang lahat ng pagpapalang natatanggap ko. Lagi kong maaalala kung paano binago ni Inay ang aking pananaw sa panana-langin at sa pagpapasalamat maging sa oras ng mga pagsubok.

Hannah M., Philippines



Kinunan ko ang retratong ito ng London England Temple nang mag-punta roon ang aming pamilya kasama ang kapatid kong lalaki nang tanggapin niya ang kanyang endowment bago siya nagmisyon. Tuwang-tuwa akong makita ang pagpunta ng kapatid ko sa templo.

Habang nasa loob sila ng templo, naglakad-lakad ako sa paligid ng tahi-mik na bakuran, na nakatuon ang isipan sa Ama sa Langit. Hindi kailangang nasa loob ka ng templo para madamang malapit ka sa Panginoon. Inisip-isip ko kung gaano kaganda ang bahay ng Pa-nginoon at kung gaano ang pananabik kong matanggap balang-araw ang mga pagpapala ng templo.

Ang makita ang kaligayahan sa mukha ng kapatid ko nang lumabas siya ng templo ay nagpalakas sa aking patoto. Nadama ko ang pagmamahal niya sa Tagapagligtas at nasabi kong walang katulad ang mga pagpapala ng templo.

Ipinaaalala sa akin ng napa-kagandang retratong ito ang espesyal na araw na ito at tinu-tulungan ako nitong magtuon sa paggawa ng tama. Ikinuwadro ko ang retrato at isinabit ito sa kuwarto ko para lagi kong maa-lala ang kahalagahan ng pamu-muhay nang karapat-dapat para makapasok ako balang-araw sa bahay ng Panginoon at matang-gap ang sarili kong endowment.

In-upload ko ang retrato sa aking Facebook page, at marami akong natanggap na magandang feedback mula sa iba. Gustung-gusto ng lahat ng makakita ang retratong ito, at naging daan pa ito upang masabi sa mga tao ang tungkol sa ebanghelyo.

Emily M., England

## BAKIT AKO NASA MISYON

Kakaiba ang gawaing misyonero! Ang isa sa mga dahilan kaya ako nagpasiyang magmisyon ay dahil sa isang misyonerong nadestino sa aming branch. Minsan ay tina-nong ko siya, "Elder, bakit ka nagmisyon at iniwan mo ang iyong trabaho at pamilya?" Ang sagot niya, "Brother, may dalawang dahilan kung bakit ako nagmisyon. Una, mahal ko ang Diyos. Pangalawa, mahal ko ang mga taong hindi pa nakarinig sa ebanghelyo ni Jesucristo." (Tingnan sa Mosias 28:3.)

Dahil sa misyonerong iyon, narito ako ngayon sa misyon.

Elder Perez, Philippines Baguio Mission



PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN

*Kanino ko maibabahagi ang ebanghelyo? Alam ko na kung kanino.*

# TUNAY NA **GALAK**

**Ni Melissa Lewis**

"At kung mangyayaring kayo ay . . . magdala kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!" (D at T 18:15).

Nang basahin ng bishop ko ang talatang ito, lumukso sa tuwa ang puso ko. Para kong nakita ang aking sarili sa binyag ng isang taong nabahaginan ko ng ebanghelyo. Magiging napakaligaya ng kaibigan ko, at malalaman ng lahat na bibinyagan ang kaibigan ko dahil sa akin. Magagalak akong nang husto.

Naisip ko kaagad ang pangalan ni Angela. Siya ang pinakamatalik kong kaibigan noon, at kailangan niya ang ebanghelyo. Natitiyak ko na ang pakikinig sa ebanghelyo at pagkaalam na siya ay anak ng Diyos ay makakatulong na masagot ang kanyang mga tanong at magpapatatag sa kanya.

Kinabukasan ay itinanong ko, "Hey, Ang, magba-barbecue kami sa simbahan sa Sabado. Gusto mong sumama?"

"Sige," sagot niya, "mukhang masaya 'yan."

Dumalo siya, at sa paglipas ng mga buwan, patuloy ko siyang inanyayahan sa bawat aktibidad ng Simbahan na maisip ko. Pagkatapos ng bawat aktibidad ay tinatanong ko siya, "Ngayon, Ang, ano sa palagay mo?" Nauwi ito sa mga talakayan tungkol sa mga walang-hanggang alituntunin. Masaya ako. Anumang araw ay matatanggap ko na ang mga pagpapalang ipinangako ng Ama sa Langit.

Isang gabi ng taglamig bago sumapit ang Pasko, nagpasiya kami ni Angela na maglakad-lakad sa paligid ng Washington D.C. Temple. Nadama namin ang Espiritu Santo habang naglalakad kami, at alam kong may nadarama siya.

"Ano ang pakiramdam mo?" tanong ko.

"Parang gusto kong magpabinyag. . . . Sandali," babala niya nang makita niya ang kasiyahan sa mukha ko. "Hindi ako maaaring binyagan ngayon, at hindi ko puwedeng papuntahin ang mga misyonero para bisitahin ako. Hindi papayag ang mga magulang ko. Pero, puwede bang ituro mo sa akin ang lahat ng nalalaman mo?"

Sa gulat ko, mapakumbaba akong sumagot, "Oo, sisikapin kong ituro ang lahat ng alam ko."

Kalaunan nang gabing iyon naisip ko ang pangakong nagawa ko. Lahat ng alam ko? Pero paano kung hindi sapat ang alam ko? Sapat na ba ang lakas ng aking patotoo? Alam ko ba talaga na totoo ang ebanghelyo?

Nagpasiya akong simulan kinabukasan na alamin ang lahat ng maaari kong malaman tungkol sa ebanghelyo, upang magkaroon ng tunay na patotoo sa katotohanan nito.

Buong sigasig kong sinimulang basahin ang mga banal na kasulatan gabi-gabi. Naging mas taos ang mga panalangin ko habang isinasamo ko na malaman namin ni Angela kung totoo ang ebanghelyo.

Unti-unting dumating ang mga sagot. Sa


PAGLALARAWAN NI JULIE ROGERS



mga talakayan namin kung minsan ay inaakay ako ng Espiritu na sabihin ang mga bagay na noon lang pumasok sa isip ko. Lalong lumakas ang aking patotoo sa pagbabahagi ko nito. Naging tunay sa akin ang mga banal na kasulatan.

Naroon ang mga magulang ko para tulungan ako. Sila ay mahalagang sanggunian, at lalo ko silang natutuhang mahalin at pasalamatan.

Pagkaraan ng limang taon hindi pa rin miyembro ng Simbahan si Angela. Kung hahatulan ko ang sarili ko batay sa inaasahan ko bilang estudyante sa ikawalong baitang, bagsak ako. Hindi ako naupo sa isang binyag at natanggap ang "kagalakan" sa papuri ng lahat sa isang taong nakapagdala ng isang kaibigan sa ebanghelyo. Gayunman, nagbago ang mga inaasahan ko. Lalo kong nailapit sa Diyos ang sarili kong kaluluwa. Kahit hindi sumapi si Angela sa Simbahan, ang pag-aaral at pagtuturong ginawa ko ay hindi nasayang. Naragdagan ang kaalaman niya tungkol sa ebanghelyo, at ang pagbabahagi nito sa kanya ay nagpabago sa akin. At tinulungan ako nito na maging mas epektibo sa pagbabahagi nito sa iba.

Ang pangakong kagalakan sa Doktrina at mga Tipan ay hindi nangangahulugan ng papuri ng mundo. Malaki ang kagalakan ko dahil mas nakilala ko ang aking Tagapagligtas at nagkaroon ako ng malakas na patotoo sa Kanyang ebanghelyo. ■

# Ang PINAKAMAHUSAY na Manlalaro ng Football



*"Mahalin bawat tao; sabi ni Cristo"* (Aklat ng mga Awit Pambata, *39*).

**Ni Angie Bergstrom Miller**
Batay sa tunay na buhay

Itinikom ko ang aking mga kamao, kinagat ko ang labi ko, at sinipa ang bolang papunta sa akin. Pagkatapos ay napangiwi ako nang makita ko itong lumampas sa halip na pumasok sa goal.

Matagal nang nakatayo sa may bakod ang isang batang babaeng nagngangalang Nan at pinanonood ang aming laro. Tumakbo siya para damputin ang bola, at nadapa dahil sa sobrang tuwa. Nagtawanan ang lahat. Walang nagpasalamat sa kanya nang ibato niya sa amin pabalik ang bola.

Nakonsiyensya ako. Alam kong gustong maglaro ni Nan, ngunit ayaw kong ako ang magyaya sa kanya.

Si Nan ay tahimik, magulo ang brown niyang buhok, makapal ang salamin, at ipit ang boses. Wala siyang kaibigan sa buong klase namin. Hindi naman sa hindi ko siya gusto. Hindi ko pa lang siya nakausap kahit kailan.

Sa hapong iyon ibinalita ng teacher namin na ililipat-lipat niya ang aming mga mesa. Babaguhin niya ang ayos ng pagkakaupo.

Umingay ang buong silid dahil sa pananabik. Nagngitian kami ng matalik kong kaibigang si LeAnna.

Noon naman humilig sa akin si Caroline. "Narinig kong sinabi ni Nan kay Mrs. Martin na gusto niyang tumabi sa iyo. Ha!"


Natulala ako. "Bakit ako?" naisip ko. Hindi ko naman kagalit si Nan, pero hindi ko rin siya kaibigan.

"Sabihin mo kay teacher ayaw mo siyang makatabi," bulong ni Caroline. "Kasi wala nang magkakagustong tumabi sa iyo."

Tiningnan ko si Nan. Nakayuko ang kanyang ulo. Baka alam na niya ang iniisip ng lahat sa silid.

Pinalapit ako ni Mrs. Martin sa kanyang mesa. Alam kong si Nan ay anak ng Diyos at sinabi ni Jesus na mahalin ang lahat ng tao. Pero

PAGLALARAWAN NI BRAD CLARK



"Maghahanap ako ng mabubuting kaibigan at magiging mabait ako sa iba."

**Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo**

kung makikipagkaibigan ako kay Nan, iisipin ng lahat na may diperensya ako.

"Sino ang gusto mong makatabi sa upuan?" tanong sa akin ni Mrs. Martin.

"Si LeAnna po," sabi ko. Ang bilis kong sumagot.

Ngumiti si Mrs. Martin. "Gugustuhin mo bang makatabi rin si Nan?"

Tumingin ako sa sahig at bumulong na, "Huwag na lang po sana."

Mukhang nagulat si Mrs. Martin. "Sigurado ka, Angie?"

"Opo," bulong ko.

Kinabukasan ay muling inayos ang aming mga mesa. Naupo ako sa tabi ni LeAnna. Nasa kabilang panig ng silid si Nan. Inilayo ng dalawang batang babaeng katabi niya ang kanilang mesa kaya mukhang wala siyang katabi. Parang iiyak na siya.

Makalipas ang ilang linggo lumipat si Nan sa ibang paaralan. Isang batang babae sa ward ko ang nagaaral sa paaralang iyon, at tinanong ko siya kung may nakilala siyang bagong lipat na nagngangalang Nan.

"Parang mayroon nga. Ano ang hitsura niya?" tanong niya.


"Hmm, tahimik lang siya. Magulo ang buhok niya, at makapal ang salamin niya. Walang may gusto sa kanya sa klase ko."

"Talaga?" Baka ibang bata iyon," sabi niya. "Ang bagong lipat na batang kakilala ko ay masayang kasama. Gustung-gusto siya ng lahat. Magaling siyang maglaro ng football."

Naisip ko noong araw na nanood si Nan habang naglalaro kami ng football. Kailangan lang pala niya ng pagkakataon at ng isang kaibigan. At naibigay ko sana ang dalawang iyon sa kanya.

Nang araw na iyon nangako ako sa sarili na lagi akong magiging mabait sa lahat at hindi ko na hahayaang makalagpas sa buhay ko ang isang batang katulad ni Nan nang hindi ko sinusubukang kaibiganin siya. ■

# **Ang Ating** Pahina


Nastya L., edad 12, Ukraine


Tina M., edad 10, Congo

### PAANO KA NAPALIGAYA NG PAGSUNOD SA PROPETA?

Sabihin mo sa amin kung paano ka napaligaya ng pagsunod sa mga turo ni Pangulong Thomas S. Monson. (Maaari mong basahin o pakinggan ang pinakahuli niyang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa *Liahona* ng Nobyembre 2011 o sa conference.lds.org.) Ipadala ang iyong sagot sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit Material") o i-e-mail ang iyong sagot sa liahona@ldschurch.org, na nakasulat ang "Follow the Prophet" sa subject line. Mangyaring isama ang iyong buong pangalan, edad, bansang tinitirhan, at pahintulot ng magulang.



### PINAG-ALAB NG ESPIRITU ANG AKING PUSO

Gustung-gusto kong nagsisimba. Nadarama ko roon ang Espiritu. Isang araw sa Primary pinag-usapan namin ang mga makabagong propeta. Kalaunan ay pinanood ko ang pelikulang *Pamana* sa bahay, at nagustuhan ko ang kuwento ni Propetang Joseph Smith. Habang pinanonood ko ang tagpo na ibinalita ng isang lalaki ang pagkamatay ng Propeta, nalungkot talaga ako. At pinag-alab ng Espiritu ang aking puso, at nadama ko na talagang propeta ng Diyos si Joseph Smith at ibinalik niya ang totoong Simbahan.

Noong Enero nasa templo ako sa Guayaquil, Ecuador, kasama ang marami sa aking mga kapamilya. Labis kong nadama ang kapayapaan at kaligayahan kaya't ayaw kong umuwi noong oras na para umuwi.

Alam ko na buhay ang Ama sa Langit at mahal Niya tayo, na si Jesus ang daan para makabalik sa Kanya, at na si Joseph Smith ay isang propeta.

**Aron C., edad 10, Colombia**

### ANG PAGBABAYAD NG IKAPU AY NAGPAPASAYA SA AKIN

Tinutulungan ko si Itay sa paglilinis ng bahay namin, at tumatanggap ako ng pera buwan-buwan sa pagtulong. Sa halip na ubusin ko ang pera ko, itinatabi ko ang 10 porsiyento para sa ikapu at ibinibigay ito sa bishop. Maganda ang pakiramdam ko matapos kong bayaran ng aking ikapu dahil alam kong ang pera ay mapupunta sa pangangalaga ng chapel at sa pagbili ng mga aklat at marami pa ibang bagay. Alam kong si Jesucristo ang nagbigay sa atin ng lahat ng bagay, at kapag nagbabayad tayo ng ikapu, ibinabalik natin ito sa Kanya. Masaya ako kapag nagbabayad ako ng aking ikapu.

**Nicholas P., edad 5, Brazil**


***Gustung-gusto kong magpunta sa templo, at sabik na akong maging 12 taong gulang para matanggap ko ang priesthood at makapunta sa templo para magsagawa ng mga binyag para sa mga patay.***

**Humberto V., edad 11, Mexico**





# PILIIN ang Liwanag



**Ni Elder Gerrit W. Gong**
Ng Pitumpu

*"Kung ang inyong mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, ang inyong buong katawan ay mapupuno ng liwanag, at walang magiging kadiliman sa inyo" (D at T 88:67).*

Noong bata pa ako, kung minsan ay takot ako sa dilim. Madalas akong makarinig ng kakaibang mga tunog sa gabi. Bago ako mahiga, ikinakandado ko ang lahat ng pinto at sinisilip ang ilalim ng aking kama. Tinitingnan ko rin ang kabinet ko. Hindi ko tiyak kung ano ang kinatatakutan ko, pero kung minsan ay natatakot pa rin ako.

Nang matuto akong magdasal, nakadama ako ng malaking kapanatagan at kapayapaan. Napansin ko na nakadama ako ng liwanag, at alam kong magiging ligtas ako at maaayos ang lahat.

Isa sa mga alaala ko noong bata pa ako ang may kinalaman din sa liwanag. Noong bata pa ako, ibinuklod kami ng kapatid kong lalaki sa aming ina at ama sa Salt Lake Temple. Naaalala ko ang aking pamilya at iba pa na nakadamit ng puti, ang malaking liwanag sa templo, at ang kapayapaang nadama ko sa araw na iyon.

Kahit alaala na lamang ng nakaraan ang mga ito, naaalala ko kung ano ang pakiramdam ng matakot sa dilim at ang kagalakang nadama ko sa liwanag ng templo. Kapag hinangad nating ipamuhay ang ebanghelyo, napupuspos tayo ng liwanag, at walang kadiliman sa atin. Ang liwanag at pananampalataya ay hindi maaaring magsabay sa kadiliman at takot. Kapag napuspos tayo ng liwanag, maligaya tayo at payapa at ligtas. Sana ay lagi nating piliin ang liwanag. ■

PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD

**Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito upang marami pang matutuhan tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.**

# Itinuturo sa Akin ng **mga Buhay na Propeta** na Piliin ang Tama

Pinanood ni Cristina si Pangulong Thomas S. Monson sa screen sa kanyang stake center noong pangkalahatang kumperensya. Nagsasalita ito tungkol sa pagiging mabait sa iba. Maganda ang pakiramdam ni Cristina habang nakikinig siya. Alam niyang si Pangulong Monson ay propeta ng Diyos. Naisip niya si Leah, ang bata sa paaralan na masungit sa kanya. Naisip niya na magiging mabait siya kay Leah at sisikapin niyang kaibiganin ito. Gusto ni Cristina na sundin ang mga turo ng propeta.

Bago ipinako sa krus si Jesucristo, tinawag Niya si Apostol Pedro para mamuno sa Kanyang Simbahan. Tumanggap ng paghahayag si Pedro para sa Simbahan at inakay niya ang mga tao ni Cristo sa tamang landas.


Ngayon, pinamumunuan ni Pangulong Thomas S. Monson ang Simbahan, gaya ng ginawa ni Pedro noon.


Makinig na mabuti kapag nagsasalita ang propeta. Ang kanyang mga turo ay makakatulong sa mga problema at hamong kinakaharap ninyo. Lagi niya kayong aakayin sa tamang landas, at pagpapalain kayo kapag sumunod kayo sa kanya. ■

## LARONG PAT: PAGKILALA SA MGA LIDER NG ATING SIMBAHAN

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay pinamumunuan ng 15 buhay na propeta. Ang Pangulo ng Simbahan, ang dalawa niyang tagapayo sa Unang Panguluhan, at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay pawang mga propeta. Maitutugma ba ninyo ang mga larawan ng Unang Panguluhan at ng Labindalawang Apostol sa kanilang mga pangalan? Gupitin ang podium na nasa pahina 65 at ang mga larawan sa ibaba at idikit ang mga ito sa makapal na papel. Gupitin ang mga hiwa sa mga upuan kung saan makikita ang mga ito at ilagay ang mga General Authority sa kanilang tamang upuan.

Kapag nanood ka ng pangkalahatang kumperensya at nagsalita ang isa sa kalalakihang ito, maaari mong ilipat ang kanyang larawan sa podium mula sa kanyang upuan.












## IKAW LANG

Maaari kang gumawa ng kuwadrong paglalagyan ng larawan ni Pangulong Thomas S. Monson. Gupitin ang larawan, kuwadro, at likod ng kuwadro. Idikit ang mga ito sa makapal na papel. Itupi at gupitin na sinusundan ang mga linya sa likod ng kuwadro. Idikit ang mga gilid at ibaba ng kuwadro sa likod ng kuwadro. Ipasok ang larawan ni Pangulong Monson.










MGA PAGLALARAWAN NI THOMAS S. CHILD

# Magpasiya NGAYON MISMO



Ni Pangulong
Thomas S. Monson




Labis akong nagpapasalamat sa mapagmahal na Ama sa Langit sa Kanyang kaloob na kalayaan, o ang karapatang pumili. Bawat isa sa atin ay naparito sa mundo na taglay ang lahat ng kasangkapang kailangan upang makagawa ng mga tamang pagpili. Sinabi sa atin ng propetang si Mormon, "Ang espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama" (Moroni 7:16).

Tayo ay naliligiran ng mga mensahe ng kalaban: "Wala namang masama kung ngayon lang." "Huwag kang mag-alala; walang makakaalam." Lagi tayong nahaharap sa mga desisyon. Para magawa ito nang buong talino, lakas ng loob ang kailangan—lakas ng loob na magsabi ng hindi, lakas ng loob na magsabi ng oo. Mga desisyon talaga ang nagpapasiya ng tadhana.

Ibabahagi ko sa inyo ang isang halimbawa ni Brother Clayton M. Christensen, miyembro ng Simbahan na propesor sa Harvard University.

Noong siya ay 16 na taong gulang, ipinasiya ni Brother Christensen na hindi siya lalahok sa isports tuwing Linggo. Ilang taon pagkaraan, nang mag-aral siya sa Oxford University sa England, siya ang center sa basketball team. Sa taong iyon wala silang talo at nakasama silang maglaro sa kampeonato.

Madali silang nagwagi sa mga laro, kaya't nakasali sila sa finals. Tiningnan ni Brother Christensen ang iskedyul at nakita niyang nakaiskedyul ang huling laro sa araw ng Linggo. Inilapit niya sa kanyang coach ang kanyang sitwasyon. Sinabi ng coach ni Brother Christensen na inaasahan niya itong maglaro sa araw na iyon.

Pumasok si Brother Christensen sa kanyang silid sa hotel. Lumuhod siya. Itinanong niya sa kanyang Ama sa Langit kung maaari siyang maglaro, kahit ngayon lang, sa araw ng Linggo. Sinabi niya na bago siya natapos magdasal, tumanggap siya ng sagot: "Clayton, ano ba iyang itinatanong mo? Alam mo na ang sagot."

Pumunta siya sa coach niya para humingi ng paumanhin na hindi siya makakalaro sa huling laro nila. Pagkatapos ay dumalo siya sa mga pulong sa araw ng Linggo.

Natutuhan ni Brother Christensen na mas madaling sundin ang mga utos nang 100 porsiyento kaysa 98 porsyento lang ng pagkakataon.

Nakikiusap ako na magpasiya na kayo ngayon mismo na huwag lumihis sa landas na hahantong sa ating mithiin: ang buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2010.*

MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD




## OO O HINDI?

Sabi ni Pangulong Monson kailangan ng lakas ng loob na magsabi ng oo sa mabubuting pagpili at hindi sa masasamang pagpili. Sa bawat sitwasyon sa itaas isulat ang *oo* o *hindi* para magpakita ng matapang na sagot.

## 100 PORSIYENTONG PUZZLE


Sinabi ni Pangulong Monson na mas madaling piliin ang tama nang 100 porsiyento sa lahat ng oras sa halip na piliin ang tama nang paminsan-minsan lang. Punan ng mga bilang para bawat hanay ay magsuma-total ng 100. Bawat nawawalang bilang ay maaaring magtapos sa 0 o 5.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 45 | 5 | | 20 |
| 10 | | 15 | |
| 30 | | 25 | 5 |
| | 20 | 30 | |

*"Katapatan sisimulan sa wika, at sa gawa"* (Children's Songbook, *149*).

# Natutong Maging Matapat si Abu

**Ni Ann P. Smith**
Batay sa tunay na buhay



Nakaupo si Abu sa labas habang minamasdan ang mga taong nagdaraan sa kalye sa harap ng kanyang tahanan. Gutom na gutom na si Abu. Si Marian, ang babaeng nagtitinda ng matatamis na biskwit, ay malapit sa kanya, paroo't parito sa kalye. Parang masarap ang mga biskwit na nakabalot sa makukulay na papel. Sunung-sunong ni Marian ang mga ito. Talagang gusto ni Abu ng isang balot ng mga biskwit na iyon. Alam niyang napakasarap ng mga iyon.

Tumigil si Marian at inilapag ang mga biskwit sa tapat mismo ni Abu.

"Alam niyang gutom ako at inilapag niya ang mga biskwit para sa akin!" naisip niya. Mabilis niyang dinampot ang isang balot ng mga biskwit.

Noon siya nakita ng kanyang itay. "Abu, ano 'yang hawak mo?" tanong nito.

"Papa, gutom na gutom na po ako! Gusto ko po ng kaunting biskwit," sabi ni Abu.

Magiliw na kinarga ni Papa si Abu. "Abu, gusto kong makakain ka ng ilang biskwit," sabi nito. "Pero hindi ka puwedeng kumuha ng mga bagay mula sa ibang tao nang hindi nagsasabi o binabayaran ito. Tinanong mo ba si Marian kung puwede kang kumuha ng mga biskwit niya?"


"Hindi po," sagot ni Abu, na nakatingin sa lupa.

"Ibalik natin kay Marian itong malaking balot ng mga biskwit, at ibibili kita ng maliit na balot. Gusto kong matuto kang maging matapat. Alam mo ba ang ibig sabihin nito?"


"Sabihin n'yo po sa akin, Papa," sabi ni Abu.

"Ibig sabihin nito ay gawin ang tama," sabi ni Papa. "Ibig sabihin ay bayaran ang mga bagay sa halip na nakawin. Ibig sabihin nito ay magsabi ng totoo sa halip na magsinungaling. Ibig sabihin ay gawin mo ang sinabi mong gagawin mo. Kaya't babayaran natin si Marian para sa isang balot ng kanyang mga biskwit. Kailangan ni Marian ang pera para maibili ng pagkain ang kanyang mga anak. Mahal kita, Abu, at mahal ka rin ng Ama sa Langit. At maligaya Siya kapag ginagawa mo ang tama."

"Mahal ko rin po kayo, Papa," sabi ni Abu. "Gusto ko pong maging matapat palagi." ■



PAGLALARAWAN NI DON SEEGMILLER




**Ang mga propeta at apostol ng Diyos ay nagsasalita sa atin sa pangkalahatang kumperensya.**

"Matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos" (Alma 37:35).

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

# Känna den Helige Anden

**Chad E. Phares**
Baserad på en sann berättelse

*”Genom den Helige Andens kraft kan ni få veta sanningen om allting” (Moroni 10:5).*










**Tips till föräldrar:** Prata med dina barn om hur de kan känna den Helige Andens inflytande. Fråga dem hur det känns när de väljer det rätta och gör sådant som inbjuder den Helige Andens närvaro.

ILLUSTRATIONER SCOTT PECK


## PAG-ANYAYA SA ESPIRITU

**Ni Hilary Watkins Lemon**

Marami kang magagawa para maanyayahan ang Espiritu Santo na samahan ka. Ipinakikita ng mga larawan sa ibaba ang apat na ideya. Pumili ng isang ideya at pagsumikapang gawin ito. Pagkatapos ay sabihin sa isang tao kung ano ang nadama mo habang ginagawa mo ito. Kulayan ang larawan para sa ideyang iyon at pagkatapos ay subukan ang susunod na ideya.



1. Pagbabahagi



2. Pagdarasal




3. Pagtulong



4. Pagkanta

KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK



## SUNDIN ANG PROPETA

Alam ng mga batang ito na mahalagang pakinggan at sundin ang propeta. Ano ang ilang paraan para masunod mo ang propeta?

Tingnan kung mahahanap mo ang mga bagay na ito sa larawang ito: Lapis, pinsel, teddy bear, tinidor, aklat, baseball, toaster, pretzel, bat, susi, kotse, bangka, sepilyo, carrot, at saging.

KANAN: PAGLALARAWAN NI SCOTT JARRARD

# Mga Balita sa Simbahan

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Nakatutulong ang Pondo sa mga Miyembro sa Iba't Ibang Panig ng Mundo na Matanggap ang mga Pagpapala ng Templo

**Ni Heather Whittle Wrigley**
Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Magmula nang makapasok siya sa Manila Philippines Temple noong Hulyo 2001, bago siya umalis para magmisyon sa Singapore, alam ni Riaz Gill ng Pakistan na gusto niyang bumalik sa templo upang magkaroon siya ng pamilyang walang hanggan.

Noong 2007, ang kanyang asawang si Farah ay nabinyagan, ngunit kapos sila sa pera at hindi nila alam kung kailan sila makapupunta sa templo, na mahigit 3,500 milya (5,700 km) ang layo. Sa pagsilang ng kanilang anak na si Ammon Phinehas noong 2009, mas tumindi ang hangarin nilang mabuklod sa templo, at bago matapos ang 2010, sa tulong ng Temple Patron Assistance Fund ng Simbahan, nasagot ang kanilang mga panalangin.

"Ang pagpunta sa templo kasama ang aking pamilya ay nakatulong sa akin na magkaroon ng mas malakas na patotoo," sabi ni Brother Gill. "Pagkatapos naming magpunta sa templo, para bang marami pa akong maibibigay sa Panginoon. . . . Ang pagpunta sa templo ay napakaganda at nagpapatibay ng pananampalataya, hindi ito kayang mailarawan sa salita."

Habang naroon, naisagawa rin ni Brother Gill ang mga ordenansa para sa kanyang ama, lolo, at biyenang lalake, na mga yumao na. Ipinagawa rin niya ang ordenansa para sa kanyang ina, at siya ay nabuklod sa kanyang mga magulang.

"Napakalaking pribilehiyo sa amin ng pamilya ko ang pagpunta sa templo," sabi niya. "Pinasasalamatan at ipinagdarasal ko lalo na ang mga lider na tumulong para makapunta kami sa templo."

Magmula noong 1992 ang pondo, na 100 porsiyentong mula sa kontribusyon ng mga miyembro, ay tumutulong para makapunta sa templo sa unang pagkakataon ang mga miyembrong naninirahan sa labas ng Estados Unidos at Canada na hindi kayang makapunta roon. Isinusulat lamang ng mga miyembrong gustong magbigay ng donasyon sa pondo ang "Temple Patron Fund" sa bahaging "Other" ng contribution slip. Makapagbibigay rin ng donasyon ang mga indibiduwal sa pamamagitan ng LDS Philanthropies.

Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2011, hinikayat ni Pangulong Thomas S. Monson ang mga miyembro na magbigay ng donasyon sa General Temple Patron Assistance Fund na nagsasabing, "May mga lugar pa rin na napakalalayo ng mga templo sa mga miyembro kaya't hindi nila kayang matustusan ang pagpunta sa mga ito. Dahil diyan hindi nila makamit ang sagrado at walang hanggang pagpapala ng templo" ("Sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona* at *Ensign,* Nob. 2011, 4–5).

"Ang layunin ng pondong ito ay tulungan ang mga nasa iba't ibang panig ng mundo na hirap makapunta sa templo," sabi ni Elder William R. Walker, Executive Director ng Temple Department. "Ang minsanang pagbibigay ng panustos ay

***Si Riaz Gill, ang kanyang asawang si Farah, at anak na si Ammon Phinehas, ay nakapunta sa Manila Philippines Temple at nabuklod bilang pamilya noong 2010, salamat sa General Temple Patron Assistance Fund ng Simbahan.***



LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI RIAZ GILL

tutulong sa isang tao na matanggap ang mga ordenansa para sa kanyang sarili."

Ilan sa maraming humihingi ng tulong, sabi ni Elder Walker, ay mula sa Africa, sa Pacific, at Asia. Ang mga stake president at mission president ang nagrerekomenda sa kanilang Area Presidency, na siyang nangangasiwa sa pondo ayon sa bansang sakop nila.

Noong 2009 at 2010, tinatayang 4,000 mga miyembro ang nakagamit sa pondo para makapunta sa templo para sa una—at maaaring huling—pagkakataon.

Sinabi ni Elder Walker na upang mapagpala hangga't maaari ang mas maraming tao, sila ay "naghahanap ng templo kung saan makatitipid sila sa pamasahe sa pagpunta roon. Ibig sabihin hindi palaging nakabatay sa lapit o kung nasa lugar nila o hindi ang templo."

Bawat miyembrong gumagamit ng pondo ay inaasahang magsasakripisyo o magbibigay ng kontribusyon.

"Sa ilang lugar ang pagkuha lamang ng pasaporte ay napakamahal at napakahirap," sabi ni Elder Walker. "Kaya sa ilang lugar, kung saan kailangang umalis sa kanilang bansa ang mga miyembro para makapunta sa templo, kailangang sila ang gumastos sa pasaporte para magamit ang pondo. Sa ilang bansa, ito ay takdang halaga ng pera lamang. Sa ilan ay tila hindi ito gaanong malaki, ngunit para sa kanila maaaring ito na ang lahat ng maiimpok nila sa loob ng anim na buwan."

Sinabi ni Elder Walker na ang mga nagbibigay ng kontribusyon para sa mithiing ito ay karaniwang mas napahahalagahan ito. "Halos sa bawat pagkakataon ginagawa ng mga tao ang kanilang makakaya upang makapag-ambag at lalo silang pinagpapala, at pinahahalagahan nila ito," sabi niya.

Bukod sa pagtulong na makapunta ang mga tao sa templo, ginagamit din ang pondo sa pagbili ng pitong pares na garment para sa bawat miyembro nang sa gayon ay matupad nila ang kanilang mga tipan kapag nakauwi na sila.

Ang pahayag ni Pangulong Monson sa kumperensya ay unang pagkakataong naibalita ng propeta sa pulpito ang tungkol sa pondo. Iyan, kalakip ang lumalaking pangangailangan sa pondo, ay malamang na magparami sa mga donasyon, sabi ni Elder Walker.

"Marami pa ring mga taong sumasapi sa Simbahan, at hindi pa natin gaanong natutugunan ang mga pangangailangan sa maraming lugar," sabi niya. Sa pagbanggit sa payo ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–1995) noong 1994 na dapat may temple recommend ang lahat ng karapat-dapat na miyembro, (tingnan sa "The Great Symbol of Our Membership," *Tambuli,* Nob. 1994, 6; *Ensign,* Okt. 1994, 2), sabi pa niya, "Marami tayong matatapat na miyembro sa Simbahan na may mga current temple recommend pero hindi pa nakapupunta sa templo at walang pagkakataong makapunta sa templo."

Sinabi ni Elder Walker na ang pagbabalita ni Pangulong Monson tungkol sa pondo ay bunga ng kanyang pagmamahal sa mga templo at sa pagmamalasakit niya sa mga Banal na siyang unang makikinabang sa pondo.

"Kapag pumunta kayo sa malalayong lugar na ito, maaawa kayo sa mga tao at madarama ang mga paghihirap nila," sabi ni Elder Walker. "Ang pondong ito ay para sa pagpapala ng maraming tao." ■



© IRI

***Manila Philippines Temple***

© IRI



***Dumadalo ang mga estudyante sa seminary sa Wetterau, Germany.***

# Pinalalakas ng Seminary Program ang mga Estudyante sa Ebanghelyo

**Ni Melissa Merrill**

Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Si Milton Reis ng Portugal ay nagpupunta sa chapel sa kanilang lugar. Si Frazer Cluff ng Tasmania, Australia, ay dumadalo sa bahay at ang kanyang ina ang guro niya. Si Lauren Homer ng Utah, USA, ay tumatawid ng kalsada para dumalo tuwing second period class ng high school tuwing makalawang araw; si Ben Gilbert ng Vermont, USA, ay dumadalo linggu-linggo, bago ang Mutual; at sa Alabama, USA, araw-araw dumadalo si McKenzie Morrill sa pamamagitan ng web conference. Dumadalo si Daun Park ng Korea nang alas-10:00 n.g., at si Jamie Greenwood naman ng New Mexico, USA, ay gumigising nang alas-4:00 n.u. para hindi mahuli sa kanyang klase nang alas-5:15 n.u.

Lahat ng kabataang ito—at halos 370,000 iba pang gaya nila—ay sumusunod sa payo ng propeta na unahin ang seminary sa kanilang buhay.

Ang seminary program, na magdiriwang ng ika-100 anibersaryo sa taong ito, ay isinakatuparan sa iba-ibang paraan sa nakalipas na mga taon, at kahit ngayon kadalasan ay kailangang pakibagayan ang mga pangangailangan ng bawat miyembro at sitwasyon sa lugar. Ngunit sa paglipas ng panahon at sa iba't ibang lugar, isang bagay lang ang hindi nagbabago: ang pag-aaral ng ebanghelyo ay tumutulong sa mga kabataan na mapalakas ang kanilang patotoo sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo.

Nang si Milton Reis, 17, ng Portugal, ay nagsimulang sumali sa seminary, isang maliit na grupo ng mga kabataan ang nagkikita tuwing Sabado dahil marami sa kanila ang kasali sa isports at iba pang mga extracurricular aktibiti na nangangailangan ng pagsasanay at iba pang mga gawain sa araw-araw.

Gayunman, si Milton ngayon ay dumadalo sa seminary sa loob ng linggo—kung minsan bago pumasok sa paaralan at minsan naman ay pagkatapos ng klase. Para kay Milton ito ay nangangahulugan ng maagang paggising, at minsan ay pagpapalampas sa mga pagkakataong makihalubilo sa gabi para lamang makadalo sa klase.

Kahit ganito ang situwasyon, para kay Milton ay hindi sakripisyo ang seminary. "Mas parang pribilehiyo ito," sabi niya. Umaasa si Milton na masusundan niya ang yapak ng kanyang kapatid na babae na kasalukuyang nasa misyon, at seminary ang isa sa mga paraan ng kanyang paghahanda. "Sa kabila ng lahat ng hamong ito, alam kong sulit ito," sabi niya.

Si Dia Lacno, 18, ng Pilipinas, ay nabinyagan sa edad na 14 at nagsimula kaagad dumalo sa seminary pagkatapos niyon. Inasahan niyang tulad din ito ng klase sa eskuwelahan, kung saan mayroon siyang homework, mga lektyur, at hirap na kaakibat nito. Sa halip, sabi niya, "seminary ang nagbibigay sa akin ng lakas upang matapos ko ang lahat ng gawain ko sa paaralan. Sa tuwing dadalo ako sa seminary, nag-iibayo ang lakas ko at panatag ako."

Para mabasa ang mga sakripisyo at tagumpay ng mga estudyante sa seminary sa iba't ibang panig ng mundo, hanapin ang "Seminary Program Anchors Students in the Gospel" sa news.lds.org. ■

*Para mabasa ang tungkol sa fireside ng ika-100 anibersaryo ng seminary kasama si Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na naganap noong Enero 22, bumisita sa news.lds.org.*

## Hinihikayat ng Propeta ang mga Young Adult na Maging Tanglaw

Noong Nobyembre 1, 2011, sa isang debosyonal sa Brigham Young University–Provo, ipinayo ni Pangulong Thomas S. Monson sa mga nakikinig na "maging mabuting halimbawa."

Sa pagbanggit sa sinabi ni Apostol Pablo mula sa Bagong Tipan—"Maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan" (I Kay Timoteo 4:12)—ipinahayag ni Pangulong Monson ang kanyang hangarin na maging ilaw sa sanlibutan ang mga miyembro ng Simbahan.

"Ano ang ilaw?" tanong niya. "Mas gusto ko ang simpleng 'bagay na nagbibigay ng liwanag.' Ang pagpapakita ng halimbawa ng kabutihan . . . ay makatutulong sa pagbibigay ng liwanag sa mundo na tumitindi ang kadiliman."

Tanggap niya na sa nakararami, ang ilaw ay lumalamlam at halos umabot sa puntong maglaho na nang tuluyan. Sinabi niya na nasa atin ang responsibilidad na panatilihing maliwanag ang ating ilaw upang makita at sundan ng iba, at nangangailangan ito ng pananalig natin.

"Nasa bawat isa sa atin ang pasiyang magkaroon ng pananampalataya na mahalaga sa paglakas ng ating espirituwalidad at pagpapaliwanag ng ating ilaw para makita ng iba," sabi niya. "Tandaan na hindi maaaring sabay na magkaroon ng pananampalataya at pag-aalinlangan."

Ilan sa pinakamagagandang paraan upang magkaroon at mapanatili ang pananampalataya, paliwanag ni Pangulong Monson, ay basahin at pagaralan ang mga banal na kasulatan at manalangin nang madalas at palagian.

"Nabasa na ba ninyo ang Aklat ni Mormon? Sinubukan na ba ninyo ang pangako na matatagpuan sa Moroni?" tanong niya. Hinikayat niya ang mga nakikinig na mag-ukol ng oras bawat araw na alamin sa kanilang sarili kung totoo ang Aklat ni Mormon, "sapagkat babaguhin nito ang inyong puso, at babaguhin nito ang inyong buhay," sabi niya.

Sa pagbanggit sa 3 Nephi 12:16—"Hayaan na ang inyong ilaw ay magliwanag sa harapan ng mga taong ito, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit"—ipinaliwanag ni Pangulong Monson na si Cristo ang "'tunay na ilaw, sa makatuwid baga'y ang ilaw na lumiliwanag sa bawa't tao, na pumaparito sa sanglibutan' (Juan 1:9), isang ilaw na 'lumiliwanag sa kadiliman'" (Juan 1:5).

Sinabi niya sa huli: "Walang hangganan ang ating mga pagkakataon na magliwanag. . . . Kapag sinunod natin ang halimbawa ng Tagapagligtas, nasa atin ang pagkakataong maging ilaw, sa buhay ng mga taong nasa paligid natin." ■


© IRI

***Sa kanyang mensaheng ibinigay sa debosyonal sa Brigham Young University–Provo, hinikayat ni Pangulong Monson ang mga miyembro na basahin ang Aklat ni Mormon at alamin ang katotohanan nito para sa kanilang sarili.***

*Para sa karagdagang impormasyon sa huling mga mensahe at pagbisita ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, mangyaring tingnan sa prophets.lds.org at news.lds.org.*



## Nag-impake ng mga Hygiene Kit ang mga Miyembrong Taga Ethiopia

Mahigit 70 miyembro ng Simbahan ang nagtipon sa Meganagna meetinghouse sa Addis Ababa, Ethiopia, noong Oktubre 1, 2011, tinatayang limang oras para magimpake ng 5,000 hygiene kit para sa kanilang mga kababayan na apektado ng tagtuyot ng Horn of Africa.

Ang proyekto ay bahagi ng pagsisikap ng Simbahan na tulungan ang mga taong naninirahan sa mga hangganan ng Ethiopia.

***Tumutulong ang mga miyembro at misyonero sa Addis Ababa, Ethiopia, sa pag-iimpake ng 5,000 mga hygiene kit na ipadadala sa mga kababayan nila na apektado ng tagtuyot ng Horn of Africa.***



LARAWANG KUHA NI SISTER ROBIN O'CROWLEY

# Mayroon nang Bagong Leadership Training Video Library

Bilang interactive supplement sa updated na *Handbook 2: Administering the Church,* ibinalita ng Priesthood Department ng Simbahan ang Leadership Training Library, isang koleksyon ng maiikling training video na nagtatampok sa mga alituntuning itinuro sa manwal. Ang bagong sanggunian ay makukuha na ngayon sa leadershiplibrary.lds.org. Ang mga bahagi ng library ay makukuha sa 11 wika sa taong ito.

# Ipinagdiriwang ng Chile ang 50 Taon ng Gawaing Misyonero

Noong Oktubre 2011, isang linggong ipinagdiwang ng Chile ang ika-50 anibersaryo ng gawaing misyonero ng Simbahan.

Itinaguyod ng Chile Area Presidency ang pagdiriwang at nagsalita sa kaganapan noong Sabado, Oktubre 15, na pinakatampok sa pagdiriwang.

Nagpunta ang 20,000 mga miyembro sa Santa Laura Stadium ng Santiago, kung saan ang mga mensahe, awitin, laro, at sayaw na pangkultura ay nagpagunita sa pagtanggap ng mga taga-Chile sa ebanghelyo at paglago ng Simbahan. ■

## Nagsalita ang mga Lider sa mga Banal na Latino sa Brodkast noong Nobyembre

Nagsalita sina Elder Claudio D. Zivic ng Pitumpu at Elder Gary B. Doxey, Utah South Area Seventy, sa isang debosyonal na isponsor ng Simbahan para sa mga miyembro sa Latin America na may pamagat na "En la luz de Su amor" ("Sa Liwanag ng Kanyang Pagmamahal"), na ginanap noong Linggo, Nobyembre 13, 2011.

Libu-libong miyembro ng Simbahan na wikang Espanyol at Portuges ang gamit at kanilang mga kaibigan ang dumalo sa debosyonal sa Conference Center at sa mga meetinghouse sa North, Central, at South America.

Sa loob ng walong taon ang Simbahan ay nakapaglaan ng taunang mga kaganapang puno ng inspirasyon na nakatuon sa pagdami ng mga Banal na Latino, isang aktibidad na kinapalooban ng mga konsiyertong Pamasko, debosyonal at pagtatanghal. Ang debosyonal noong 2011 ang unang taunang programa na ibinrodkast sa mga meetinghouse sa labas ng Estados Unidos.

## Nakipagkita ang Unang Ginang ng Honduras sa Unang Panguluhan

Ang unang ginang ng Honduras na si Rosa Elena Bonilla de Lobo ay nakipagkita kina Pangulong Thomas S. Monson at Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, noong Martes, Nobyembre 8, 2011, isang pagkikitang tinawag niya na "isang malaking pribilehiyo."

Sa kanyang pagbisita sa headquarters ng Simbahan, naglibot din siya sa Temple Square, Family History Library, Conference Center, Church Humanitarian Center, at Welfare Square.

Ipinaliwanag niya na tumulong ang Simbahan sa nakaraang matinding pagbaha sa Honduras. "Nito lang nakaraang dalawang linggo, nagpadala kayo ng 90,000 tonelada [81,600 tonnes] ng pagkain para sa mga tao na naapektuhan ng ulan at baha, at isa ito sa maraming bagay na inyong ginagawa," sabi niya. "Naniniwala ako na walang hangganan o limitasyon ang Simbahan sa kanilang kakayahan [at] pangakong tulungan ang mga nangangailangan." ■

***Ang unang ginang ng Honduras na si Rosa Elena Bonilla de Lobo ay naglibot sa mga pasilidad ng Simbahan sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Nobyembre 8, 2011.***



© IRI

### Naghahatid Ito ng Matatamis na Salita

Inihahatid ng *Liahona* ang mga salita ng mga propeta sa mga miyembro ng Simbahan na nasa iba't ibang panig ng mundo. Kapag binabasa ko ang *Liahona,* nadarama ko ang Espiritu at nakatatanggap ako ng patnubay. Tumutulong ito sa akin na malaman ang mga bagay na dapat kong gawin. Nagpapasalamat ako sa magasin—binabago nito ang pamumuhay ko sa pamamagitan ng matatamis na salitang inihahatid nito sa akin.

**Mariana da Graça Augusto, Mozambique**

### Mga Mensaheng Nagpapalakas at Nagpapasigla

Gustong-gusto kong basahin ang magasing *Liahona*—lumalakas at sumisigla ang aking patotoo kapag pinagninilayan ko ang mga mensahe ng mga buhay na propeta. Pinatototohanan sa akin ng Espiritu na ang mga mensahe nila ay mga paghahayag at kalooban ng ating Ama sa Langit. Alam ko na tumawag siya ng mga propeta na gagabay sa atin sa panahong ito.

**James Russell Cruz, Philippines**

### Tumulong sa Pagsagip

Naantig ako sa payo ni Pangulong Thomas S. Monson sa lahat ng mga Banal na tumulong sa pagsagip sa mga miyembrong hindi gaanong aktibo. Nadama ko ang impluwensya ng Espiritu Santo dahil sa mensahe ng propeta.

**Guillermo Vasquez Ocampo**

*Mangyaring ipadala ang inyong feedback o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■

## MGA IDEYA PARA SA FAMILY HOME EVENING

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"May Kabutihan Ba Akong Nagawa sa Mundo Ngayon?"** pahina 14: Isiping magsimula sa pagkanta ng "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta" (*Mga Himno,* blg. 15). Basahing magkakasama ang artikulo o piliin ang paborito ninyong bahagi na ipapabasa ninyo. Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung ano ang natutuhan nila tungkol kay Pangulong Thomas S. Monson. Magbigay ng mga lapis at papel para makapagsulat ang lahat ng patotoo tungkol kay Pangulong Monson bilang buhay na propeta. Anyayahan ang mga kapamilya na palakasin ang patotoong ito sa pamamagitan ng taimtim na panalangin. Isiping magtapos sa pagkanta ng "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" (*Mga Himno,* blg. 135).

**"Isang Panawagan para sa mga Indexer sa Buong Mundo,"** pahina 34: Basahin ang artikulo bago magsimula. Sa family home evening, ipaliwanag kung bakit mahalagang bahagi ng family history ang FamilySearch indexing at bakit kailangan pa ng maraming indexer. Kung may computer at Internet access kayo sa bahay, mag-log on sa indexing.familysearch.org. Gawan ng mga account ang mga miyembro ng pamilya na hindi pa nakapag-index at maglaan ng oras sa indexing nang magkasama.

**"Sundin ang Propeta,"** pahina 42: Ibuod ang artikulo para sa inyong pamilya. Maaari ninyong basahin nang sabay-sabay ang huling bahagi ng artikulong, "Pagkatutong Makinig sa Turo ng Propeta." Repasuhin ang mga katagang sinabi ni Elder Bennett na makatutulong sa atin na mahiwatigan ang tagubiling ibinibigay sa atin ng mga propeta. Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na pakinggan ang mga katagang ito sa pangkalahatang kumperensya sa susunod na buwan. Isiping magtapos sa pagpapatotoo ninyo tungkol sa pagsunod sa propeta.

**"Mag-isa Ngunit Hindi Nag-iisa,"** pahina 54: Magsimula sa pagtatanong kung nadama na ba ng mga miyembro ng pamilya na nag-iisa sila sa pagsisikap na ipamuhay ang mga pamantayan ng Panginoon. Paano nila napaglalabanan ang damdaming ito? Ibahagi ang kuwento ni Juan Cabrera. Isiping ipabahagi sa isang tao kung paano niya sinunod ang mga utos kapag hindi sumusunod ang iba at paano siya pinagpala sa pagsunod na iyon.

**"Magpasiya Ngayon Din,"** pahina 66: Matapos basahin ang artikulo, sagutin ang mga tanong nang "Oo o Hindi?" kasama ang inyong mga anak. Pagkatapos ay mag-isip ng iba pang mga sitwasyon na kailangang pumili sa pagitan ng tama at mali at magtanong kung ano ang gagawin nila sa bawat sitwasyon. ■

### Nabigyang Inspirasyon ng Manwal sa Nursery

Ang pinakamagandang family home evening na naalala ko ay nagsimula sa isang aktibidad sa manwal ng nursery. Kasama ang aming maliliit na anak na babae, nilagyan naming mag-asawa ng aksiyon ang isang activity verse. Binasa namin: "Kung napakatangkad mo, kilala at mahal ka ng Ama sa Langit. Kung napakaliit mo, kilala at mahal ka ng Ama sa Langit. Matangkad, Maliit, Matangkad, Maliit, kilala at mahal tayong lahat ng Ama sa Langit." Habang nagbabasa kami, umupo at namaluktot kami o umunat at itinaas ang bisig at itinuro na anuman ang ating hitsura, mahal tayo ng Ama sa Langit. (Tingnan sa *Masdan, ang Inyong mga Musmos* [2008], 9.)

Pagkatapos, kaming mag-asawa kasama ang mga anak namin ay umalis para bumili ng ilang fruit tart, at magkakasama naming kinain ang mga ito. Tuwang-tuwa ang mga bata kaya gusto nilang ulitin ang aktibidad na maliit-at-matangkad nang linggong iyon.

Ang kagandahan ng family home evening ay nasa pag-aangkop nito. Ang family home evening namin ay maiksi at simple para sa maliliit naming mga anak, ngunit sinisikap naming turuan sila ng mga pangunahing alituntunin tulad ng pagmamahal, kabaitan, at pagdarasal nang magkakasama. ■

**Valentina Portolan Simonovich, Italy**

# PAGPAPATULOY AT PAGSULONG

**Ni Michelle Guerra**



Katatapos ko lang dumanas ng sama ng loob sa pakikipagdeyt at nag-uukol ng maraming oras sa kapatid kong babae. Hindi naiwasang humantong kami sa pagkain ng junk food, panonood ng TV, at pag-idlip. Paggising ko mula sa isa sa mga pag-idlip na ito, sinabi ko, "Palagay ko hindi nakakabuti sa atin ang magkasama tayo." Nagtawanan kami, ngunit nang gabing iyon nagpasalamat ako sa Ama sa Langit sa pagkatanto na nakadama ako ng kapanatagan sa kapatid ko at nagdasal ako na mas maunawaan ko pa kung ano ang dapat kong gawin para makapagpatuloy sa buhay ko. Nang sumunod na ilang buwan, nasagot ang panalanging iyon nang unti-unti kong maunawaan nang paisa-isa ang mga konsepto.

Kinabukasan, habang nasa isang pulong ng Relief Society, napansin ko ang isang talata sa banal na kasulatan: "Gagawin niyang payapa ang iba, at dahan-dahan silang aakayin tungo sa mahalay na katiwasayan, na kanilang sasabihin: Mainam ang lahat sa Sion; oo, umuunlad ang Sion, mainam ang lahat. . . . Samakatwid, sa aba niya na pabaya sa Sion!" (2 Nephi 28:21, 24). Lagi kong nababasa ang mga talatang ito noon na naglalarawan sa mga mapagmataas na mukhang sumasamba nang taimtim. Hindi ko itinuring ang sarili ko na pabaya sa Sion sa paggugol ng maraming oras na kasama ang kapatid ko. Ngunit natanto ko na sa halip na hangaring mapaghilom, naghanap ako ng ginhawa. Nagpasiya ako noon na pagsusumikapan kong lisanin ang aking comfort zone.

Nakatulong ang pasiyang iyon, ngunit sa paglisan sa aking comfort zone ay lalo kong nakita ang aking mga kakulangan, kaya lalo kong pinuna ang aking sarili. Nang banggitin ko ang damdaming ito sa isang kaibigan, sinabi niya, "Hindi ba magandang patawarin natin ang ating sarili?" Nakatulong ang kanyang sinabi para hangarin kong mas patawarin ang aking sarili sa aking mga pagkukulang—nang hindi nagiging kampanteng tulad ng mga "pabaya sa Sion."

*Nagdasal ako para maunawaan ko kung paano pagalingin ang pusong nasaktan. Unti-unti kong nakita na isa pang uri ng pusong sugatan ang sagot.*


Isang araw tumimo sa akin ang Mormon 2:13–14: "Ang kanilang kalungkutan ay hindi tungo sa pagsisisi, dahil sa kabutihan ng Diyos; kundi ito ang kalungkutan ng mga isinumpa, dahil sa hindi sila laging pahihintulutan ng Panginoon na lumigaya sa kasalanan. At hindi sila lumapit kay Jesus nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu." Naunawaan ko na ang nadama kong kabiguan ay sagabal sa aking pag-unlad, at naisip ko kung ano ang akmang kalungkutan. Sa Sunday School ko natagpuan ang kasagutan.

Gumuhit ng linya sa blackboard ang teacher namin, at sinulatan ng, "Masyadong malupit sa ating sarili" ang isang dulo at ng, "Magsikain, magsiinom, at magsipagsaya" ang kabilang dulo. Pinag-usapan namin na iwasang gawin ang anuman dito. Inisip ko kung anong mga salita ang ilalagay sa gitna ng linya, at ginabayan ng Espiritu ang aking isipan sa katagang "bagbag na puso at nagsisising espiritu." Para sa akin ang tendensiya na maging masyadong malupit sa sarili ay maaaring ilarawan bilang nagsisising espiritu—na tumatanggap ng tulong ng Panginoon, at nagpapasalamat sa Kanyang awa. Ang lunas sa pagiging pabaya sa Sion ay maaaring tawaging bagbag na puso—yaong nahikayat na magbago at gumaling.

Itinuro ng Tagapagligtas, "Mag-aalay kayo bilang pinakahain sa akin ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu" (3 Nephi 9:20). Nagpapasalamat akong malaman na sa paghingi ko ng tulong sa Panginoon na maiwasang maging pabaya sa Sion at maiwasang husgahan nang marahas ang aking sarili, nag-aalay ako sa Kanya ng katanggap-tanggap na sakripisyo—isang sakripisyong tumutulong sa akin na magpatuloy sa aking buhay. ■

PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

Sa taong ito maraming isyu ng *Liahona* ang maglalaman ng isang set ng mga larawang may kaugnayan sa Aklat ni Mormon. Para tumibay at madaling gamitin ang mga ito, gupitin at idikit o iteyp ang mga ito sa makapal na papel, maliit na sako, o mga patpat. Ilagay ang bawat set sa isang envelope o supot, at isulat dito kung saan matatagpuan sa banal na kasulatan ang kuwentong may kaugnayan sa mga larawan.



Abinadi



Alma



Si Haring Noe at ang kanyang mga saserdote

**Abinadi at Haring Noe**
Mosias 11–17

MGA PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER



Kung ang isang organisasyon, sabi nga ni Pangulong Thomas S. Monson, ay nagpapakita ng layon ng pinuno nito, sa gayon ang naising pasiglahin, hikayatin, ibilang, isali, at sagipin ang iba nang paisa-isa ang utos sa bawat Banal sa mga Huling Araw. Ang paraang ito ng pamumuhay ay naaayon sa halimbawa ng Tagapagligtas, na "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Mga Gawa 10:38). Para malaman ang iba pa tungkol sa ating propeta at sa kanyang kakayahang tumulong sa pagsagip, tingnan sa Heidi S. Swinton, "May Kabutihan Ba Akong Nagawa sa Mundo Ngayon? Mga Karanasan sa Buhay ni Pangulong Thomas S. Monson," pahina 14.

TAGALOG
4 02104 83893 8